Ang Susi sa

# Pag-unawa sa ISLAM

ni
Dr. Abdul-Rahman al-Sheha



# Ang Nilalaman


1. Ano ang Islam? .......... 1
   - Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol sa Islam? .......... 3
   - Ang mga Haligi ng Islam .......... 4
   - Sino ang Sugo ng Islam .......... 5
   - Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol kay Muhammad ﷺ? .......... 6
   - Ang mga Haligi ng Pananampalataya .......... 11
   - Ano ang Banal na Qur'an? .......... 13
   - Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol sa Banal na Qur'an? .......... 14
2. Ang mga Pangunahing Layunin ng Islam .......... 18
3. Ang Kabutihang-asal, Pag-uugali, at Moral sa Islam .......... 19
4. Ang Karapatan sa Islam .......... 20
5. Ano ang Nalalaman Ninyo Tungkol sa... .......... 22
6. Ang Islam at ang Kayamanan .......... 33
7. Ang Islam at ang mga Kababaihan .......... 34
8. Ang Islamikong Pananaw sa Pangangailangang Seksuwal .......... 36
9. Ang Islam at ang mga Di-Muslim .......... 37
10. Ang Islam at Iba pang Banal na Mensahe .......... 38
11. Minamahal ng mga Muslim si Hesus at ang kanyang Ina na si Maria.... 40
12. Ang Islam at ang Pagpupunyagi .......... 41
13. Ang Islam ay ang Pananampalataya ng Kapayapaan .......... 43
14. Ang Islam at ang Lipunan .......... 47
15. Ang Islam at ang Kalinisan .......... 48
16. Ang Islam at ang Kaalaman .......... 50
17. Ang Mabuting Nagawa ng Kabihasnang Islamiko sa Makabagong Agham 52
18. Ang Kahusayan ng Kabihasnang Islamiko .......... 58
19. Mga Paksang Pang-agham sa Ilang Talata ng Banal na Qur'an .......... 59
20. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Simula ng Sandaigdigan .......... 61
21. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Paglawak ng Sansinukob .......... 65
22. Ang Banal na Qur'an tungkol sa mga Bagay sa Kalawakan .......... 67
23. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Tindi ng Hangin (Air Pressure) .......... 70
24. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Kadiliman at ang Dakong Itaas ng Kalawakan 72
25. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Atomo .......... 73
26. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Pagbabago ng Anyo ng Embriyon sa Sinapupunan 74
27. Ano ang Nabanggit sa Banal na Qur'an tungkol sa Karagatan .......... 82
   - Tungkol sa Harang sa Pagitan ng mga Dagat .......... 82
   - Tungkol sa Kadiliman ng Dagat .......... 83
   - Tungkol sa Alon sa Ilalim ng Dagat .......... 84
28. Ang Banal na Qur'an tungkol sa Pagbuo ng Ulap at Ulan .......... 86
29. Ang Banal na Qur'an tungkol sa mga Hayop .......... 91
30. Ang Banal na Qur'an tungkol sa mga Bundok .......... 93
31. Ang Tubig at ang Buhay .......... 95
32. Sino ang mga Nagpapakita ng Pagkapoot sa Islam .......... 96
33. Mga Dakilang Katangian at Karapatan sa Islam .......... 99
34. Ang Pagwawakas .......... 104
35. Paano Maging Isang Muslim .......... 105
36. Mga Sanggunian .......... 106

# PAUNANG SALITA

Habang ang pamamaraan ng buhay na kilala bilang Islam ay nagpapatuloy sa pagiging pinakamataong relihiyon sa mundo – sa kabila ng kinaugaliang pagbawas sa tunay na bilang ng mga Muslim ng mga taga kanlurang estadistika – ang pagkakaroon ng mga mapapakinabangang impormasyon na tumatalakay sa mga pangangailangan ng kapwa mga Muslim at ng iba pang may-nais ay sadyang kulang kung ihahambing sa mabilis ng paglaki ng naturang komunidad. Sa di inaasahan, ang silakbo ng galit makaraang mangyari ang 9/11 na naging sanhi ng mga di pangkaraniwan at malimit na di makatarungang pagkasuklam ng mga taga-kanluran sa kabuuan ng Islam ang siya namang pumukaw sa interes ng higit na nakararaming mapagtanong at matapat na mapag-isip na mga di Muslim sa kanluran. Lalo pang nag-ibayo ang kanilang pagdududa sa mga ulat ng mass media hinggil sa Islamikong “extremists” at “America haters” dahil hindi ito tumutugma sa sarili nilang karanasan sa mga Muslim na kanilang nakakasalamuha sa kanilang pook, sa kanilang mga silid-aralan, o kaya’y sa kanilang mga pinagtatrabahuhan. Dahil dito, sila ay naghahanap ng katotohanan ng relihiyong ito at nagsisikap sa kanilang mga sarili na makahanap ng mga kasagutan sa mga katanungan na maaaring binabalewala sa mga kilalang media, o kaya’y pina-iikot ang mga ito tungo sa hangaring magkaroon ng maling impormasyon. Ang bunga ng ganitong pagpapahayag ay walang-saysay na impormasyon na siya namang gumigising sa mambabasa upang maghangad ng isang makabuluhan at matapat na kasagutan.

Si Abdulrahman al-Sheha, sa kanyang pagbunsod ng isang maikling paglalahad “The Key to Understanding Islam” (Ang Susi sa Pag-unawa sa Islam) ay hindi lamang nagbigay-pansin sa pangangailangang ito, sa halip ay nagpakita rin ng isang kakaibang pagsasaayos na madaling maunawaan ng mambabasa habang ito ay maraming saklaw at matalisik.

Ang Islamikong pagpapanumbalik kasama ng paglaya ng mga Muslim sa mga dayuhang manlulupig noong kalagitnaan ng ika-20 siglo ay hindi nagdanas ng kakulangan ng mga iskolar o kaalaman tungo sa pagpapatatag ng bagong natagpuang kalayaan sa dahilang tangan nila

ang banal na Habag ng Aklat ng Allah at mga tradisyon ng Kanyang Mahal na Propeta. Sa katunayan, ang katalinuhan ng mga naunang pantas na Muslim ay nakatulong sa pagbabagong-tatag sa balangkas na nagsilbing kanlungan ngayon sa pagpapanauli ng mga kilusang Islamiko. Subali't marami, kung hindi man lahat, sa mga paglalahad ng mapapanaligang salaysay hinggil sa Islam ay naisulat sa isang lengguwahe at istilo na kadalasang kawili-wili lamang sa mga Muslim na o yaong sanay na sa mga masisinsin at pandalubhasang paksa. Ang "Susi" ni al-Sheha, sa isang simpleng pagkakasulat na aklat, ay nagbibigay ng malawak na impormasyon na kaagad nagpapakita sa mga di Muslim na naghahanap ng isang malinaw at pinaigsing pag-unawa kung ano ang "OO" at kung ano ang "HINDI" sa Islam, habang nagbibigay ng napakahalaga at napakaayos na talaan ng mga tradisyunal na batayan na tumatalakay sa pananampalataya, pagsamba, at mga usaping panlipunan para sa matuwid na Muslim. Maliwanag na ang paraang ito sa pamamahagi ng mga kinakailangang impormasyon tungkol sa mensahe ng Islam na nagpapatibay sa buhay ay nagpapakita ng isang bago at ganap na kaakit-akit na pagkakataon sa paglalahad hinggil sa Islam habang pinananatili ang di-nagbabagong kadalisayan na mga simulain ng Pananampalataya.

Ang Susi sa Pag-unawa sa Islam ay pinagsama ang katalasan, maalam na pananaw ng iskolar na kalakip ang damdamin ng isang mananaliksik na may kamalayang panlipunan.

Ang bunga ng paglalahad ng may akda ay isang nagbibigay-kabatiran, mga kahanga-hangang salaysay na tumatalakay, halimbawa, sa mga kinakailangan ng pagsamba ng Muslim, at sa mga Islamikong pagpapaliwanag ng mga astropisika, al-Haitham, at Edwin Hubble, na may magkatulad na linaw at katiyakan. Higit sa lahat, pinag-ugnay ang lahat ng mga ito nang may angkop na mga sanggunian mula sa Qur'an, mga tradisyon ng Propeta, o kapuwa. Ang lawak at lalim ng paksang tinalakay ay tunay na kahanga-hanga, at tumatayo bilang isang patunay sa napakalaking talino at talas ng may akda.

Ang Susi sa Pag-unawa sa Islam ni al-Sheha, sa nilalaman at istilo nito, sa kahanga-hangang mahalagang ambag nito sa pandaigdigang pag-uusap hinggil sa relihiyon sa pangkasalukuyang buhay ang naglagay

dito sa mga antas ng mga pinakamahahalagang gawa ng ganitong uri sa larangan ng pagsulat.  Binigyan nito ng bagong anyo ang mga balangkas ng talakayan habang itinatatag ang pinagbuting mga pamamaraan upang liwanagin ang mga Islamikong batayan o pundasyon ng siyensiya at kulturang Europeo. Ito ay isang tunay na orihinal na gawa na inaasahang magbibigay ng impluwensiya sa susunod na henerasyon ng mga iskolar na Muslim na nagnanais magtanim sa linang ng pagpapahayag ng Islam bilang kanilang paggawa sa buhay. Dalangin namin ang malawakang pagtanggap ng masaganang handog na ito; at dalangin namin sa Allah, ang Makapangyarihan sa lahat, ang Nag-iisa, ang Kataas-taasan, na puspusin ang mga Muslim at bigyang-pakinabang ang mga di Muslim ng patnubay at pinakamahusay na kaalaman dito sa mundo, at ang pinakamahusay sa Buhay na Darating.

Puno ng Pananaliksik at Pagpapaunlad para sa
Kapisanan sa Dawah ng mga taga-Canada
Propessor Kamal Hassan Ali, M. Ed., Ed. D.



Westfield State College
Westfield, MA
USA

Ang Allah ay nagwika:

**﴾Sabihin (O mga Muslim): Naniniwala kami sa Diyos at sa ipinahayag sa amin at sa ipinahayag kina Abraham, Ishmael, Isaac, Jacob, at mga Tribo. At (naniniwala kami) sa natanggap nina Moises at Hesus at sa natanggap ng mga Propeta mula sa kanilang Panginoon. Hindi kami nagbibigay pagtatangi sa sinuman sa kanila, at kami ay sumusuko sa Kanya (bilang mga Muslim).﴿**

(**Qur'an** 2:136)

بسم الله الرحمن الرحيم

*Magsisimula ako sa Ngalan ng Allah, Ang Mahabagin, Ang Maawain*

Ang lahat ng papuri ay sa Allah, ang Panginoon[I] ng mga daigdig, nawa'y itampok Niya ang Kanyang Propeta ﷺ, at iligtas siya at ang kanyang pamilya sa anumang masama.

Ang aklat na ito ay ipaliliwanag nang maikli ang huling Banal na Relihiyon[II] na nagpawalang-bisa sa lahat ng mga naunang relihiyon. Ayon sa pinakahuling (survey) pagsusukat sa bilang, ang Islam ay relihiyon ng mahigit sa isang bilyong tagasunod sa buong mundo. May malaking bilang ng tao ang tumatanggap ng Islam bilang kanilang pananampalataya sa kabila ng katotohanang walang sapat na tulong pananalapi at moral na suporta ang mga tagapagpalaganap nito. Sadyang bihirang marinig na may taong tumalikod o lumisan sa Islam matapos niya itong tanggapin.

Bago ninyo basahin ang aklat na ito, nararapat na malaman ninyo na ang Banal na Qur'an ay hindi isang aklat ng agham. Sa Islam, ang kaalaman at ang mga paham ay binibigyan ng mataas na pagpapahalaga at binibigyan ng karangalan sa pamayanang Muslim. Ang Banal na Qur'an ay ang saligang batas na bumabalangkas sa detalye ng pamumuhay ng isang Muslim. Dito'y nababanggit ang pampolitikal, panlipunan, pangkalakalan, pang-moral at iba pang aspeto ng buhay.



---

I Panginoon: Ang aktuwal na salitang ginamit sa Qur'an ay **Rubb**. Walang akmang salita na katumbas nito sa wikang Tagalog. Ang kahulugan ng Rubb ay: Ang Lumikha, ang Tagahubog, ang Tagapanustos, ang Isang Sandigan ng lahat ng mga nilikha sa kanilang pangangailangan, ang Isang Nagbibigay-Buhay at Nagdudulot ng Kamatayan.

II Relihiyon: Ang salitang isinalin bilang relihiyon ay **Deen**. Isang salita sa wikang Arabik na likas na tumutukoy sa isang panuntunan ng buhay, maging pribado man o publiko. Ito ay masaklaw na kataga na nangangahulugan ng mga gawa-ing pagsamba, politikal na pagganap, at isang detalyeng alituntuning pag-uugali kasama na rito ang kalinisan o tuntuning kabutihang-asal.

Ang aking layunin sa aklat na ito ay hindi upang pag-ugnayin ang bawa't makabagong tuklas sa siyensiya sa mga talata ng Banal na Qur'an.

Binanggit ko ang ilang siyentipikong katibayan sa aklat na ito upang liwanagin na may mga talata sa Banal na Qur'an na nagtataglay ng igsaktong impormasyong pang-agham na kailan lamang natuklasan ng makabagong siyensya.



Inaanyayahan ko ang lahat na basahin ang aklat na ito at pag-isipang mabuti ang mga tanda ng Diyos, at magsumikap sa paghahanap ng kaalaman sa tunay na relihiyon ng Allah.

## Ano ang Islam?

Ang kahulugan ng Islam ay ang kusang-loob na pagsuko sa Allah, sa Kanyang Kaisahan (sa Pagka-Diyos) bilang pagsunod sa Kanya, at itakwil ang anumang uri ng pagbibigay sa Kanya ng katambal, karibal at tagapamagitan. Ito ay isang pananampalatayang nagtuturo ng kahinahunan, paggalang sa pananampalataya ng iba, at kagaanan. Winika ng Allah (﴿ :([I]ﷻ**Ang Allah ay naglalayon na gawing magaan ito para sa inyo at hindi Niya ninanais na gawing mahirap ang mga bagay para sa inyo.**﴾ 2:185))

• Ang Islam ay isang relihiyon kung saan ang bawa't isa ay magkakaroon ng pang-espiritwal na kasapatan at may kapanatagan ng puso. Winika ng Allah (﴿ :(ﷻ**Yaong mga naniwala at ang mga puso ay natagpuan ang kapanatagan sa pamamagitan ng pag-alaala sa Allah: Kataotohanan, sa paggunita sa Allah natatagpuan ng mga puso ang katiwasayan.**﴾ 13:28**(**)

• Ang Islam ay relihiyon ng habag at pagkalinga. Ang Sugo ([II]ﷺ) ay nagwika: "Ang Mahabagin – Allah ay nagbibigay ng habag sa mga nagpapakita ng habag. Ibahagi ang inyong awa sa mga nasa kalupaan, at kahahabagan din kayo ng Nag-iisang Diyos na nasa itaas ng mga kalangitan." (Tirmidhi[III])

• Ang Islam ay relihiyon ng pagmamahal at ang pagnanais ng kabutihan para sa iba. Ang Sugo (ﷺ) ay nagsabi: "Ang pinakamamahal na tao para sa Allah ay yaong pinakamapagmahal sa iba." (Tabaraani)

• Ang Islam ay isang relihiyon na walang kalituhan o kalabuan tungkol dito. Ang Allah ay nagwika: ﴿**At hindi Kami nagpadala ng nauna sa iyo maliban sa pinadalhan Namin ng kapahayagan. Kaya tanungin ang mga angkan ng kasulatan kung ito ay hindi ninyo nalalaman**16:43) ﴾)

• Ang Islam ay isang relihiyon para sa lahat, sapagka't ito ay panawagan sa buong sangkatauhan, hindi lamang sa natatanging lahi, tribu o lugar. Ang Allah ay nagwika:

---

I (ﷻ) Ito ay nangangahulugan ng Kaluwalhatian sa Kanya

II (ﷺ) Ito ay nangangahulugan ng Sumakanya nawa ang Kapayapaan at Pagpapala.

III Ang lahat ng pangalan na nasa panaklong sa dulo ng bawa't mga winika ng Propeta ay pangalan ng mga paham na nagtipon ng mga winika ng Propeta mula sa kanyang mga kasama at itinala ang mga ito sa mga aklat.

**﴾At hindi ka Namin isinugo (O Muhammad) maliban sa buong sangkatauhan bilang isang tagapagbigay ng magagandang balita at isang tagapagbabala, subali't karamihan sa tao ay hindi nakababatid (nito).﴿** (34:28)

- Ang Islam ay isang relihiyon na pumapawi sa lahat ng nakaraang kasalanan. Ang Sugo ﷺ ng Allah ay nagwika: "Ang Islam ay pumapawi sa lahat ng (kasalanang) nagawa bago pa ito." (Muslim)

- Ang Islam ay isang lubos at ganap na relihiyon na nagpawalang-bisa sa lahat ng mga naunang kapahayagan, at ito ang huling pananampalataya. Winika ng Allah sa Banal na Qur'an:

**﴾Sa araw na ito, Aking ginawang ganap ang inyong relihiyon para sa inyo, at Aking ginawang lubos ang pagpapala sa inyo at pinili para sa inyo ang Islam bilang inyong relihiyon﴿** (5:3)

Ang Islam ay nagtataglay ng ilang gawaing pagsamba kabilang na rito ang pagbigkas, pagkilos at mga gawaing pagsamba. Ang mga pagganap na ito ay nagsisilbing isang mahalagang gampanin sa paglilinang ng pag-aasal, sa paglilinis ng kaluluwa, sa pagpapabuti ng bawa't isa, sa pagpapanatili ng dangal at sa pagkakaisa ng pamayanang Muslim.



*Ang Pinto ng Ka'bah. Ito ay yari sa purong ginto sa pagbibigay-pitagan sa Ka'bah. Ito ay binubuksan minsan lamang sa isang taon, kapag ito ay hinuhugasan at nililinis bago ang Hajj, at ito ay tinatakpan ng bagong 'Kiswah' (pantakip).*

## Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol sa Islam?



Mababasa sa aklat ni **W. Montgomery Watt** na may pamagat na «What is Islam?» ang mga sumusunod na pangungusap: “Ang maling pagpapalagay at hindi tamang opinyon (prejudice) ay isa sa mga sagabal na dapat harapin ng sinumang mag-aaral mula sa mga bansang Amerika at Europa sa kanilang pag-aaral tungkol sa Islam. Sa sandaling magsimula siyang ipahayag na ang Islam ay ‘ang pananampalataya ng Banal na Qur’an’ o kaya naman ay ‘ang relihiyon ng halos na apatnaraang milyong Muslim sa kasalukuyan’, siya ay nagmumungkahi ng isang kaurian na hindi naaangkop. Ano nga ba ang kahulugan ng relihiyon ngayon sa mga taga-kanluran? Ang kalimitang sagot, para sa mga karaniwang tao, ay nangangahulugan lamang ng paglalaan ng mga ilang oras sa araw ng linggo sa pagganap ng pagsamba na nagbibigay sa kanya ng ilang tulong at lakas sa pagharap ng mga suliranin sa araw-araw na pamumuhay, na naghihikayat sa kanya na maging mabuti sa ibang tao at magpanatili sa mga kinikilalang mga pamantayan ng moralidad. Wala itong kaugnayan sa kalakalan, pulitika at ugnayang pang-industriya. Manapa’y nagpapatatag ito ng kasiyahang-loob sa mga higit na mayayamang tao at nagdudulot ng kayabangan, kahambugan at kapalaluan. Ang mga taga-Europa ay maaaring tingnan ang relihiyon bilang isang pampakalma na binuo ng taong mapagsamantala sa karaniwang tao upang panatilihin sila sa pagkalupig at pagkasakop. Kay layo ng pagkakaunawa ng mga Muslim sa kahulugan ng talata **(3:19): “Ang tunay na Relihiyon para sa Allah ay Islam.”** Ang salitang isinalin bilang relihiyon ay ‘Deen’, kung saan ang kahulugan sa wikang Arabik ay ganap na panuntunan ng buhay. Hindi ito isang pansarili o pribadong bagay na indibidwal na tumutukoy lamang sa hangganan ng kanilang pansariling buhay, bagkus ito ay isang panuntunan na sakop kapwa ang pribado at pampublikong pamumuhay, isang panuntunang laganap sa kabuuan ng pamayanan sa paraang nauunawan ng mga tao. Lahat ng ito ay nasa iisang katuruan o doktrina, mga uri ng pagsamba, pampulitikang pananaw, detalyeng katuruan sa pag-uugali, kasama na rin dito ang mga bagay na itinuturing ng mga taga-Europa bilang tuntuning kalinisan at kabutihang-asal.”[1] (Tingnan ang Sanggunian sa huling mga pahina)

## Ang Mga Haligi ng Islam

Ang pisikal na kilos at pagbigkas ng pagsamba na tinatawag na mga Haligi ng Islam. Ito ay ang mga sumusunod:

### 1 Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya (Shahadatayn):

Ito ay pagpapahayag na **'walang tunay na diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah, at si Muhammad ay Kanyang Sugo at Alipin'.** Ang pagpapahayag na ito ang siyang susi upang ang isang tao ay makapasok sa pananampalatayang Islam at tuluyang maging mabuting Muslim. Ang kahulugan ng unang bahagi ng pagpapahayag, **"walang tunay na diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah",** ay:

1) Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng mga nilalang.
2) Ang Allah ang Nagmamay-ari ng lahat ng mga nilikha at Siya rin ang Namamahala sa lahat ng ito.
3) Ang Allah lamang ang Nag-iisang karapatdapat sambahin.




*Walang tunay na diyos na karapatdapat sambahin maliban sa Allah, at si .Muhammad ay Kanyang Sugo at Alipin*

Ang kahulugan ng ikalawang bahagi ng pagpapahayag, **'Si Muhammad ay Kanyang Sugo at Alipin'** ay kinapapalooban ng mga sumusunod na kahulugan:

1) Ang sumunod sa Propeta ﷺ sa anumang kanyang ipinag-utos..
2) Ang maniwala sa lahat ng kanyang sinabi.
3) Ang umiwas sa anumang kanyang ipinagbabawal.
4) Ang sambahin ang Allah ayon lamang sa pamamaraan ng Propeta ﷺ .

## Sino ang Sugo ng Pananampalatayang Islam?

Siya ay si Abul-Qasim, Muhammad, ang anak ni Abdullah, na anak ni Abdul-Muttalib, na anak ni Hashim. Siya ay kabilang sa tribu ng Arabong Quraish na ang mga ninuno ay mula kay 'Adnaan, isa sa lipi ni Ishmael, ang Propeta ng Allah. Si Ishmael ay anak ni Abraham, na isang Sugo ng Allah.

Si Muhammad ﷺ ay isinilang sa taong 571 C.E. sa isang pinagpipitaganang lungsod ng Makkah. Ang Makkah ay ang sentro ng pananampalataya sa buong kapuluan ng Arabia, na kung saan ay matatagpuan ang Ka'bah, na itinayo ni Abraham at ng kanyang anak na si Ishmael.



Bago pa man siya nakatanggap ng pahayag, siya ay kilala na ng kanyang mamamayan bilang «Ang Mapagtitiwalaan», at ipinagtitiwala sa kanya ang kanilang yaman kung sila ay naglalayong maglakbay. Siya ay kilala rin bilang «Ang Makatotohanan» dahil sa mga katotohanang nakikita nila sa kanya. Hindi siya nagsinungaling o naging mapagmataas. Lagi niyang inaasam ang kabutihan para sa iba.

Tinanggap niya ang unang pahayag (sa Banal na Qur'an) sa gulang na apatnapu, at ipinagbigay alam niya ito sa kanyang asawa na si Khadeejah, kalugdan nawa siya ng Allah. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Katotohanan natatakot ako para sa sarili ko." Sumagot si Khadeejah, "Huwag, sa Ngalan ng Allah! Hindi ka pababayaan ng Allah. Katotohanan, pinanatili mo ang ugnayan sa kamag-anak, binalikat mo ang mga problema ng iba, binahaginan mo ng yaman yaong mga nangangailangan nito, tinanggap mo at pinakain ang iyong mga panauhin, at tumulong ka sa panahon ng kalamidad" (Bukhari)

Nanatili siya sa Makkah sa loob ng labintatlong taon, nanawagan siya sa mga tao na sumampalataya lamang sa Nag-iisang Diyos – ang Allah.

Pagkatapos siya ay nangibang-bayan sa Madina at inanyayahan sa Islam ang mga naninirahan doon, na tinanggap naman nila. Muli siyang nagbalik at sinakop ang Makkah walong taon matapos ang kanyang pag-alis mula rito. Siya ay namatay sa edad na animnapu't tatlo pagkatapos na maipahayag sa kanya ang kabuuan ng Banal na Qur'an. Ang lahat ng batas ng relihiyon ay napagtibay at nakumpleto at karamihan sa mga nasyon ng Arabo ay tinanggap ang pananampalatayang Islam.

## Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol kay Muhammad ﷺ?

Si **George Bernard Shaw** sa aklat na *«The Genuine Islam»* ay nagsabi: "Lagi kong inilalagay ang relihiyon ni Muhammad ﷺ sa mataas na pagpapahalaga dahil sa naiiba nitong kahanga-hangang lakas. Ito lamang ang nag-iisang relihiyon na nagpapakita ng kakayahang tumugon sa nagbabagong kalagayan ng buhay na siya namang kaakit-akit sa bawa't panahon. Hinulaan ko ang pananampalataya ni Muhammad ﷺ na ito ay magiging katanggap-tangap bukas dahil ito ay nagsisimula nang maging katanggap-tanggap para sa mga taga-Europa sa ngayon. Ang makalumang kaparian, dulot ng kamangmangan o pagkapanatiko, ay inilarawan ang *Mohammedanismo* sa pinakamadilim na kulay. Sa katunayan, sila ay hinubog at sinanay upang magalit sa taong si Muhammad ﷺ at sa kanyang dalang relihiyon. Para sa kanila, si Muhammad ﷺ ay isang anti-Kristo. Ako ay nagsiliksik hinggil kay Muhammad ﷺ, isang kahanga-hangang tao, at sa aking pananaw ay malayo siya sa pagiging isang anti-Kristo. Bagkus siya ay dapat tawaging Tagapagligtas ng Sangkatauhan."[2]

Si **Annie Besant**[3] sa *«The Life and Teachings of Mohammad»*, ay nagsabi: "Imposible sa sinumang nag-aaral hinggil sa talambuhay at pag-uugali ng dakilang Propeta ng Arabia (Muhammad ﷺ), na nalaman kung paano siya nagturo at namuhay, na makadama siya ng anupaman maliban sa paggalang sa dakilang Propeta ﷺ – isa sa mga dakilang Sugo ng Kataas-taasan – ang Allah. At bagama't maaaring nababatid na ng marami kung ano ang ilalahad ko sa inyo, ako mismo ay nakadarama ng bagong paghanga kahit paulit-ulit kong basahin ito – isang bagong damdaming paghanga sa dakilang guro ng Arabia"

## 2 Ang Pagdarasal (Salah):

Ang Pagdarasal ay isang paraan kung saan ang isang alipin ay pinananatili ang kanyang sarili sa pakikipag-ugnayan sa kanyang Panginoon. Sa pamamagitan nito ay naitutuon niya ang kanyang sarili sa pakikipag-usap sa kanyang Panginoon, nagsusumamo sa paghingi ng kapatawaran, humihingi ng tulong at gabay sa buhay. May limang itinakdang pagdarasal na kailangang isakatuparan araw-araw. Ang mga kalalakihan ay kinakailangang gampanan ito sa *Masjid* (Mosque) kasama ang kongregasyon, maliban lamang sa mga may sapat na kadahilanan upang hindi maisagawa ito. Sa pamamagitan nito'y nagkaka-kilakilanlan ang bawa't Muslim, nagkakaroon ng pag-uugnayan, nagmamahalan at nagkakaisa na siyang namang nagbubuklod sa kanila upang maging malakas at mapanatili ang katatagan. Nalalaman nila ang mga pangangailangan ng kapatid na Muslim sa pang-araw-araw na pagkikita.



*Ang malaking bilang ng mga taong nagpapatirapa sa pagdarasal sa Allah, ang Kataas-taasan, sa kakaibang ayos, kung saan ay malinaw na ipinakikita ang kanilang kababaang-loob at pagsuko sa Nag-Iisang Diyos – Allah.*

Kung ang isa ay wala sa kongregasyon (ng itinakdang pagdarasal) dahil sa siya ay may karamdaman, siya ay dinadalaw nila, at kung siya ay nagkukulang sa kanyang tungkulin sa pagsamba ay pinapayuhan siya. Ang pagkakaiba, katulad ng antas sa lipunan, lahi, at angkan, ay hindi binibigyang halaga, sapagka't ang mga Muslim ay nakahanay nang magkakatabi sa isang tuwid na hanay at silang lahat ay nakaharap sa iisang direksiyon (Makkah) sa iisang pagkakataon. Ang lahat ay pantay-pantay hinggil sa kanilang pagsunod at pagtindig sa harap sa Allah.

## 3 Ang Itinakdang Tungkuling Kawanggawa (Zakaah):

Ang kawanggawang ito ay isang maliit na bahagi lamang ng yaman na ibinibigay ng isang mayamang Muslim sa kanyang mga kapatid na Muslim na mahihirap at nangangailangan. May mga panuntunan kung papaano ito ipamamahagi. Ito ay kusang-loob na ibinibigay ng isang Muslim at sa kanyang pamamahagi nito' y tinutupad niya ang ipinag-uutos ng Allah.




*Ang literal na kahulugan ng 'Zakat' ay 'isang karagdagan'. Pinararami nito ang yaman ng tao, at pinangangalagaan nito mula sa kasawiang-palad. Ang kawanggawa ay ginagawaran ng malaking gantimpala ng Allah.*

Ang layunin sa likod ng naturang kawanggawa (Zakaah) ay pasiglahin ang pagkakaisa at pagtutulungan ng lipunang Muslim, gayundin upang pawiin ang kahirapan at wakasan ang panganib na maaaring idulot nito. Sa pamamagitan nito, ang puso ng mga mayayamang Muslim ay nalilinis mula sa pagiging sakim, at ang puso ng mga mahihirap ay nalilinis mula sa galit at inggit na maaari nilang maramdaman sa mga mayayaman. Kanilang nakikita ang mga mayayaman na nagbibigay ng kanilang yaman na ipinag-uutos ng Allah, at ang patuloy nilang pagtulong at pagkalinga sa kanilang pangangailangan.

## 4 Ang Pag-aayuno sa Buwan ng Ramadan (Siyaam):

Ito ay isang itinakdang tungkulin sa bawa't Muslim na isagawa minsan sa isang taon, na kilala bilang buwan ng Ramadan. Simula sa pagbubukang-liwayway hanggang sa tuluyang lumubog ang araw, ang mga Muslim ay kinakailangang umiwas sa mga bagay na nakasisira ng kanyang pag-aayuno, maging ito man ay pagkain, inumin, o pakikipagtalik sa kanyang asawa. Ang pag-aayuno ay isang pagganap ng pagsamba sa Islam at ito rin ay ipinag-utos sa mga nakaraang relihiyon.



*Ginagamit ng mga Muslim ang Lunar calendar upang malaman ang simula at katapusan ng bawa't buwan. Ito rin ay ginagamit upang malaman ang simula ng panahon ng mga okasyong pangrelihiyon sa Islam (katulad ng Pag-aayuno at Hajj).*

Ang Allah ay nagwika: ﴾**O kayong mananampalataya! Ang pag-aayuno ay ipinag-uutos sa inyo katulad ng ipinag-utos sa mga nauna sa inyo upang kayo ay maging matuwid.**﴿ (2:183**(**

## 5 Ang Paglalakbay sa Makkah (Hajj):

*Ang Hajj ay isang uri ng paglalakbay sa Banal na Bahay (ang Ka'bah sa Makkah) upang isagawa ang mga ritwal sa mga partikular na lugar at oras. Ito ay isa sa mga haligi ng Islam na itinakda sa bawa't Muslim, lalaki at babae, minsan sa kanyang tanang buhay, kung siya ay may matinong kaisipan, nasa tamang gulang, at may kakayahang pisikal at pananalapi.*

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Ang paglalakbay sa Bahay (Ka'bah) ay isang tungkulin na dapat gampanan sa Allah, sa mga may kakayahang isagawa ito. At sinuman ang magtakwil (tungkol dito), samakatuwid, ang Allah ay walang pangangailangan ng anuman sa sinuman sa Kanyang mga nilikha**﴿ ( 3:97)



*Ang mga peregrino ay umiikot sa palibot ng Ka'bah sa panahon ng Hajj. Ang loob ng Masjid na ito ay kayang maglaman ng mga dalawang-milyong tao sa iisang pagkakataon.*

Ang Hajj ay ang pinakamalaking Islamikong pagtitipon. Ang mga Muslim mula sa iba't ibang panig ng mundo ay dumadalo upang makisalo sa pagdiriwang na ito sa iisang lugar at oras; silang lahat ay tumatawag at dumadalangin sa Nag-iisang Panginoon, nakasuot ng magkakatulad na uri ng kasuotan, at isinasagawa ang iisang uri ng ritwal.

Walang pagkakaiba sa pagitan ng mahirap at mayaman, taong maharlika at karaniwan, puti at itim, Arabo at ibang lahi; silang lahat ay pantay-pantay sa harap ng Dakilang Diyos – ang Allah. Walang anumang pagkakaiba sa kanila maliban sa pagiging makadiyos (taqwaa) sa Allah. Ang Hajj ay isang tagpo kung saan binibigyang-diin ang pagkakapatiran ng lahat ng mga Muslim at ang pagkakaisa ng kanilang pag-asam at damdamin.

## Ang mga Haligi ng Pananampalataya

Ang mga pinaniniwalaan sa pananampalatayang Islam ay tinatawag na mga Haligi ng Pananampalataya (Iman); ito ay ang mga sumusunod:

### 1 Ang Paniniwala sa Allah:

Ito ay nangangahulugan ng paniniwala sa Kanyang pananatili, at Siya lamang ang karapat-dapat pag-ukulan ng pagsamba. Siya ay walang Katambal (sa Kanyang Pagka-Diyos), walang katulad o karibal sa Kanyang Ruboobiyah[4], Uloohiyah[5], at sa Kanyang mga Magagandang Pangalan at Katangian[6]. Siya ang Lumikha ng lahat ng mga bagay na nakikita at hindi nakikita. Siya rin ang Nag-mamay-ari ng mga ito, at Siya ang Nagsasa-ayos ng lahat ng nangyayari. Ang mga naisin lamang Niya ang mangyayari, at Siya lamang ang Tanging Nag-iisang nararapat sambahin.




*Ito ang ika-112 na kabanata ng Banal na Qur'an. Ito ay ipinahayag nang ang mga politista (mga sumasamba sa mga diyus-diyusan) ay nagtanong kay Propeta Muhammad upang ilarawan ang Panginoon ng mga daigdig.*

Winika ng Allah sa Banal na Qur'an:

﴾**Sabihin, "Siya ang Allah, ang Nag-iisa, "Allah, As-Samad** (walang hanggan, ang ganap, sandigan ng lahat) **"Hindi Siya nagkaanak at hindi Siya ipinanganak, "At Siya ay walang katulad.**﴿ (112:1-4**(**

## 2 Ang Paniniwala sa mga Anghel ng Allah:

Ito ay upang paniwalaan na ang mga Anghel ay totoo. Walang sinuman ang nakababatid sa kanilang hustong bilang maliban sa Dakilang Lumikha – ang Allah. Nilikha lamang Niya ang mga ito upang sumamba sa Kanya.

Sinabi ng Allah:

﴾**Hindi kailanman magagawang hamakin ng Mesiyas ang pagiging isang alipin ng Allah, at maging ang mga anghel na sadyang malalapit (sa Allah)** ﴿ (4:172)

Ang mga Anghel ay walang bahagi sa anumang katangian ng Allah, hindi rin Niya anak sila. Magkagayon sila'y nilikha lamang ng Allah upang sumunod sa anumang Kanyang ipinag-uutos sa kanila.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**At sila ay nagsabi: «Ang Mahabagin (Ar-Rahman) ay nagkaroon ng anak (na lalaki).» Luwalhati sa Kanya! Sila** (na itinuturing na mga anak ng Allah katulad ng mga anghel, ni Jesus, ni Ezra, atbp.) **ay walang anupaman maliban sa sila ay mga mararangal na alipin (lamang ng Allah). Sila ay hindi nangungusap hanggang Siya ay makapangusap, at sila ay tumatalima sa Kanyang Kautusan.** ﴿ (21:26-27)

## 3 Ang Paniniwala sa mga Aklat ng Allah:

Ito ay ang paniniwala na ang Allah ay nagpadala ng mga Banal na Aklat sa Kanyang mga piling Propeta upang ipamahagi nila ito sa sangkatauhan. Walang nilalaman ng mga Aklat na ito maliban sa katotohanan sa orihinal na pagkapahayag na mga ito. Ang lahat ng mga kasulatang ito ay nag-aanyaya sa tao tungo sa Kaisahan ng Allah, na Siya ang Tagapaglikha,


Tagapanustos, Nagmamay-ari ng lahat, at sa Kanya lamang ang mga Magagandang Pangalan at Katangian. Ang ilan sa mga Aklat na ito ay ang mga sumusunod:

- **Ang Suhuf (Ang Kalatas ni Abraham):** Ang Suhuf ay Banal na Kasulatan na ipinahayag kay Propeta Abraham [1]عليه السلام.

- **Ang Torah (ang Batas):** Ang Torah ay ang Banal na Aklat na ipinahayag kay Propeta Moses.

- **Ang Zaboor (Salmo):** Ang Zaboor ay ang Banal na Aklat na ipinahayag kay Propeta David.

- **Ang Injeel (Ebanghelyo):** Ang Injeel ay ang Banal na Aklat na ipinahayag kay Propeta Jesus.




*Ang Banal na Qur'an*

- **Ang Banal na Qur'an:** Bawa't isa ay dapat maniwala na ang Qur'an ay mga Salita ng Allah na ipinahayag kay Propeta Muhammad ﷺ sa pamamagitan ni Anghel Gabriel. Ito ang panghuli sa mga Banal na Aklat na siyang nagpawalang-bisa sa lahat ng mga naunang mga Aklat.

## Ano ang Banal na Qur'an?

Ang Banal na Qur'an ay ang saligang-batas ng mga Muslim na kung saan nila kinukuha ang mga katuruan na bumubuo ng kanilang pangrelihiyon at pang-araw-araw na pamumuhay. Ito ay naiiba sa mga naunang Banal na kapahayagan sa mga sumusunod na katangian:

- Ito ang kahuli-hulihang Banal na Aklat na ipinahayag, at dahil dito, ang Allah ang Kataas-taasan ay nangako na pangangalagaan ito sa anumang pagkasira at pagbabago hanggang sa Huling Araw (ang Araw ng Paghuhukom).

---

[1] (عليه السلام) means: Peace be upon him.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Katotohanan, Kami ang nagbaba nitong Dikhir (ang Qur'an) at katiyakan, ito ay Aming pangangalagaan.** 15:9) ﴿)

- Ang Banal na Qur'an lamang ang nagtataglay ng lahat ng batas na siyang nagpapabuti sa lipunan at nangangako sa lahat ng kaligayahan sa pagpapatupad nito.

- Ang Banal na Qur'an ay naglalaman ng tunay na pangyayari sa buhay ng mga Propeta at Sugo ng Allah, ang mga kaganapan sa pagitan nila at ng kanilang mga nasasakupan, mula kay Adam hanggang kay Muhammad ﷺ.

- Ito ay ipinahayag para sa lahat ng sangkatauhan upang sila ay mamuhay nang mapayapa at maligaya, at upang alisin sila sa kadiliman at idala sila sa liwanag.

- Ang pagbigkas, pag-sasaulo at pagtuturo ng Banal na Qur'an ay isang uri ng pagsamba.

## Ano ang Kanilang Sinasabi Tungkol sa Banal na Qur'an?

Si **Maurice Bucaille** ay nagsabi sa kanyang aklat na: *(The Qur'an, and Modern Science):*

"Ang masusing pagsusuri dito (Banal na Qur'an), sa tulong ng makabagong kaalaman (modern knowledge), ay mag-aakay sa atin upang kilalanin ang pagkakasundo ng dalawang panig, katulad ng pagkapaliwanag nito sa maraming okasyon. Tila hindi natin kayang maarok na ang isang tao sa panahon ni Muhammad ﷺ ay naging akda ng mga ganitong mga pangungusap, kung ating susuriin ang antas ng kaalaman sa kanyang kapanahunan. Ang ganitong mga pagsasaalang-alang ay mga bahagi na nagbibigay sa kapahayagan sa Qur'an sa pagkabukod-tanging kalagayan nito. Ito ang nagtutulak sa walang-kinikilingang siyentipiko na tanggapin sa sarili ang kawalan niya ng kakayahang magbigay ng paliwanag kung ang pagbabatayan lamang niya ang mga materyal na bagay sa kanyang pangangatwiran."

## 4 Ang Paniniwala sa mga Sugo ng Allah:

Ito ay ang paniniwala ng ang Allah ay pumili ng mga pinakamabuting tao sa sangkatauhan upang maging mga Sugo na Kanyang ipinadala sa Kanyang mga nilikha na may natatanging mga batas; ang sumamba at sumunod lamang sa Kanya, at upang itatag ang Kanyang relihiyon (Islam) at ang Kanyang Tawheed (Kaisahan ng pagsamba sa Kanya). Ang Allah ay nag-utos sa Kanyang mga Sugo na ipalaganap ang mensahe sa tao, nang sa gayo'y wala nang maipangangatwiran pa ang tao sa Allah pagkaraang ipadala ang Kanyang mga tagapagbalita.

Ang Allah ay nagwika: ﴿**At wala Kaming isinugong nauna sa iyo (O Muhammad) maliban sa mga taong binigyan Namin ng pahayag. Kaya, tanungin ang mga angkan ng kasulatan kung hindi ninyo ito nababatid.** ﴾ (21:7)

Ang unang Sugo ay si Noah at ang panghuli ay si Muhammad ﷺ .

## 5 Ang Paniniwala sa Huling Araw:

Ito ay ang paniniwala na ang buhay sa daigdig na ito ay katunayang magwawakas.

Ang Allah ay nagwika: ﴿**Sinumang nasa ibabaw nito (ng mundo) ay maglalaho. At ang Mukha ng inyong Panginoon na Tigib ng Kadakilaan at Kaluwalhatian ay mananatili magpakailanman.**﴾ (55:26-27)

Kasunod nito, ibabangong muli ng Allah ang lahat ng Kanyang nilikha, upang magsulit at gantimpalaan yaong mga may mabubuting gawa, bunga ng kanilang pagiging matuwid, paniniwala (sa Allah) at makakasama ng kanilang mga Propeta at Sugo sa buhay na walang hanggan sa Jannah (Paraiso).


Parurusahan Niya yaong mga nakagawa ng masasama, yaong mga hindi sumampalataya, at hindi naging masunurin sa kanilang mga Sugo, sa walang hanggang kaparusahan sa Apoy ng Impiyerno.

## 6 Ang Paniniwala sa Qadaa' at sa Qadar (Itinakdang Kahihinatnan):

Ito ay paniniwalang alam na ng Allah ang lahat ng bagay bago pa Niya ito likhain, at anuman ang mangyayari sa mga ito pagkatapos. At dadalhin Niya ito sa kaganapan, ang lahat ay naaayon sa Kanyang Kaalaman at Panukat.

Ang Allah ay nagwika: ﴿**...Siya ang lumikha ng lahat ng bagay, at sinukat ito sa wastong sukat**﴾ (25:2)

Ang paniniwalang ito ay hindi sumasalungat sa katotohanang dapat magsikap ang sinuman upang maabot ang ilang mga bagay. Ang paniniwala sa Banal na Panukat ay nagbubunga ng mga sumusunod:



- Ang Paniniwala sa Qadaa' at Qadar ay nagbubunga ng malinaw na konsiyensya at pagkakaroon ng kapayapaan ng puso. Walang puwang sa sinuman ang makararamdam ng kalungkutan tungkol sa kung ano ang naging bunga o kaya naman ay kung ano ang kinahinatnan nito.

- Naghihikayat ito ng kaalaman at pagtuklas sa anumang nilikha ng Allah dito sa daigdig. Mga dalamhati, katulad ng maraming uri ng karamdaman na siya na ring nagtutulak sa tao upang humanap ng lunas para dito sa pamamagitan ng pananaliksik sa mga pinagmumulan ng gamot na nilikha ng Allah (ang Kataas-taasan) dito sa daigdig.

- Pinatataas nito ang pagtitiwala ng isang tao sa Allah at inaalis ang takot sa nilalang. Si Ibn **Ibn 'Abbaas** ([1]ﷺ) nawa'y kalugdan siya ng Allah, ay nagsabi: «Isang araw, nasa likuran ako ng Sugo ﷺ at sinabi niya sa akin : "O batang lalaki, tuturuan kita ng ilang salita: Pag-ingatan ang mga kautusan ng Allah at pag-iingatan ka Niya. Pag-ingatan ang mga kautusan ng Allah, at matatagpuan mo Siya sa iyong harapan. Kung hihingi ka, magkagayon humingi ka sa Allah, at kung kailangan mo ng tulong, magkagayon humingi ng tulong sa Allah. At tandaan na kahit magsama-sama man ang buong mundo upang tulungan ka, hindi ka nila matutulungan maliban sa mga bagay na naitakda ng Allah para sa iyo. At kung ang buong mundo ay magsama-sama upang saktan ka nila, hindi ka nila kayang saktan maliban sa mga bagay na naitakda ng Allah para sa iyo. Ang mga panulat ay naitaas na at ang mga balumbon (ng kapahayagan) ay natuyo na." (Tirmidhi)

[1] (ﷺ) Nawa'y kalugdan siya ng Allah.

## Ang mga Pangunahing Layunin ng Islam

Ang mga pangunahing layunin ng Islam ay ang sumusunod:

1. **Pangangalaga ng Pananampalatayang Islam**
2. **Pangangalaga ng buhay**
3. **Pangangalaga ng yaman**
4. **Pangangalaga ng isipan**
5. **Pangangalaga ng angkan**
6. **Pangangalaga ng dangal**

Ang Propeta ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Katotohanang ipinag-utos ng Allah na hindi dapat labagin ang inyong buhay, ang inyong kayamanan, at ang inyong dangal, katulad ng kabanalan ng araw na ito (ang Araw ng 'Arafah sa panahon ng Hajj), sa (banal na) buwan na ito (ang buwan ng Dhul-Hijjah ang ika-12 buwan ng Islamikong kalendaryo) sa (banal) na lugar na ito (ang Makkah at ang paligid nito)." (Bukhari)

At sinabi rin ng Sugo ﷺ :

"Sasabihin ko ba sa inyo kung sino ang tunay na mananampalataya? Ang taong pinagtitiwalaan ng iba sa kanilang yaman at buhay. Ang isang Muslim ay yaong ligtas ang iba sa kanyang dila at mga kamay. Ang tunay na mandirigma sa landas ng Allah ay yaong nakikibaka sa sarili niyang mga paghahangad upang sumunod sa Allah, at ang tunay na paglikas (ang pag-dayo mula sa lupain ng mga di-mananampalataya tungo sa lupain ng mga mananampalataya) ay yaong iniiwan ang mga kasalanan at mga maling gawa." (Ibn Hibbaan)

# Kabutihang-asal, Pag-uugali, at Moral sa Islam

Ipinagbabawal sa Islam ang lahat ng uri ng kasamaan at kahalayan, maging sa pamamagitan ng pananalita o sa gawa.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**Sabihin! (Nguni't) ang mga bagay na sadyang ipinagbabawal ng aking Rabb (Panginoon) ay ang Fawahish (mga imoral na gawain(maging ito man ay lantad o lihim, lahat ng uri ng kasamaan, pang-aalipusta, at pagtatambal ng iba sa Allah [sa pagsamba]( na hindi naman Niya binigyang karapatan (o kapahintulutan) ito, at ang pagsasabi ng mga bagay tungkol sa Allah na wala naman kayong kaalaman.**﴿ (7:33)

Iniuutos at hinihikayat nito ang lahat tungo sa mabuting moral at pag-uugali. Ang Propeta ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ako ay ipinadala upang gawing lubos ang makatwiran at kagalang-galang na pag-uugali." (Haakim)

Ang Allah – ang Dakila at ang Kataas-taasan ay nagwika sa Banal na Qur'an:

﴾**Sabihin: "Halina kayo, aking bibigkasin kung ano ang ipinagbawal sa inyo ng inyong Rabb (Panginoon): Huwag magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Kanya; maging mabait at masunurin sa inyong mga magulang; huwag patayin ang inyong mga anak dahil sa karalitaan – Kami ay nagbibigay ng panustos para sa inyo at para sa kanila. Huwag lumapit sa Al-Fawâhish (mga imoral na kasalanan), maging lantad man o lihim; at huwag patayin ang sinuman na ipinagbawal ng Allâh, maliban sa isang makatuwirang dahilan (ayon sa batas ng Islam). Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaunawa**﴿ (6:151)

Ang Sugo ﷺ ay nagsabi: "Walang sinuman sa inyo ang tunay na mananampalataya hangga't hindi niya mahalin para sa kanyang kapatid kung ano ang minamahal para sa kanyang sarili." (Bukhari)

## Ang mga Karapatan sa Islam

Ipinag-uutos ng Islam sa mga tagasunod nito ang pagbibigay ng tamang karapatan sa tao. Sa mga magulang, mga asawa, mga anak, kapitbahay; silang lahat ay binigyan ng partikular na karapatan na naaayon sa partikular nilang ginagampanan sa lipunan. Sa pamamagitan nito, ang pagkakaisa ay pinatatatag at pinalalakas sa bawa't isa sa pamayanang Muslim. Ipinalalaganap nito ang pagmamahal at pagkakaisa at hinahadlangan nito ang pagkawatak-watak ng lipunan.




Ang Allah ay nagwika:

**﴾Sambahin ang Allah at huwag magtambal ng anuman sa Kanya (sa pagsamba). At gumawa ng mabuti sa inyong mga magulang, sa kamag-anakan, sa mga ulila, sa mga mahihirap, sa mga kapitbahay na malapit na kamag-anak, sa mga kapitbahay na hindi kamag-anak, sa mga kasama sa paglalakbay, sa mga manlalakbay (na nagigipit), at sa yaong (mga aliping) taglay ng inyong kanang kamay (sa ilalim ng inyong pamamahala). Katotohanan, kinasusuklaman ng Allah ang mapagmataas at mapagmalaki.﴿** (4:36)

Ang Propeta ay nagsabi ﷺ : "Ang bawa't isa sa inyo ay tagapagbantay, at responsibilidad niya kung ano ang nasa kanyang nasasakupan. Ang pinuno ay tagapagbantay ng kanyang nasasakupan at tungkulin niya ito para sa kanila; ang asawang lalaki ay tagapagbantay ng kanyang pamilya at tungkulin niya ito para sa kanila; ang asawang babae ay tagapagbantay ng tahanan ng kanyang asawa at tungkulin niya ito, at ang isang alipin ay tagapagbantay ng ari-arian kanyang amo at tungkulin niya ito" (Bukhari)

Gayundin naman, ang mga daanan kung saan ang mga tao ay bumabagtas mayroon ding karapatan na kailangan tupdin. Ang Sugo ﷺ ay nagsabi: "Maging maingat kayo, iwasang mag-umpukan sa daan.» Sila ay nagsabi, "O Sugo ng Allah, wala kaming ibang lugar na maaari naming pagtipunan

upang mag-usap." At siya ay sumagot, «Kung kailangang gawin ito, bigyan ninyo ng karapatan ang daan.» At sila ay nagtanong: "Ano ang karapatan ng daan"? Siya ay sumagot, "Ang ibaba ang paningin (huwag pagmasdan ang kababaihan), huwag gumawa ng pananakit sa iba, tumugon sa mga pagbati, ipatupad ang mabuti at ipagbawal ang masama." (Bukhari)

Maging ang mga hayop ay may karapatan din. Ang pagpapakita sa kanila ng habag at ang pagtrato nang maayos sa kanila ay isang paraan upang makamit ang kapatawaran ng kasalanan. Ang Sugo ﷺ ay nagsabi: "Minsan may isang taong abala sa kanyang gawain, at siya ay nauhaw. Nadaanan niya ang isang balon, at siya ay bumaba roon at uminom. Nang siya ay umahon, nakita niya ang isang hinihingal na aso na isinusubsob ang nguso sa putik (sa paghahanap ng tubig) dala ng matinding pagka-uhaw. Ang tao ay nagsabi, 'Ang asong ito ay nauuhaw katulad ng pagka-uhaw ko.' Kaya siya ay muling bumaba at pinuno ng tubig ang kanyang botas at binigyan ng tubig ang aso. (Dahil doon) ipinagkaloob ng Allah sa kanya ang kapatawaran sa kanyang mga kasalanan. Sila ay nagsabi, 'O Sugo ng Allah, bibiyayaan din ba kami nang dahil sa mabuti naming pagtrato sa mga hayop?' Siya ay sumagot, 'Oo siyang katotohanan. Sapagka't (ang mabuting pakikitungo sa) bawa't may buhay ay makatatanggap kayo ng gantimpala'." (Bukhari)

Ang Islam ay nagtuturo ng kaalaman upang pangalagaan ang mga hayop, hindi tinatanggap sa Islam ang masamang pagtrato sa mga hayop, gaya lamang ng pagkukulong sa kanila nang walang nakalaang pagkain, o kaya ang saktan sila nang matindi, ang ganitong mga uri ng pag-trato at pagturing sa mga hayop ay nagiging dahilan sa pagpasok sa Apoy ng Impiyerno. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "May isang babaing pinarusahan dahil sa isang pusa. Ikinulong niya ang pusa hanggang sa ito ay mamatay, kaya dahil dito siya ay napasok sa Apoy ng Impiyerno. Hindi niya ito pinakain o pinainom man lamang noong ito ay nasa kanyang pangangalaga. Ni hindi niya ito binigyan ng layang makahanap ng ibang uri ng pagkain (mga insekto) na kanyang matatagpuan (mahuhuli) sa mundo." (Bukhari)

Kung ganito ang habag ang itinuturo ng Islam sa mga hayop, gaano pa kaya ang pakikitungo sa tao – na itinangi at binigyang-dangal ng Allah sa lahat ng iba pang mga nilikha.

## Ano ang Inyong Nalalaman Tungkol sa…

**1. Ang Ka'bah:** Noong si Ishmael, ang anak ni Abraham at Hagar, ay isilang, ang asawa ni Abraham na si Sarah ay labis na nanibugho, kaya kinausap niya si Abraham na ilayo sila (Ishmael at Hagar) sa kanya. Ang Allah - ang Kataas-tasaan, ay ginabayan si Abraham upang dalhin sila (Ishmael at Hagar) sa lugar ng Makkah. Laging dinadalaw ni Abraham si Hagar at  Ishmael kung saan niya ito iniwan. Minsan, nang mawalay si Abraham nang matagal sa kanyang mag-ina, siya ay muling nagpasyang dumalaw, at sa kanyang pagdalaw nakita niya si Ishmael na nagsasanay ng kanyang pana at palaso malapit sa balon ng Zamzam. Nang makita niya si Ishmael, niyakap niya ito na katulad nang matinding pagyakap ng isang amang nangulila sa kanyang anak – at sinabi niya: **"O Ishmael, ang Allah ay ipinag-utos sa akin na magtayo ng isang Bahay (dalanginan) dito."** Kapwa nila itinayo ang mga pundasyon at pader ng Bahay sa pagsamba sa Allah. Si Ishmael ang siyang nagtitipon ng mga bato at si Abraham naman ang nagsasalansan nito. Nang mataas na ang pader, naglagay si Abraham ng isang bato at ginawa niyang tuntungan sa pagsalansan ng iba pang bato. At si Abraham at Ishmael ay nanalangin sa Allah na nagsabi: **"O Allah tanggapin ito mula sa amin, katotohanan Ikaw ang Lubos na Nakakikita, ang Lubos na Nakaririnig."**



Ang lahat ng mga Muslim sa buong Mundo ay humaharap sa Ka′bah sa bawa′t oras ng kanilang pananalangin; ito ang kauna-unahang Bahay sa Pagsamba sa Allah.

Winika ng Allah:

﴾**Katotohanan, ang unang Bahay (Dalanginan) na itinalaga para sa sangkatauhan ay yaong sa Bakkah (i.e. Makkah), na tigib ng pagpapala at isang patnubay para sa Alamin (sangkatauhan, jinn at lahat ng nilikha).** ﴿ (3:96)

Ito ay sagisag ng pagkakaisa ng mga Muslim. Humaharap ang mga Muslim sa Ka′bah (Bahay sa pagsamba sa Allah) sa oras kanilang pagdarasal nang buong puso.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**…kaya saan man ninyo ibaling ang inyong sarili (o ang inyong mukha( naroroon ang Mukha ng Allah** (at Siya ay nasa Kaitaas-taasan ng Kanyang Luklukan).﴿ (2:115)

Kapag ang mga Muslim ay umiikot sa paligid ng Ka′bah, hindi nangangahulugan na sinasamba nila ito, sapagka't sinasamba lamang nila ang Allah.

Ang Allah ay nagwika:


﴾**Kaya′t hayaan silang sumamba sa** (Allah) **Rabb ng Bahay na** (Ka′bah) **ito,** (Siya) **na nagpakain sa kanila laban sa gutom at nagbigay katiwasayan laban sa takot (o pangamba)**﴿ (106:3-4)

**2. Ang Itim na Bato (Hajar al-Aswad):** Pagkaraang matapos ni Abraham ang pagtatayo ng Ka′bah, isang bato pa ang kulang (upang makumpleto ang Ka′bah) kaya naman inutusan niya si Ishmael na humanap pa ng isang bato. Si Ishmael ay naghanap at sa kanyang pagbabalik natagpuan niya ang kanyang amang si Abraham na nakapaglagay na ng isang pang bato. Kaya tinanong niya ang kanyang ama: **"O ama, saan ninyo nakuha ang batong ito?"** At siya ay sumagot: **"Ibinigay ito sa akin ni Anghel Gabriel mula sa langit."** At natapos nila ang pagtatayo ng Ka′bah.

Noong ibaba ang batong ito mula sa kalangitan, ito ay higit na maputi kaysa kulay ng gatas. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Ang Itim na Bato (Hajar al-Aswad) na ibinaba mula sa kalangitan ay higit na maputi kaysa kulay ng gatas, nguni't ang kulay nito ay napaitim ng mga kasalanan ng tao." (Tirmidthi)

*Ang Batong Itim*



### 3. Ang mga Bakas ng Paa ni Abraham (Makam-Ibrahim)

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Ang Sulok-Yemini (isa sa mga sulok ng Ka'bah) at ang Himpilan ni Abraham (Makam-Ibrahim) ay dalawang mahahalagang bato mula sa Jannah (Paraiso), at kung hindi inalis ng Allah ang kanilang ningning, kayang masinagan ng kanilang liwanag ang lahat ng pagitan ng silangan at kanluran." (Ibn Hibbaan)

Ang Himpilan ni Abraham (Makam-Ibrahim) ay ang bato kung saan si Abraham ﷺ ay tumuntong habang itinatayo niya ang Ka′bah. Ang kanyang anak na si Ishmael ay tumulong sa kanya sa pagtatayo ng Ka′bah sa pamamagitan ng pag-aabot ng mga bato.





*Ang Himpilan ni Abraham*


*Kabilang sa mga himala ni Propeta Abraham ay ang batong tinungtungan niya habang itinatayo ang Ka'bah. Ito ay lumambot at bumaon ang mga paa niya dito. Hanggang sa ngayon ay makikita pa ang mga bakas ng paa ni Propeta Abraham sa batong ito.*

## 4. Balon ng Zamzam:

Dinala ni Abraham si Hagar at ang kanyang anak na si Ishmael sa isang lugar na malapit sa Ka′bah (sa Makkah). Iniwan sila sa lilim ng isang puno sa may pook ng Zamzam. Wala pang naninirahan noon sa lugar ng Makkah, gayunpaman iniupo sila ni Abrahaim doon at binigyan ng ilang datiles at tubig sa isang maliit na sisidlang gawa sa balat ng hayop. At pagkaraa'y humayo na siya pabalik sa pinangalingang tirahan. Sinundan siya ni Hagar at nagsabi: **"O Abraham! Saan ka pupunta! Wala kaming makakasama dito, ni walang anumang mapagtutuunan."** Inulit niya ito nang maraming beses kay Abraham, nguni′t hindi siya nilingon ni Abraham. At sinabi ni Hagar kay Abraham: **"Iniutos ba sa iyo ng Allah upang gawin mo ito?"**

At siya ay sumagot: **'Oo!'** At sinabi ni Hagar, **'Kung gayon, hindi Niya kami pababayaan.'** At si Abraham ay nagpatuloy sa paglalakad at nang makarating siya sa isang burol na kung saan siya ay hindi na nila (Hagar at Ishmael) nakikita, humarap siya sa direkyon ng Ka'bah at nanalangin sa Allah na nagsabi:

**﴾O aming Panginoon! Itinira ko ang ilan sa aking lipi sa isang tigang na lambak na malapit sa Iyong Banal na Bahay (ang Ka'bah sa Makkah) upang sila ay magtatag ng Salaah. Kaya, punuin ng pag-ibig ang mga puso ng ilang tao sa pagmamahal sa kanila at (O Allah) igawad sa kanila ang mga prutas upang sila ay maging mapagpasalamat.﴿** (14:37)





*Ang balon ng Zamzam ay matatagpuan 21 metro mula sa Ka'bah. Ang lalim ng pagkakahukay ay umabot sa halos 30 metro ang lalim, at ang sukat-pabilog (diameter) sa loob nito ay umabot sa 1.08 metro hanggang 2.66 metro.*


Pinasuso ni Hagar si Ishmael at pinainom ng tubig na kanyang dala. Nang maubos na ang tubig, di naglaon siya at ang kanyang anak ay inabot ng matinding pagka-uhaw. Nakita ni Hagar ang paghihirap ng kanyang anak habang ito ay umiiyak. Kaya siya ay tumakbo sa pinakamalapit na burol, at ito ang burol ng as-Safa. Tumindig siya dito at tumingin sa paligid nang may pag-asang makakita ng sinuman, nguni't wala siyang nakita. Siya ay bumaba at nang makarating sa kapatagan, inililis ang laylayan ng kanyang bata (robe) at tumakbong katulad ng isang taong labis ang pangamba. Hanggang sa makarating siya sa isa pang burol na ang pangalan ay al-Marwa. Siya ay tumitig nang mabuti sa kanyang paligid sa pag-asang makakita ng sinuman, subali't wala pa rin. At inulit niya pag-akyat-panaog, paglakad at pagtakbo sa pagitan ng dalawang burol nang pitong beses.

Si **Ibn Ab′bas** ay nagsabi: Ang Propeta ﷺ ay nagsabi, "Ito ang pinagmulan ng mga tradisyon ng Sa′ee (ang paglakad at pagtakbo) sa pagitan ng dalawang burol ng as-Safa at al-Marwa. At nang makarating na si Hagar sa burol ng al-Marwa (sa huling pagkakataon) nakarinig siya ng tinig, siya ay huminahon at pinakinggan niya ito nang mabuti. Muli niyang narinig ang tinig at siya ay nagsabi, 'Sino ka man, itinulot mong marinig ko ang iyong tinig, mayroon ka bang maitutulong sa akin?' At masdan! Nakita niya ang isang anghel sa may pook ng Zamzam na tinatapik-tapik ang lupa sa pamamagitan ng kanyang mga pakpak hanggang sa bumulwak ang tubig sa lugar na iyon. Nagmadali si Hagar upang lagyan ng harang ang tubig sa paligid nito. Napuno niya ng tubig ang kanyang sisidlang-balat. Dagdag pa ng Propeta ﷺ , ipagkaloob nawa ng Allah ang Kanyang Habag sa ina ni Ishmael! Kung hinayaan lamang niya ang pag-agos ang Zamzam at hindi niya ito pinigilan upang lamnan ang sidsidlang-balat, malamang na naging isang batis ang Zamzam na aagos sa buong mundo." (Bukhari)

**5. Ang Burol ng As-Safa at Al-Marwa:** Ito ang dalawang burol kung saan ang ina ni Ishmael ay tumakbo at tumindig sa ibabaw nito habang naghahanap siya ng tulong at tubig; sa panahon ng Hajj (paglalakbay sa Makkah) ang mga tao ay naglalakad at tumatakbo sa pagitan ng dalawang burol na ito bilang pagsunod sa Sunnah ng Propeta ﷺ .








*Ang layo sa pagitan ng al-Safa at al-Marwa ay halos 450 metro, kaya naman ang paglalakad ng pitong ulit sa lugar na ito ay umaabot sa halos 3.15 .kilometro*

**6. Jammaraat:** Ito ang mga lugar kung saan si Satanas ay nagpakita kay Propeta Abraham nang iwan niya ang kanyang asawa at anak sa **Makkah**, upang siya ay mag-atubili. Kumuha siya ng ilang bato at pinukol si Satanas. Sa panahon ng **Hajj** (Paglalakbay sa Makkah), ang mga Muslim ay nagpupukol ng malilit na bato sa mga haliging ito bilang pagsunod sa Sunnah ng kanilang ama na si Abraham. Sila'y nagpapahayag na si Satanas ay isang malinaw na kaaway na dapat labanan. Ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pagtutol sa mga masasamang pagnanasa at pagsunod sa mga ipinag-uutos ng Allah at umiwas sa mga ipinagbabawal.



*May tatlong Jamaraat sa Mina: Jamratul-Aqabah, Jamratul-Wusta at ang Jamratul-Sughra. Ang layo sa pagitan ng Jamratul-Sughra at Jamratul-Wusta ay 150 metro at ang layo naman sa pagitan ng Jamratul-Aqabah at Jamratul Wusta ay 225 metro.*

**7. Ang Pagdiriwang ng Eed ng mga Muslim:** Ang mga Muslim ay may dalawang natatanging padiriwang na ginaganap sa loob ng isang taon, ang unang pagdiriwang ay ang **Eed'ul Fitr** na ipinagdiriwang pagkatapos ng buwan ng **Ramadhan**, at ito ang hudyat ng pagtatapos sa panahon ng pag-aayuno. Ang ikalawang pagdiriwang ay tinatawag na **Eed'ul Adha**. Ang pagdiriwang na ito ay ginagawa ng mga Muslim upang mapalapit sa Allah sa pamamagitan ng pagkatay ng iaalay na hayop bilang pagsunod sa Sunnah (mga ginawa) ng ama ng pananampalataya na si Abraham.

Nakita niya sa kanyang panaginip na iniaalay niya ang kanyang anak na si Ishmael, at ang panaginip ng mga Propeta ay totoo. Nang iaalay na niya ang kanyang anak na si Ishmael, ang Allah ay nagwika: ﴾**Kaya binigyan Namin siya (Abraham) ng magandang balita ng isang matiising anak (na lalaki). At nang siya ay sumapit na sa tamang gulang na maaari ng lumakad na kasama niya, siya ay nagsabi: "O aking anak! Aking nakita sa panaginip na kita'y iniaalay. Kaya, ano ang sa palagay mo!» Kanyang sinabi: "O aking ama! Gawin mo ang ipinag-uutos sa iyo, kung marapatin ng Allah, ako ay iyong matatagpuang matiisin.» At nang kapuwa sila tumalima (sa kagustuhan ng Allah) at kanyang ilapag siya na nakapatirapa ang kanyang ulo; Kami ay tumawag sa kanya: "O Abraham! «Naisakatuparan mo na ang panaginip!" Katotohanan, ganyan Namin binibigyang gantimpala ang mga Muhsin (mapaggawa ng kabutihan).**﴿ (37:101-105)

*Ito ay salitang Arabik na ang ibig sabihin ay 'nawa'y maging mabuti ang taon na ito at ang mga taon pang susunod.' Ito ay isinulat sa pamamagitan ng istilong calligraphy na tinatawag na tagra na ginamit ng mga Sultan ng Ottoman bilang selyo sa panahon ng Islamikong Khilaffa.*





**8. Ang Masjid ng Propeta ﷺ :** Ito ang kauna-unahang Masjid na naitayo sa panahon ng pagpapalaganap ng Islam sa pamumuno ni Propeta Muhammad ﷺ . Ang Propeta ﷺ ay inilibing sa kanyang bahay kung saan siya ay namatay, na matatagpuan sa tabi ng Masjid. Kapuri-puri na batiin ang Propeta ﷺ kapag ang isa ay dadaan sa harapan ng kanyang libingan.



*Ang Masjid ng Propeta ﷺ sa Madina ay kayang maglaman ng mahigit sa dalawang-milyong tao sa iisang pagkakataon. Ang mga Muslim ay nagsasagawa ng mga pagdarasal sa loob ng Masjid ng Propeta ﷺ upang makatanggap ng dakilang biyaya na ipinangako sa sinumang magsagawa ng pananalangin dito.*

**9. Ang Yungib ng Hira:** Ang Propeta ﷺ ay madalas na ginugugol ang kanyang panahon ng pamamahinga sa gabi sa loob ng yungib na ito. Ibinaba ni Anghel Gabriel عليه السلام sa kanya ang unang kapahayagan habang siya ay namamahinga sa loob ng yungib na ito. Ang mga Muslim ay hindi kinakailangan pang pumunta doon, sapagka't ang Propeta ﷺ ay hindi na bumalik doon pagkatapos maigawad sa kanya ang pagiging isang Propeta.




*Ang yungib ng Hira ay matatagpuan sa itaas na bahagi ng bundok ng an-Noor (Jabal an-Noor) sa direksyon ng silangang bahagi ng Makkah. May 4 na kilometro ang layo mula sa Masjid al-Haram at ang kanyang taluktok nito ay umabot sa 634 metro ang taas.*

**10. Ang Masjid ng Simboryo ng Bato:** Ang bato ay isa sa mga malalaking bato na kahilera ng Masjid Al-Aqsa. Ang malaking bato ay may taas na 18 at 13 metrong lapad. Sa kasalukuyan, ito ay napapaloob sa ilalim ng simboryo, na kilala bilang "Simboryo ng Bato". Ito ay itinayo sa ilalim ng pamunuan ng Umayyad, si Abdulmalik bin Marwan, at kalimitang napagkakamalan na Masjid ng Al-Aqsa.



**11. Masjid Aqsaa:** Ang Masjid ng Al-Aqsaa ay nasa sagradong lugar, na pinili ng Diyos mula pa noong unang panahon. Ito ay itinuring sadyang itinuring na ganito upang ang mga mananampalataya ay magpuri sa Panginoon. Ang Masjid ng Al-Aqsaa ay ang ikalawang lugar ng dalanginan na itinayo sa mundo. Si Abu Dhar ay nagsabi:

Aking sinabi, "O Mensahero ng Allah, ano ang unang Masjid na naitayo dito sa mundo? Kanyang sinabi na ang "Masjid Haraam", pagkatapos ay aking itinanong; "Ano ang ikalawang Masjid?" Kanyang sinabi na "Masjid Al-Aqsaa". Aking itinanong "Ano ang pagitan sa pagkakatayo ng dalawang Masjid na ito?" Kanyang sinabi; "Apatnapung taon, at saanman ninyo kinakailangang magdasal, magsagawa ng pagdarasal, sapagka't ang mundo ay ginawa na lugar ng dalanginan." (Muslim)

Ang Masjid Al-Aqsa ay itinayo ni Propeta Solomon, ang anak ni Propeta David. Si Abdullah bin Amr bin al-Aas ay nag-ulat na si Amr bin al-Aas ay nagsalaysay na ang Sugo ﷺ ay nagsabi:

"Pagkaraang maitayo ni Solomon (anak ni David) ang Masjid al-Aqsa, sinabi niya sa Allah na igawad sa kanya ang pamamahala at kaharian na wala pang nagkaroon nito, at wala nang dapat magkaroon pa nito pagkatapos, at sinumang papasok sa Masjid na ito upang manalangin ay magiging malaya sa kasalanan. Ang Propeta ﷺ ay nagsabi: 'At ang dalawa (sa tatlong kahilingan) ay ipinagkaloob sa kanya, at nananalig ako na ang ikatlong kahilingan ay ipagkakaloob sa akin'." (Ibn Khuzaimah)

Ito ang una sa dalawang Qiblah (direksyon sa pagdarasal) kung saan ang Propeta ﷺ ay humaharap sa oras ng kanyang pagdarasal at ang mga Muslim ay humaharap din dito bago pa sila pag-utusan na ibaling ang kanilang pagharap sa Ka′bah sa tuwing sila ay magdarasal. Noong Gabi ng Paglalakbay, siya ay pansamantalang huminto sa Masjid al-Aqsa, at magmula roon siya ay umakyat sa kalangitan. Pinamunuan niya ang mga Propeta sa pagdarasal nang gabing iyon (Gabi ng Paglalakbay). Ito ang ikatlong Haram (Sagradong Pook), pagkatapos ng Makkah at Madina.



## Ang Islam at Kayamanan

Sa Islam, ang lahat ng kayamanan ay pag-aari ng Allah na ipinagkatiwala sa tao. Ito ay may kaakibat na pananagutan. Kailangang kitain ito at gugulin ayon sa mga pinahihintulutang paraan, katulad ng paggugol nito sa mismong sarili at sa lahat ng nasa kanyang pananagutan, nang walang pagmamalabis at pag-aksaya. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ang isang alipin ay hindi na makahahakbang pa sa Araw ng Paghuhukom hangga't hindi siya dadaan sa pagsusulit (sa mga sumusunod na bagay): ang kanyang oras at kung paano niya ito ginugol, ang kanyang kaalaman at kung paano niya ito ginamit, ang kanyang kayamanan at kung paano niya ito kinuha at ginugol, at ang kanyang kabataan at kung papaano niya ito pinalipas." (Tirmidhi)

Kinakailangan ring magamit ito sa mabuti at tamang pamamaraan. Ang Allah ay nagwika:

﴿**Hindi isang kabutihan at pagiging matuwid na ibaling mo ang iyong mukha sa dakong silangan at kanluran (sa pagdarasal) subali't, ang tunay na kabutihan at pagiging matuwid ay (isang katangian na) maniwala sa Allah, at sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa Aklat, at sa mga Propeta at sa mga namamahagi ng yaman sa kabila ng pagmamahal dito para sa mga kamag-anakan, sa mga ulila at sa mga dukha at sa mga naglalakbay at yaong humihingi (ng tulong) at yaong nagpapalaya ng mga alipin,**﴾ (2:177)



## Ang Islam at mga Kababaihan

Sa Islam, ang mga kalalakihan at kababaihan ay magkaiba at ang bawa't isa ay may kanya-kanyang gampanin. Sa Islam, ang pagbibigay dangal at galang sa mga kababaihan ay isang tanda ng kabutihan, kaaya-ayang asal at likas na magandang pag-uugali. Ang Sugo ﷺ ay nagsabi: "Ang pinakamahusay sa inyo ay yaong pinakamabuti sa kanilang mga asawa." (Tirmidhi)

Ang mga kababaihan ay siya ring unang dapat pagpakitaan ng mga kalalakihan ng gawaing matuwid, pagpapanatili ng ugnayan, at mabuting pagtrato. Isang lalaki ang nagtanong sa Sugo na si Muhammad ﷺ kung sino ang unang dapa't niyang bigyan ng pinakamahusay na pakikitungo at paggalang, ang Sugo ﷺ ay sumagot: "Ang iyong ina." Muli siyang nagtanong: "At pagkatapos sino?" Ang Sugo ay sumagot, 'ang iyong ina.' At siya'y muling nagtanong: "At pagkatapos sino?" Siya'y nagsabi 'Ang iyong ina.' At siya ay muling nagtanong sa huling pagkakataon: "At pagkatapos sino?" Siya'y nagsabi: 'Ang iyong ama.' (Bukhari)

Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ang mga kababaihan ay kakambal ng kalati ng kalalakihan." (Abu Dawud)

- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan sa kanilang pagkatao. Hindi sila ang pinagmumulan ng kasalanan, ni hindi sila ang dahilan upang si Adam عليه السلام ay itinaboy mula sa Jannah (Paraiso).

- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan sa kanilang kakanyahan. Hindi rin inaalis sa kanila ang kanilang apelyido at ang apelyido ng kanilang pamilya kapag sila ay mag-asawa. Hindi mapapawi ang kanilang dating



apelyedo nang dalaga pa sila, ni hindi sila susunod sa apelyido ng kanilang mapapangasawa.

- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan hinggil gantimpala at parusa sa daigdig na ito at sa kabilang buhay.
- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan hinggil sa pagpapanatili ng Islam sa kanilang kadalisayan at karangalan.
- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan hinggil sa kanilang karapatang magmana.
- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan sa pagkakaroon ng karapatan na gawin ang kanilang nais sa kanilang sariling yaman.
- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan sa pananagutan sa pagbalikat ng mga tungkulin sa ikabubuti ng lipunan.
- Ang mga kababaihan ay pantay sa mga kalalakihan sa kanilang karapatang makatanggap ng edukasyon at tamang pagpapalaki.

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi:

"Sinuman ang may tatlong anak na babae o tatlong kapatid na babae, at may takot sa Allah sa pangangalaga sa kanila, makakasama ko siya sa Paraiso kagaya nito. «At itinaas niya ang kanyang mga daliri na ang hintuturo at ang gitnang daliri na magkadikit)." (Ahmad)

## Ang Islamikong Pananaw sa Pangangailangang Seksuwal

Isinasaalang-alang din sa Islam ang seksuwal na pangangailangan, ang isa sa mga mahalagang kailangan ng tao na hindi dapat pigilin, bagkus dapat tugunin sa tamang pamamaraan. Hindi ito isang bagay na dapat libakin at hindi isang bagay na dapat iwasan ng tao.

Ang Islam ay naglagay ng mga natatanging batas bilang mga panuntunan sa pagbibigay kaganapan sa pangangailangan niyang ito. Hindi dapat tugunin ng tao ang kanyang pita sa laman sa isang makahayop at mahalay na paraan. Dapat lamang bigyang-kasiyahan ito sa pamamagitan ng kasal.

Ang pinakamimithing layunin ng pagpapakasal sa Islam ay upang maabot ang pangkaisipan at damdaming katatagan ng mag-asawa.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Sila ay inyong mga Libas (saplot sa katawan, o tabing, o Sakan [kasiyahan sa piling nila]) at gayon din naman kayo sa kanila.**﴿ (2:187)

Pinangangalagaan ng Islam ang bawa't isa at maging ang lipunan sa pamamagitan ng pagbabawal ng mga bagay na maaaring pumukaw sa pagnanasang-sekswal ng tao upang maiwasan ang paggawa ng pangangalunya o anumang kahalayan maging ito ay sinasadya o hindi, halimbawa – paggahasa.

Ang mga masasamang gawaing ito ay magbubunga ng pagdami ng mga kabataan sa lipunan na walang kinikilalang magulang na dapat sanang magpalaki sa kanila tungo sa mataas na moralidad. Lilitaw sila sa lipunan bilang isang pangkat nang may matinding pagkapoot at pagkasuklam sa iba. Gayundin, ang mga sakit bunga ng mga gawaing kahalayang ito ay madaling kakalat sa lipunan.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At huwag lumapit tungo sa bawal na pakikipagtalik. Katotohanan, ito ay Fahishah (isang uri ng pagsuway at malaking kasalanan), at isang masamang gawa (na magbubulid sa Impiyerno malibang siya ay patawarin ng Allah).**﴿ (17:32)

## Ang Islam at ang mga di-Muslim

Pinangangalagaan ng Islam ang buhay, yaman at dangal ng mga di-Muslim na may kasunduan sa isang Islamikong bansa. Hindi sila dapat maharap sa anumang uri ng pang-aapi o paglapastangan. Hindi sila dapat pagkaitan ng kanilang karapatan, ni hindi sila dapat pakitunguhan nang may pagmamalupit.

Ang Allah ay angsabi:

**﴿Hindi kayo pinagbabawalan ng Allah na makipag-ugnayan nang makatarungan at nang may kabaitan sa kanila na hindi nakikipaglaban (umuusig o tumutuligsa) sa inyo nang dahil sa inyong relihiyon at maging yaong hindi nagtataboy sa inyo mula sa inyong mga tahanan. Katotohanan, minamahal ng Allah yaong gumagawa ng makatarungan﴾.** (60:8)

Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Katotohanan sinumang lumapastangan sa isa sa ating mga nasasakupan (mga di-Muslim), inalisan ng kanyang karapatan, binibigyan siya ng pasaning higit sa kanyang makakaya, o kumuha ng mga bagay mula sa kanyang pag-aari na wala siyang pahintulot, magkagayo'y sasalangutin ko siya sa Araw ng Pagsusulit.» At pagkaraa'y itinuro ang kanyang daliri sa kanyang dibdib. «Katotohanan sinuman ang pumatay sa sinumang ating nasasakupan (mga di-Muslim), na nasa ilalim ng pamamahala ng Allah at ng Kanyang Sugo, ang Allah ay ipagbabawal sa kanya ang amoy ng Jannah (Paraiso), at katotohanan ang halimuyak ng Jannah (Paraiso) ay masasamyo sa layong pitumpung-taong paglalakbay." (Baihaqi)

Sinabi pa ng Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ : "Pinag-utusan ako ng aking Panginoon na huwag apihin ang mga tao sa ating nasasakupan (mga di-Muslim na naninrahan sa lupain ng mga Muslim) o maging ang iba pa sa kanila." (Baihaqi)

## Ang Islam at ang Ibang Banal na Mensahe

Ipinag-uutos ng Islam sa lahat ng mga tagasunod nito ang paniniwala sa mga naunang banal na kapahayagan at ang paniniwala sa lahat ng mga Sugo at Propeta ng Allah. Kailangang mahalin silang lahat, kilalanin at igalang ng mga Muslim.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At iyon ang Aming Katibayan na Aming ipinagkaloob kay Abraham laban sa kanyang mga mamamayan. Itinataas Namin ang sinumang Aming nais (na itaaas) sa mga antas. Katiyakan, ang iyong Panginoon ay Tigib ng Karunungan, ang Lubos na Maalam. At Aming iginawad sa kanya si Isaak at Hakob, bawa't isa sa kanila ay Aming pinatnubayan at bago pa man siya, Aming (naunang) pinatnubayan si Noah at kabilang sa kanyang mga supling ay sina David, Solomon, Job, Joseph, Moses at Aaron. Sa gayon Namin ginagantimpalaan ang mga Al-Muhsinun (mapaggawa ng kabutihan). At si Zakarias at Juan at si Hesus at si Elias, bawa't isa sa kanila ay (nasa hanay ng) matutuwid. At si Ishmael at Elisha at Jonas at Lot, at bawa't isa sa kanila ay hinirang nang higit sa lahat ng 'Alamin (sa kanilang panahon). At gayon din ang ilan sa kanilang mga ninuno at kanilang mga supling at mga kapatid, sila ay Aming pinili at sila ay Aming pinatnubayan sa Matuwid na landas.**﴿ (6:83-87)

- **Ano ang sinasabi ng Banal na Qur'an tungkol kay Moses** عليه السلام

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At banggitin sa Aklat (ang Qur'an) si Moses. Katotohanan, siya ay isang hinirang (pinili) at siya ay isang Sugo (at) isang Propeta.**﴿ (19:51)

Sinabi pa ng Allah: ﴾ **O Moses, ikaw ay aking pinili nang higit kaysa sa mga tao sa (pamamagitan ng) Aking mga mensahe at sa (pamamagitan ng) Aking tuwirang pakikipag-usap (sa iyo). Kaya, iyong panghawakan ang anumang Aking ipinagkaloob sa iyo at ikaw ay maging isa sa mga mapagpasalamat.**﴿ (7:144)

Ang Allah ay muling nagsabi: ﴾**Pagkaraan, Aming ipinagkaloob kay Moses ang Aklat (Taurat) upang gawing ganap ang kagandahang-**

**loob sa isang gumawa ng matuwid (Moses), at bilang isang masusing paliwanag sa lahat ng bagay, at bilang isang Patnubay at Habag upang sila'y maniwala sa pagharap sa kanilang Panginoon.》** (6:154)

Ang Allah ay nagwika: 《**At tunay nga na Aming ipinadala si Moses dala ang Aming mga Tanda (himala, kapahayagan,babala at aral) (na nagsasabing): «Dalhin mo ang iyong mamamayan mula sa kadiliman tungo sa liwanag, at paalalahanan sila sa mga Biyaya (Pagpapala) ng Allah. Katotohanan, naririto ang mga Tanda sa bawa't matiisin, mapagpasalamat (na tao).**》 (14:5)

- **Ano ang sinasabi ng Banal na Qur'an tungkol kay Hesus at sa kanyang ina, Maria (عليها السلام(**

Ang Allah ay nagwika: 《**At nang sabihin ng mga anghel: "O Maryam (Maria)! Katotohanan, ikaw ay pinili ng Allah, ginawang dalisay (mula sa Shirk [pagbibigay katambal sa Allah]) at ikaw ay pinili nang higit sa mga kababaihan ng Alamin (lahat ng nilikha).**》 (3:42)

Sinabi pa ng Allah: 《**Katotohanan! Ang kahalintulad ni Hesus sa (paningin ng) Allah ay katulad ni Adam. Siya ay Kanyang nilikha mula sa alabok pagkaraan (ang Allah) ay nagsabi:"Kun (Maging!) Fayakun (at nangyari nga).**》 (3:59)

Ang Allah ay muling nagwika: 《**O Angkan ng Kasulatan! Huwag lumampas sa hangganan ng inyong pananampalataya, at huwag magsabi ng anuman tungkol sa Allah maliban sa katotohanan. Ang Mesiyas Hesus, anak ni Maria, ay (hindi hihigit sa) isang Sugo ng Allah at ang Kanyang Salita (Mangyari, at nangyari nga!) na Kanyang ipinagkaloob kay Maria at ang kaluluwang nilikha Niya. Kaya maniwala sa Allah at sa Kanyang mga Sugo. Huwag sabihin ang: "Tatlo (Trinidad)!" Magtigil (kayo)! Higit na mainam ito para sa inyo. Dahil ang Allah ay (ang tanging) Isang Ilah (Diyos), sadyang napakalayo sa Kanyang Kabanalan (at Kaluwalhatian) ang pagkakaroon ng anak. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng lahat ng nasa mga kalangitan at ng lahat ng nasa kalupaan. At ang Allah ay Sapat bilang Tagapamahala ng lahat ng mga pangyayari.**》 (4:171)

## Mahal ng mga Muslim si Hesus at ang kanyang Ina na si Maria(ﷺ(

Si Hesus (ﷺ) ay malinaw na binanggit sa Banal na Qur'an sa labing-anim na magkakaibang tagpo. Sa isang tagpo, mula sa Surah (Kabanata) Al-Mai'da, talata 110 ang Allah ay nagsabi. ﴿**(Alalahanin) nang ang Allah ay magsasabi (sa Araw ng Pagkabuhay Muli): "O Hesus, anak ni Maria! Alalahanin ang Aking pagpapala sa iyo at sa iyong Ina nang ikaw ay Aking tangkilikin sa pamamagitan ng Ruh Al Qudus (Gabriel) upang ikaw ay mangusap sa mga tao mula sa iyong duyan (kamusmusan) at sa iyong tamang gulang at nang ituro Ko sa iyo ang (kakayahan ng) pagsulat, ang Hikmah (ang kakayahang unawain) ang Tawrat (Batas) at ang Injeel (Ebanghelyo) at nang gawin mo mula sa luwad (putik) ang isang hugis na tulad ng isang ibon sa (pamamagitan ng) Aking kapahintulutan at pinagaling mo ang ipinanganak na bulag at ang mga ketongin sa Aking Kapahintulutan. At nang panumbalikin mo ang buhay ng isang patay sa Aking Kapahintulutan at nang Aking sugpuin ang mga Angkan ni Israel laban sa iyo. (Nang sila ay maglayong ikaw ay kanilang patayin( nang ikaw ay dumating sa kanila na may malinaw na katibayan, at ang Kafirun sa kanila ay nagsabing: "Ito ay walang anupaman maliban sa isang hayag na mahika."** ﴾ (5:110)

Sa kabilang dako naman si Propeta Muhammad ay malinaw na binanggit sa Banal na Qur'an apat na beses lamang samantalang si Birheng Maria ang ina ni Hesus ay walong beses na binanggit at may isang natatanging Surah (kabanata) na ipinangalan sa kanya, ang Surah Mariam.

Ang Allah ay nagsabi mula sa Surah (kabanata) Al-Imran, talata 45: ﴿**(Tandaan!) nang sabihin ng mga anghel: "O Maryam (Maria)! Katotohanan, ang Allah ay nagbibigay sa iyo ng magandang balita ng isang Salita ("Maging! at nangyari nga") mula sa Kanya. Ang kanyang pangalan ay Mesiyas 'Issa (Hesus), ang anak ni Maryam (Maria). At (siya ay) may marangal na katayuan sa mundong ito at sa Kabilang Buhay. At (siya'y) mabibilang sa mga malalapit (sa Allah).**﴾

At bilang isang pamilya, sila ay binanggit din sa Banal na Qur'an ng tatlong beses at sila'y nabigyan natatanging karapatan sa pagkakaroon ng kumpletong Surah (Kabanata sa Banal na Qur'an) na ipinangalan mula sa kanila - ang Surah Al-Imran (ang Angkan ni Imran). At ito ay nakatatak na sa puso at isipan ng mga mananampalataya magpakailanman.

## Ang Islam at ang Pagpupunyagi

Ang isa sa pinakamaling pang-unawa sa mga Islamikong salita ay ang *Jihad*. Sa kasamaang-palad ang salitang *Jihad* ay ginagamit sa maling paraan at dahil dito' y marami sa tao ang nag-uugnay nito sa digmaan at terorismo. Ayon sa agham-wika ng wikang Arabik, ang kahulugan ng salitang Jihad ay pagpupunyagi, maging sa mabuti man o sa masama. Ang pangkalahatang kahulugan nito ay pagpipigil sa sarili, pagtutol sa pang-aapi at pag-uusig, o pagharap sa isang diktador.



Ang *Jihad* ay nangangahulugan din ng pagsisikap na militar. Ito ay makikita bilang huling pagsisikap upang wakasan ang paglapastangan sa karapatan ng iba, o kaya'y sugpuin ang anumang pananalakay. Maging sa panahon ng digmaan, ang mga Muslim ay inuutusang pangalagaan ang kanilang moralidad. Ang anumang uri ng matinding pagpapahirap ay ipinagbabawal. Ang pananakit sa mga sibilyan, kababaihan, mga kabataan at mga matatanda ay mahigpit ding ipinagbabawal sa panahon ng digmaan.

Ang Sugo ng Allah, na si Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Makipaglaban kayo sa Ngalan ng Allah, at para sa landas ng Allah… huwag kayong sisira sa anumang napagkasunduan, huwag mamutol ng anumang bahagi ng katawan, at huwag paslangin ang mga bata." (Muslim)

Ipinagbabawal din sa Islam ang pagwasak o paglapastangan sa mga pook-sambahan, pagpatay o pananakit sa mga hayop at ang paninira sa mga puno.

Noong nagkaroon ng labanan sa pagitan ng mga Muslim at di-Muslim, si Abu Bakr, ang unang Kalipa ng Propeta ﷺ ay nagbigay-payo sa kanyang mga komander at nagsabing:

“Pinag-uutusan ko kayo ng sampung bagay na dapat ninyong isapuso: Huwag magtaksil, mandaya (sa pamamagitan ng pagnanakaw ng mga labi ng digmaan), o sumira sa kasunduan. Huwag mamutol ng anumang bahagi ng katawan, huwag pumatay ng mga kababaihan, kabataan, o matatanda. Huwag bunutin o sunugin ang mga punong datiles. Huwag putulin ang mga punong-kahoy na namumunga, huwag pumatay ng mga tupa, baka o kamelyo malibang ito ay inyong kakainin. Makatatagpo kayo ng mga taong nasa loob ng kanilang monasteryo, kaya iwanan at pabayaan sila sa kanilang pananampalataya.” (Tabari, Vol.3)

Ang Propeta ﷺ ay nagsabi sa kanyang mga kasamahan ng ang pinakamainam na Jihad (pagpupunyagi) ay ang Jihad laban sa pagkamakasarili.

## Ang Islam ay isang Pananampalataya ng Kapayapaan

Ang kahulugan ng Islam ay pagsuko sa kalooban ng Allah, manindigan sa pagsunod sa Kanya, at maging malaya sa pagsamba sa iba bukod sa Kanya. Walang kabutihan maliban sa ipinag-uutos ng Islam, at walang kasamaan maliban sa ipinagbabawal nito. Ang pagsagawa sa katuruan ng Islam ay nagbibigay garantiya sa sinuman upang mamuhay nang matiwasay at mapayapa sa liwanag ng panuntunan nito, na nangangalaga sa karapatan ng lahat. Sinabi ng Allah:

﴾**Sabihin (O Muhammad): "Halina kayo, aking bibigkasin kung ano ang ipinagbawal sa inyo ng inyong Rabb (Panginoon): Huwag magtambal ng anupaman sa pagsamba sa Kanya; maging mabait at masunurin sa inyong mga magulang; huwag patayin ang inyong mga anak dahil sa karalitaan – Kami ang nagbibigay ng panustos para sa inyo at para sa kanila. Huwag lumapit sa Al-Fawâhish (mga imoral na kasalanan), maging lantad man o lihim; at huwag patayin ang sinuman na ipinagbawal ng Allâh, maliban sa isang makatuwirang dahilan (ayon sa batas ng Islam). Ito ay Kanyang ipinag-utos sa inyo upang kayo ay makaunawa. "At huwag lumapit sa mga ari-arian ng ulila, maliban upang pagbutihin ito, hanggang sa sumapit siya sa hustong gulang; at ibigay ang buong sukat at buong timbang nang may katarungan." – Hindi Kami nagbibigay ng pasanin sa sinumang tao malibang kanyang makayanan. – At kapag kayo ay magsalita, sabihin lamang ang katotohanan kahit pa man din hinggil sa malapit na kamag-anak. At tupdin ang Kasunduan ng Allâh. Ipinag-uutos Niya sa inyo ito upang kayo ay makaalaala.** ﴿ (6:151 - 152)

Sinabi ng Allah:

﴾**Katotohanan, ipinag-uutos ng Allah ang katarungan at mabuting asal at pagtulong sa mga kamag-anak, at ipinagbabawal ang kahalayan at masamang asal at pang-aapi. Binibigyan Niya kayo ng paalaala upang kayo ay makaunawa.**﴿ (16: 90)

Kaya ang Islam ay isang malawak na pananampalataya ng kapayapaan sa lahat ng mga kahulugan ng salitang ito. Ito ay tumutukoy sa panloob na pamantayan ng lipunang Muslim katulad ng sinabi ng Allah:

﴿**At yaong sinasaktan ang mga mananampalatayang kalalakihan at kababaihan nang di nararapat, babalikatin nila ang paninirang-puri at hayag na kasalanan.** ﴾ (33: 58)

Si Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Ang isang Muslim ay yaong binabantayan ang kanyang dila at kamay. At ang isang dumayo ay yaong lumalayo sa ipinagbabawal ng Allah." (Agreed upon)

Gayundin:

"Ang mananampalataya ay isang taong pinagtitiwalaan ng tao."

Nagkakaloob din ang Islam ng kapayapaan sa pandaigdigang pamantayan na itinatag sa pamamagitan ng mabuting ugnayan na nababatay sa kaligtasan, sa katatagan, at sa panuntunan ng Islam. Karagdagan nito, ang isang lipunang Muslim ay hindi lumalabag sa lipunan ng iba, lalo na yaong mga matatapat sa kanilang pananampalataya, ni hindi nag-aangkin ng pagkapoot sa mga tagasunod nito.

Ayon sa mga Salita ng Allah:

﴿**O kayong mananampalataya! Magsipasok sa Islam nang ganap at lubos, at huwag sundan ang mga yapak ni Satanas. Katotohanan, siya ay isang hayag na kaaway sa inyo.**﴾ (2: 208)

Ipinag-uutos ng pananampalatayang Islam ang katarungan at di-pang-aapi, maging yaong may galit sa kanila. Sinabi ng Allah:

﴿**O kayong mananampalataya! Laging tumindig nang matatag para sa Allah bilang mga makatarungang saksi. Huwag hayaan ang inyong pagkapoot sa ibang tao ang maging sanhi ng paglisan ninyo sa pagiging makatarungan. Maging makatarungan; ito ay malapit sa pagkamaka-diyos; at maging matakot sa Allah; katotohanan, batid ng Allah ang inyong ginagawa.**﴾ (5: 8)

Ang Kapayapaan, isa sa mga Pinupuring Pangalan ng Allah, ay nagsabi:

﴿**Siya ang Allah, walang tunay na diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Kanya, ang Hari, ang Banal, ang Ganap, ang Nagkakaloob**

**ng Katiwasayan, ang Tagapamahala, ang Makapangyarihan, ang Kataas-tasan. Luwalhatiin ang Allah! (Sadyang kay layo Niya) sa anumang kanilang itinatambal sa Kanya.﴿** (59: 23)

Ang Salaam (kapayapaan) ay isa sa mga pangalan ng Paraiso. Sinabi ng Allah:

**﴾Sa kanila'y (naghihintay) ang Tahanan ng Salaam (Kapayapaan - Paraiso) sa kanilang Rabb (Panginoon). At Siya ang kanilang magiging Walî (Tagatulong) dahil sa (kabutihang) dati nilang ginagawa.﴿** (6: 127)

Ang Salaam (kapayapaan) ang pagbati ng mga tao sa Paraiso. Sinabi ng Allah :

**﴾Ang kanilang pagbati sa Araw na makatatagpo nila Siya ay "Salaam", at Kanyang inihanda para sa kanila ang isang masaganang gantimpala﴿** (33: 44)

Ang Salaam ay siya ring pagbati ng mga Muslim sa bawa't isa – As-Salaamu 'Alaykom! Ito ay isang pagbati na nagbibigay ng katiwasayan, kapanatagan at kaginhawahan sa pagbati at sa binabati. Ito ay dahil na rin sa mismong nilalamang katiwasayan at kaligtasan ng pagbati. Ito ang itinatag ng Propeta ﷺ bilang isa sa mga pagganap ng pananampalataya ng Muslim. Kanyang sinabi

"Hindi kayo makapapasok sa Paraiso hangga't hindi kayo maniwala, at hindi kayo maniniwala hangga't hindi kayo magmahalan sa isa't isa. Sasabihin ko ba sa inyo ang isang bagay na kapag inyong ginawa ito'y magmamahalan kayo sa isa't isa ? Ipalaganap ang pagbati ng Salaam sa inyo. (Muslim)

Itinatag ni Propeta Muhammad ﷺ ang isa sa pinakamahusay na pagganap sa dahilang ang pagbating ito ay ipinaglalapit at pinalalambot niya ang puso kapag ito ang ibinibigay na pagbati o kaya'y marinig ito. Inaalis din ito ang di-pagkakaunawaan at suklam. Nang tanungin ang Propeta ﷺ kung ano ang pinakamahusay na bahagi ng Islam, siya ay sumagot:

"Ang pakainin ang mga dukha at bumati ng Salaam sa inyong mga kakilala at sa mga di ninyo kilala." (Bukhari at Muslim)

Kaya ang pananampalatayang Islam ay nagdala ng mga panuntunan at batas maging sa panahon ng digmaan, pag-aasawa, hinggil sa ekonomiya, politika, pagsamba, atbp. Ito ay para sa isang huwaran at malinis na lipunan sa pagpapatupad at pamamahala sa ugnayan ng isang Muslim sa kanyang Panginoon, lipunan at sa buong daigdig, maging ito ay pantao o pangkalikasan. Ang buong sangkatauhan ay hindi kayang magbuo ng katulad ng Islam. Ang isang Pananampalatayang may ganitong kalubusan at kalawak ay nararapat na yakapin, ipag-anyaya at igalang.

## Ang Islam at ang Lipunan

Ipinag-uutos ng Islam ang pangangalaga sa kapaligiran at pagbabawal sa anumang pamiminsala dito. Ito ay ipinaliwanag sa mga sumusunod:

- Hinihikayat ng Islam ang mga tagasunod nito sa pagtatanim ng mga makabuluhang halaman at puno na kapaki-pakinabang sa tao sa pang-araw-araw niyang pamumuhay. Ang Sugo ng Islam, na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Walang Muslim ang nagtanim ng puno o mga pananim, at ang mga bunga nito ay kinain ng ibon, tao, at hayop, na hindi itinuturing na isang kawanggawa ito mula sa kanya." (Bukhari)

- Hinihikayat ng Islam ang mga tagasunod nito sa pag-aalis ng anumang bagay na makapagdudulot ng pinsala. Ang Sugo ng Islam, na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ang mag-alis na anumang makapipinsala sa daraanan ay isang kawanggawa." (Bukhari)

- Naghihikayat ito sa pagkuwarantenas (quarantine) sa mga taong may nakahahawang-sakit upang maiwasan ang pagkalat nito sa iba pang lipunan at upang mapangalagaan ang buhay ng iba. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Kung may nabalitaan kayong epidemiya sa isang lugar, magkagayon huwag na kayong pumasok doon, at kung ang epidemiya ay nasa lugar kung saan kayo naroroon, magkagayon huwag na kayong lumabas dito." (Bukhari)

- Ipinagbabawal nito ang patuloy na pagpatay sa mga hayop at mga ibon. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Sinumang pumatay ng isang ibong maya nang walang dahilan, iiyak ito sa harapan ng Allah sa Araw ng Pagsusulit, 'O Allah, ang taong yaon ay pinatay ako nang walang dahilan at saysay. " (Nasa'i)

- Ipinagbabawal ng Islam na dumihan ang kapaligiran sa anumang paraan. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Katakutan ang dalawang bagay na nagbibigay dahilan sa tao upang sumpain ang iba." Ang kanyang mga kasamahan ay nagtanong: "Ano ang dalawang bagay na ito na nagbibigay dahilan sa tao upang sumpain ang iba?" Siya ay sumagot: "Ang pagganap sa tawag ng kaliksasan (pagdumi o pag-ihi) sa mga daanan ng tao o kaya'y sa mga lilim na kung saan sila sumisilong (upang magpahinga)." (Muslim)

## Ang Islam at ang Kalinisan

Ang Islam ay relihiyon ng kalinisan.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**O mga anak ni Adam! Magpalamuti (sa pamamagitan ng malinis na kasuotan), sa oras ng pagdarasal sa bawa't Masjid at magsikain at magsi-inom nguni't huwag mag-aksaya. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mga mapag-aksaya.**﴿ (7:31)

Ito rin ay relihiyon ng kadalisayan. Ang Allah ay nagwika: ﴾**Katotohanan, minamahal ng Allah ang lagi nang nagbabalik-loob sa Kanya (sa pagsisisi( at minamahal ang mga nagpapadalisay sa kanilang mga sarili.** ﴿ (2:222)



*Ang 'Patyo ng mga Leon" sa palasyo ng Alhambra ay itinayo sa kasalukuyang panahon ng Espania, na higit na kilala sa pangalang Andalusia, na minsan ay pinamahalaan ng mga Muslim.*

Ang kadalisayan ay isang kundisyon sa pagdarasal ng mga Muslim upang ito ay katanggap-tanggap. At ang pagdarasal ay isang gawaing pagsamba na ginagawa ng mga Muslim limang beses sa isang araw. Itinatagubilin din ng Islam ang kumpletong paliligo (ghusul), sakali mang nagkaroon ng paglabas ng semilya (ejaculation) o pakikipagtalik sa asawa bago isagawa

ang mga uri ng pagsamba na sadyang hayag na simbolo ng Islam, katulad ng pagdarasal tuwing araw ng Biyernes, (Jummah prayer) at ang paglalakbay sa Makkah (maging Hajj man o Umrah).

Winika ng Allah sa Banal na Qur'an: ﴿**O kayong mananampalataya! Kung kayo ay maglayong magsagawa ng Salaah, hugasan ang inyong mga mukha, mga kamay (braso) hanggang mga siko, haplusin ng basang kamay ang inyong mga ulo at hugasan ang inyong mga paa hanggang bukung-bukong. Kung kayo ay nasa kalagayan ng Janaba (pagkatapos ng pakikipagtalik) gawing dalisay ang inyong mga sarili (sa pamamagitan ng paliligo ng buong katawan). Nguni't kung kayo ay may karamdaman o kaya'y nasa oras ng paglalakbay o sinuman ang nanggaling mula sa likas na tawag ng pangangailangan, o nagkaroon ng pakikipagtalik sa mga kababaihan at (sa gayong pagkakataon) ay wala kayong matagpuang tubig, magsagawa ng Tayammum sa pamamagitan ng malinis na lupa at ito ay ihaplos (idampi) sa mukha at mga kamay. Hindi nais ng Allah na kayo ay magdanas ng kahirapan nguni't nais (lamang) Niyang kayo ay maging malinis, at gawin Niyang lubos ang pagpapala sa inyo upang kayo ay (matutong) magpasalamat.**﴾ (5:6)

Hinihikayat din ng Islam ang palagiang paghuhugas ng kamay upang maging malinis ito bago kumain. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Pinagpapala ang pagkain kapag hinuhugasan ang kamay bago at pagkatapos kumain." (Tirmidhi)

Ipinapayo ng Islam ang pagpapanatili ng malinis na bibig at mga ngipin. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Kung hindi ko lamang nakitang mahirap gawin para sa aking mga tagasunod, iniutos ko sana sa kanila na linisin ang kanilang mga ngipin bago tugunin ang bawa't pagdarasal." (Bukhari)

Hinihikayat din ng Islam ang palagiang paglilinis sa mga lugar kung saan ay maaaring pamahayan ng mga mikrobiyo at karumhan. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ay nagsabi: "May limang bagay na likas para sa kalinisan ng tao; pagtuli, ang pag-ahit ng balahibo (pubic hair) sa maselang bahagi ng katawan, ang pag-alis ng buhok sa kilikili, ang paggupit ng bigote at paggupit ng mga kuko (sa mga kamay at paa)." (Bukhari)

## Ang Islam at ang Kaalaman

Ang Relihiyong Islam ay nag-aanyaya sa lahat ng tao upang maghanap at magdagdag ng kaalaman, pinupulaan nito ang kamangmangan at nagbibigay-babala ito laban sa pagtalikod sa pag-aaral.

Ang Allah ay nagwika:

**﴾Itataas ng Allah sa antas ng sinuman sa inyo na (tunay na) mananampalataya at yaong mga pinagkalooban ng kaalaman.﴿** (58:11)

Itinuturing ng Islam na ang paghahanap ng kaalaman, pagsisikap na matuto, at pagtuturo ng kaalaman ay isang paraan upang makapasok sa Jannah (Paraiso). Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Sinumang maghanap ng kaalaman patungo sa landas ng Allah, ang Allah ay gagawing madali para sa kanya ang daan patungo sa Paraiso." (Abu Dawud)

Ipinagbabawal ng Allah ang pagtatago ng kaalaman, sapagka't ito ay isang tungkulin ng bawa't isa na hanapin. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Sinumang magtago ng kaalaman ay bubusalan ang kanyang bibig ng isang busal ng Apoy sa Araw ng Pagbabangong-Muli." (Ibn Hibbaan)



*Ipinakikita ng larawang ito ang isang aspeto ng makabagong teknolohiya. Hindi susulong ang makabagong teknolohiya na nakikita sa ngayon kung hindi dahil sa Islamikong kultura.*

Kinikilala ng Islam nang may mataas na paggalang ang mga paham at inuutusan nito ang mga Muslim na bigyan sila ng kaukulang pitagan. Ang Sugo ng Islam na si Muhammad ﷺ ay nagsabi:

"Hindi kabilang sa aking mga tagasunod, ang sinumang hindi marunong gumalang sa nakatatanda sa kanya, yaong hindi marunong magpakita ng habag sa nakababata sa kanya, at yaong hindi marunong magbigay ng kaukulang pitagan sa mga pantas." (Ahmad)

Ang Sugo na si Muhammad ﷺ ay ipinabatid sa atin ang katayuan at kalagayan ng mga pantas (ng Islam) sa pamamagitan ng kanyang mga sinabi:

"Ang kahusayan ng mga pantas (ng Islam) sa mga karaniwang tao ay katulad ng aking kahusayan sa pinaka-karaniwan sa inyo." (Tirmidthi)

## Ang Bunga ng Islamikong Pamumuhay sa Makabagong Agham



Sinumang magnilay-nilay sa dahilan ng mabilis na pagsulong sa ngayon ng makabagong agham at teknolohiya ay tiyak na aaminin na ito ay dahil sa Islamikong kabihasnan na nagparating at nagpakilala ng maraming mahahalagang kaalaman at nagdulot ng maraming pantas.

**Si C.H. Haskins**[7] ay nagsabi: «Hindi maipagkakailang katotohanan na ang mga Arabo sa Espanya ang naging pangunahing pinagkunan ng makabagong kaalaman ng Kanlurang Europa.»


Sila ang naglagay ng mga panuntunan na kung saan sumulong ang makabagong kabihasnan. Sinumang magsuri sa *Dictionary of Technical Terms for Aerospace* [8] ay tiyak na magpapasiya na ang animnapung porsiyento ng mga kilalang buntala (stars) sa kalawakan ay binigyang pangalan mula sa wikang Arabik.

Ang mga aklat at mga akda ng mga sinaunang pantas na Muslim ay mga pangunahing pinagkunan ng mga teksto na nagdulot ng kapakinabangan sa Kanluran, lalo na sa mga taga-Uropa na ginamit ang mga ito sa panahon ng tinatawag na *'Renaissance Period'*. Marami sa mga tekstong ito ay ginamit ng mga unibersidad sa Europa.

Si **Marquis of Dufferin** at **Ava** ay nagsabi: 'Ang pag-ahon ng Europa mula sa kadiliman noong panahon na tinatawag na “Middle-Ages” ay utang nila sa agham, sining at literatura ng *Mussulman (Muslim)*[9].»



*Ipinakikita sa larawang ito ang makalumang disenyo (12th century model) ng 'Solar System' mula sa Baghdad.*




*Ang Siyentipikong kaalaman na nagmula sa India, China at ang «Hellenistic World» ay hinanap ng mga pantas na Muslim at kanilang isinalin, isinaayos at pinunan sa iba't ibang sentro ng Islamikong paaralan kung saan ang mga kaalamang ito ay lumaganap hanggang sa kanlurang bahagi ng Europa. (History of Medicine, Arab roots of European Medicine, David W. Tschanz, MSPH, PhD. Tingnan din sa: : www.hmc.org.qa/hmc/heartviews/H-V-v4%20N2/9.htm*



*Ang Astrolabe: Ito ay isang mahalagang kagamitan na naimbento ng mga Muslim para sa paglalayag. Ang mga mga lugar ng mga hinubog na pako sa harapan ng plato, ang siyang mga tanda ng tamang posisyon ng pinakamaliwanag na bituin. Ang pangalan ng mga bituin ay nakalagay sa bahaging ibaba ng bawa't pako. Ang likod ng plato, o ang tinatawag na "mater" ay nakaukit ang mga magkatugmang nakatudlang guhit (projected coordinate lines). Mula sa Whipple Museum of the History of Science in Cambridge.*

Si **J.H. Denison** ay nagsabi:

Sa panahon ng ika-lima at ika-anim na siglo ang sibilisasyon ng mundo ay nasa kalagayan ng matinding kaguluhan. Ang makaluma at madamdaming kultura na siyang naging daan upang marating ang sibilisasyon, na siyang nagbigay sa tao na magkaroon ng pagpapahalaga sa pagkakaisa at ng pitagan sa kanilang mga pinuno, ay nagiba at walang nakitang anumang sapat na pamalit dito. Sa mga panahong yao'y tila nasa bingit ng pagkabuwag ang isang matatag na sibilisasyon na inabot ng libo-libong taon upang itayo, at ang sangkatauhan ay malamang na manumbalik

sa isang katayuan ng kabarbaruhan *(Barbarism)* kung saan ang bawa't tribu at sekta ay magkalaban, at walang kinikilalang batas at tuntunin. Ang makalumang pamantayan ay nawalan ng kanilang karapatan. Ang makabagong pamantayan gawa ng Kristiyanismo ay gumawa ng paghati-hati at pagwasak sa halip na pagkakaisa at kaayusan. Ito ang panahon na puno ng kapighatian at trahedya. Ang sibilisasyon ay katulad ng isang malaking punongkahoy kung saan ang mayabong na dahon nito'y inabot ang buong mundo at ang mga sanga nito'y nagbunga ng malagintong prutas ng kaalaman, agham, at literatura – nakatayong pagiray-giray...bulok ang pinakabuod nito. Nagkaroon pa bang makapukaw-damdaming kultura na kayang ipunin ang sangkatauhan sa pagkakaisa at iligtas ang sibilisasyon? Mula sa mga taong ito'y isinilang ang taong si Muhammad ﷺ upang pag-isahin ang buong mundo ng silangan at kanluran[10]

Ang mga Muslim ay nanguna sa lahat ng larangang teknikal, siyentipiko at pangkaisipan. Magbabanggit tayo dito ng ilan sa mga magigiting na pantas sa iba't ibang larangan.

- **Al-Khawarizmi** (***780-850CE***) Isa siyang dalubhasang paham sa larangan ng mathematics, algebra, logarithms at geometry. Siya ay isa sa mga mahuhusay na mga mathematician na nabuhay sa daigdig. Sa katunayan, siya ang nagtatag maraming sanga at mga pangunahing konsepto ng mathematics. Siya din ang nagtatag ng Algebra.

- **Al-Biruni** (***973–1050AD***) Isa siyang magiting na iskolar sa maraming larangan. Nagsulat siya ng iba't ibang paksa na umaabot sa mga larangang astronomiya hanggang sa matematika, matematikang pang-heograpiya hanggang sa araling pang-makina, *pharmacology* at kasaysayan. Ipinaliwanag ni Al-Buruni ang tiyorya ng pag-ikot ng mundo sa sarili nitong ehe (axis) animnaraang taon bago pa si Galileo.

Ang German Orientalist na si **E. Sachau** ay nagsabi tungkol kay Al-Buruni:

«Siya ang dakilang pantas (greatest intellectual) na nakilala ng tao.»

Bilang mga Muslim sinasabi natin na ang dakilang pantas o maalam sa lahat ng tao ay si Propeta Muhammad ﷺ .

Sa larangan ng medisina at parmasya, ang mga pantas na Muslim ay nag-iwan ng malaking kaalaman ng kanilang mga gawa, na siya namang

ginagamit ngayon sa makabagong panahon ng medisina. Ang ilan sa mga pantas na ito ay sina:

- Si **Ibn Rushd** (***Averroes 1126-1198 CE***) ay isang *Andalusian* philosopher at manggagamot, dalubhasa sa pilosopiya at sa batas Islamiko, matematika at panggagamot.

- Si **Ibn An-Nafees** (***1213-1288 CE***) ay isang doktor na kilalang-kilala bilang unang nagpaliwanag ng *pulmonary circulation of the blood*. Siya ang nakatuklas ng blood circulation (ang pagtakbo ng dugo) mga sandaang-taon bago pa ang Ingles na si Harvey at ang Kastilang si Michael Servetus.

- Si **Am'maar b. Ali al-Mo'sili bin Eesa al-Kah'haal** ay magaling at mataas ang kaalaman sa larangan ng *Ophthalmology*. Nag-imbento rin niya ng mga natatanging instrumento na ginagamit sa mga operasyon, katulad ng *«Injection Syringe»*, isang may-guwang na karayom.




*Anatomiya ng Mata - ang larawang ito ay kinuha sa isang aklat ng isang Muslim na doctor noong unang panahon.*



*Paraan ng pagkuha ng gamot. Ang larawang ito ay kinuha mula sa isang aklat ng isang parmasyutiko noong unang panahon.*

- Si **Al-Hasan b. al-Haitham** (***Alhazen 965-1040 AH***) ay isang ring dalubhasa sa matematika. Siya ang unang nagbukas ng landas sa larangan ng optika (optics), engineering at astronomia. Ayon kay Giambattista della Porta, si

Al-Hasan ang unang nagpaliwanag ng kapuna-punang paglaki ng sukat ng buwan at araw kapag malapit sa horizon. Ang kanyang pitong aklat sa optika, *Kitab al-Manadir* (Mga Aklat Hinggil sa Optika) ay siya na marahil ang naging batayan ng pinakaunang mga gawa na gumamit ng siyentipikong pamamaraan. Ginamit din niya ang resulta ng eksperimento upang patunayan ang mga teoriya.



Ang pagdaloy ng dugo at ang panloob na bahagi ng katawan ng tao. Isang larawan kinuha mula sa isang aklat ng isang Muslim na doktor noong unang panahon.

- Sina **Al-Mansoori** at **Abu Bakr Ar-Razi** ay mga bantog at mahuhusay na manggagamot. Gumawa sila ng mga saligan at pamalagiang tulong sa larangan ng medisina at pilosopiya.

- Sina **Muwaf'faq al-Baghdadi** at **Abul-Qasim az-Zahrawi** ay mga kilalang dalubhasa sa larangan ng *Dental Practices*. Sumulat sila ng mga aklat tungkol dito, at naglagay sila ng mga larawan ng mga kagamitan sa paninistis o operasyon at pagpapaliwanag kung paano gamitin ang mga kasangkapang ito.



Ang mapa ng mundo – isang larawang kinuha mula sa isang aklat ng isang pantas na Muslim na .dalubhasa sa Heograpiya

Sa larangan ng heograpiya (geography) at heologiya (geology) maraming bantog na pantas ang maaari nating banggitin, ang ilan sa kanila ay sina:

- **Shareef al-Idrisi** (***1100-1165 H***) ay isang *cartographer, geographer* at manlalakbay. Siya ay kilala dahil sa kanyang mga mahuhusay na mapa ng mundo. Nag-imbento rin siya ng mga kagamitang ginagamit sa paglalayag.

Marami ang pantas na Muslim na nakibahagi at nakapag-ambag nang malaki sa pag-angat ng makabagong sibilisasyon. Sinumang nagnanais ng karagdagang kaalaman ay nararapat na basahin ang mga aklat na nailimbag nang partikular sa paksang ito. Maraming pagkakataon na naganap, na ang mga pananaliksik na isinulat ng mga Muslim ay inangkin at ipinangalan sa ibang tao.

Si **Major Arthur Glyn Leonard** ay nagsabi: Hindi ba tayo ang nagtuturing sa ating mga sarili sa ngayon na tayo ang may pinakamataas na kultura at kabihasnan, at ating kinikilala na kung hindi sa mataas na kultura, kabihasnan at katalinuhan katulad ng kaningningan ng pamayanan ng mga Arabo at ang kagalingan ng kanilang sistema, ang Europa hanggang sa mga araw na ito ay mananatili sa pagkalublob sa kadiliman ng kamangmangan?[11]

## Ang Kahalagahan ng Kabihasnang Islamiko


- Ang paghahanap ng kaalaman ay isang tungkuling panrelihiyon. Na siyang ipinag-uutos ito ng Islam sa mga Muslim.
- Ang mga pantas na Muslim noong unang panahon ay ginagamit ang kanilang kaalaman upang palakasin ang pananampalataya ng tao, na siya namang kabaliktaran ng mga pantas sa ngayon na ginagamit ang kanilang kaalaman upang pahinain paniniwala ng tao sa Diyos.
- Ang mga pantas na Muslim noong unang panahon ay ginagamit ang kanilang kaalaman upang tulungan ang sangkatauhan, na siyang kabaliktaran sa karamihan ng mga pantas sa ngayon na gimagamit ang kanilang kaalaman sa pagsasamantala at sa makasariling layunin.

  Ang mga siyentipiko sa panahong ito ay umimbento ng mga bombang atom at hydrogen at iba pang uri ng sandatang maaaring magwasak nang marami (mass destruction); pagkaraa'y  hinahadlangan nila ang ibang magkaroon nito sa pagtatangka nilang pamahalaan at kamkamin ang kayamanan ng mundo.
- Ang mga pantas na Muslim noong unang panahon ay nagpalaganap ng kanilang kaalaman upang ang tao ay makinabang mula rito, na siya namang kabaliktaran sa ibang pantas na itinatago ang kanilang kaalaman para sa sariling kapakanan o para sa sariling bansa at pigilan ang ibang magkaroon nito.
- Ang mga pantas na Muslim noong unang panahon ay naglayon upang makamtan ang Habag ng Allah at ang Kanyang mga biyaya, na siya namang kabaliktaran ng mga pantas sa kasalukuyang panahon na nagsusumikap upang makamtan ang materyal na kapakinabangan sa kanilang pagtuklas.



## Mga Paksang Pang-agham sa ilang Talata ng Banal na Qur'an

Ang Allah ay nagwika:﴿**Katotohanan, sa pagkakalikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, at sa pagsasalitan ng gabi at araw, at ang mga sasakyang-dagat na naglalayag sa karagatan na may pakinabang sa sangkatauhan, at ang tubig (ulan) na ibinaba ng Allah mula sa langit at (ito) ay nagbigay buhay sa dati'y tigang na lupa at ang lahat ng uri ng mga hayop (nilikhang) nangagkalat mula roon at ang paiba-ibang ihip ng mga hangin at mga ulap na namumuo sa pagitan ng langit at lupa, ito ay mga palatandaan para sa mga taong may pang-unawa.** ﴾ (2:164)




*Ipinapakita ng larawang ito ang galaxy na naglalaman ng ating solar system.*

Ang Banal na Qur'an ay ipinahayag kay Propeta Muhammad ﷺ na hindi nakapag-aral. Hindi siya marunong bumasa ni sumulat. Ang karamihan sa kanyang mamamayan at angkan ay hindi rin nakapag-aral. Kaya naman, papaano gagawa ang isang taong katulad niya ng isang Payahag na makapagdudulot ng pagkamangha sa mga pinakamahuhusay at pinakamagagaling sa tao.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**Sabihin: «Kung ang Sangkatauhan at Jinn ay magkasama upang kumatha ng katulad ng Qur'an, hindi nila magagawang kumatha ng katulad nito, kahit sila ay magtulungan pa sa isa't isa.**﴿ (17:88)




*Hinahamon ng Allah ang lahat na maglabas ng anumang katulad ng Banal na Qur'an. Tandaan na ang pinaka-maikling kabanata sa Banal na Qur'an ay kinabibilangan lamang ng sampung salita.*

Ang Propeta ﷺ at ang karamihan sa kanyang mga kasamahan ay mga mahihirap, at kanyang binibigkas sa kanila ang mga talata mula sa Banal na Qur'an na naglalaman ng mga siyentipikong bagay. Makalipas ang mahigit na 1400 taon nang ipahayag ang Banal na Qur'an, ang makabagong siyensiya ay natuklasan lamang ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng mga makabagong kagamitan.

Sinabi ni **Thomas Carlyle:**


'Ang isang mangmang ay nakatagpo ng relihiyon? Bakit, ang isang mangmang na tao ay hindi kayang magtayo ng bahay na bato! Kung hindi niya alam ang anumang dapat gamitin at anumang dapat gawin, hindi isang bahay ang kanyang magagawa bagkus isang bunton ng basura. Hindi ito tatagal na nakatayo nang labing-dalawang siglo, upang mapuno ng isandaan at walumpung-milyon; katiyakang ito ay babagsak kaagad-agad.'[12]

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Simula ng Sandaigdigan

Ang Allah ay nagwika:

**﴾Tanging ang Allah ang nagpasimula ng paglikha, pagkaraa'y Kanyang uulitin ito, at pagkaraa'y sa Kanya kayo muling ibabalik.﴿ (30:11)**

Malinaw na ipinahayag ng Allah sa talatang ito na Siya lamang ang lumikha ng anumang bagay sa sansinukob mula sa wala. Ito ay nasusulat sa Banal na Qur'an, isang banal na pahayag mula sa Allah. Ipinahayag ng Allah ang pagkakalikha Niya sa sansinukob:




*Ito ay isang aktuwal na larawan ng isang buntala (star) na namuo mula sa interstellar matter.*

**﴾(Siya ang Tanging) Tagapagsimula ng mga kalangitan at ng kalupaan. Kung Kanyang itakda ang isang bagay, Siya ay nagsasabi lamang ng: "Kun" [Maging] "Fayakun" [at mangyayari nga].﴿** (2:117)

Sinasabi sa atin ng Allah sa talatang ito na ang sansinukob ay nilikha mula sa wala, at ang lahat ng pangyayari bago pa ang pagkakalikha nito ay mula sa di-nakikitang daigdig, kung saan ang Allah lamang ang nakababatid. Ang talino ng tao ay hindi kayang tantuin at unawain ang anumang nilalaman ng unang pagkakalikha nito, sapagka't hindi ipinagbigay-alam ng Allah sa atin ang kaalaman tungkol dito. Ang tanging kayang ilahad ng tao hinggil sa *Ecological Systems* ay mga haka-haka at teorya.

Ang Allah ay nagwika:

《**Hindi Ko sila ginawang saksi sa paglikha ng mga kalangitan at ng kalupaan at (hindi sila saksi) maging sa pagkakalikha Ko sa kanilang mga sarili, at hindi Ko ituturing ang mga mapanlinlang bilang Adudan (katulong).** 》 (18:51)




*Ipinakikita sa larawang ito ang paglawak ng sansinukob.*

Ang Allah ay muling nagwika:

《**Hindi ba nababatid ng mga di-naniniwala na ang mga kalangitan at ang kalupaan ay magkadugtong bilang iisang piraso, pagkaraa'y Aming pinaghiwalay ito? At ginawa Namin mula sa tubig ang bawa't bagay na may buhay?. Hindi pa ba sila maniniwala pagkaraan nito?**》 (21:30)

**Ipinakikita sa larawang ito ang ating galaxy at ilang mga planeta.**




Ang talatang ito ay walang alinlangang tumutukoy sa katotohanang ang Allah ang Siyang lumikha sa sansinukob mula sa iisang bagay, at Siya ay May-Kakayahan sa lahat ng bagay. Pagkaraa'y inutusan ng Allah ang isang bagay na ito na mahati at mabiyak at nangyari nga, at naging isang ulap na usok. Mula sa usok na ito'y nilikha ng Allah ang mga kalangitan at kalupaan.

Ito ay ipinahayag sa Banal na Qur'an.

Ang Allah ay nagwika:

**﴾Sabihin (O, Muhammad): "Kayo ba'y sadyang hindi mananampalataya sa Kanya na Siyang lumikha sa kalupaan sa dalawang Araw ? At kayo'y nagtayo ng karibal o katambal (sa pagsamba) sa Kanya? (Samantalang) Siya ang Panginoon ng lahat ng nilikha. Siya ang nagtirik doon sa ibabaw (ng lupa) ng mga matatatag na kabundukan at ito ay Kanyang pinagpala at sinukat ang (kaukulang laman ng) kabuhayan doon (inilaan sa mga maninirahan doon) sa apat na Araw (lahat ng apat na 'araw' na ito ay magkakatulad sa haba ng oras) para sa lahat ng mga (taong) nagtatanong (hinggil sa pagkakalikha nito). At pagkaraan, Siya ay pumaitaas (istawa) sa dako roon ng kalangitan nang ito ay isa pa lamang usok, at sinabi Niya dito at sa kalupaan : "Halina kayong dalawa nang may kusang pagtalima o walang kusang pagtalima." At sila ay nagsabi: "Kami ay kapwa kusang tumatalima."At pagkaraa'y Kanyang binuo at tinapos ang paglikha sa kanila (bilang) pitong kalangitan sa dalawang Araw at ginawa Niya ang bawa't kalangitan nang may sariling pangyayari (na magaganap). At Aming ginayakan ang pinakamababang (palapag ng) kalangitan ng mga lampara (bituing nagluluningning) upang maging palamuti at tagapagbantay (laban sa mga demonyo). Yaon ang mga Tadhanang itinakda (at pinagtibay) Niya. Siya ang Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maalam.﴿** (41:9-12)

Ang makabagong Astrophysicists ay nagpatunay na ang buong kalawakan ay nagmula sa iisang bagay, ang bunga ay naging kilala sa ngayon na Big *Bang Theory*.[13]

Ang Allah ay nawika:

**﴾At pagkaraan, Siya ay pumaitaas (istawa) sa dako roon ng kalangitan nang ito ay isa pa lamang Usok, at sinabi Niya dito at sa kalupaan : "Humayo kayong dalawa nang may kusang pagtalima o walang kusang**

**pagtalima." At sila (ang kalangitan at kalupaan) ay nagsabi: "Kami ay kapwa kusang tumatalima."** ﴾ (41:11)

Ang talatang ito ay nagpapatunay na ang kalangitan, sa una nitong mga yugto ay katulad ng usok; na siya din namang pinagtitibay ng makabagong siyensiya.

Si **James H. Jeans** ay nagsabi: Natuklasan namin, katulad ng unang haka-haka ni Newton, ang isang «chaotic mass of gas" na magkatulad ang kapal at sadyang napakalawak nito ay tunay na mabuway; na maaaring mahubog dito ang nuclei, na sa paligid nito'y ang bagay ay maaaring mabuo sa dakong huli.[14]



*Ipinakikita sa larawang ito ang aktuwal na resulta ng pagsabog ng isang buntala (star) sa kalawakan.*

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Paglawak ng Sansinukob.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At Aming itinayo ang mga kalangitan sa sarili Naming mga Kamay. At Katotohanan, Kami ang panay na magpapalawak dito.**﴿ (51:47)


Sinabi pa ng Allah: ﴾**At (alalahanin) sa Araw na kapag Aming ilulon ang kalangitan katulad ng binalunbon na kasulatan. Katulad ng Aming unang paglikha, ito ay Aming uulitin. (Ito ay) isang pangako (na pinagtibay) Namin. Katotohanan, Aming gagawin ito.** ﴿ (21:104)

Ang Allah ay muling nagwika: ﴾**Sa Araw (na yaon) kapag ang kalupaan ay baguhin sa isa pang kalupaan at maging ang mga kalangitan, at sila (lahat ng nilikha) ay lilitaw sa harapan ng Allah, ang Nag-iisa, ang di-Mapaglalabanan.** ﴿ (14:48)

Pinatototohanan ng mga talatang ito na ang sansinukob na ating ginagalawan ay patuloy na lumalaki sa kalawakan. Kung babalikan natin ang unang panahon, ay makikita natin na ang mga daigdig ay lumitaw sa tinatawag na Primeval Atom (iisa, kauna-unahang atomo) o ang tinatawag na cosmic egg. Pagkaraa'y, sa kautusan ng Allah, ito ay sumabog at naging isang mala-ulap na usok na mula rito'y nabuo ang mundo at ang mga kalangitan. Ang sansinukob ay patuloy na lumalaki sa kalawakan at ito'y hihinto lamang sa paglawak sa pag-uutos ng Allah. Pagkaraa'y mabubuwag ang sansinukob sa sarili nito at minsan pang magbabalik sa pagiging atomo. Ang pagsabog at pagbuo ay muling magaganap, at ang langit, di tulad ng ating kalangitan, o ang mundo na di katulad ng ating mundo ay mabubuo. Sa yugtong ito, ang buhay sa daigdig ay magwawakas, at ang tagpo (ng panibagong buhay) sa Kabilang Buhay ay magaganap. Ang lahat ng mga yugtong ito ay binanggit sa Banal na Qur'an. Kahi't gaano pa ipaliwanag ng sinuman ang lahat ng detalye ng paksang ito gamit ang makabagong siyensiya, ito ay nabanggit na sa Banal na Qur'an na ipinahayag 1400 na taon na ang nakalipas! Ito ay nagpapatunay lamang na ang Banal na Qur'an ay tunay na salita ng Allah, na ipinahayag kay Propeta Muhammad at kanya namang itinuro sa mga tao ang mga bagay na ito sa panahong wala pang nakauunawa

sa mga ito. Nalaman lamang ng tao ang mga bagay na ito makalipas ang maraming siglo.

Ang mga *Astronomers* ay natuklasan na ang sansinukob ay patuloy sa paggalaw nito, at ito ay lumalawak. Ito ay natuklasan sa pamamagitan ng pag-aaral sa tinatawag na *Galaxies* at ang mga malalayong *Celestial Bodies*. Ang Amerikanong astronomer na si Vesto M. Slipher, na nag-aral sa *spectra of galaxies*, ay napansin na ang *spectral lines* ng ilang malapit na systems ay nagbago tungo sa higit na mahahabang *wavelength*. Ang pagbabagong ito sa *wave-length* ay nagpapakita ng pag-urong ng halos lahat ng galaxie palayo mula sa *Milky Way* sa ilang daang kilometro bawa't segundo. [15]



*Ipinakikita sa larawang ito na ang pagitan ng galaxies o lupon ng galaxies ay patuloy na lumalaki kaya naman ang sansinukob ay patuloy na lumalawak.*

Ang Amerikanong astronomer na si Edwin Hubble ay pinatotohanan din na ang sansinukob ay lumalawak, at habang lumalayo ang isang *galaxy*, lalong bumibilis ang pag-urong nito; at ang pag-urong nito ay ayon sa agwat ng layo nito.[16]

Sa pamamagitan nito ay makikita natin na ang mga dalubhasa sa astronomiya ay pinagtitibay ang patuloy na paglawak ng sansinukob. Ang paglawak na ito ay magpapatuloy hanggang sa ang *gravity* ay mawala na ang paghatak nito at ang mga buntala ay kumalat sa sansinukob na hahantong sa katapusan ng mundo.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Kapag ang kalangitan ay magkabiyak-biyak. At kapag ang mga bituin ay magkawatak-watak.**﴿ (82:1-2)

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa mga Bagay sa Kalawakan *(Celestial Bodies)*

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Ang Allah ay Siyang nagtayo ng mga kalangitan na inyong nakikitang walang haligi.**﴿ (13:2)

Ang makabagong panahon ng pag-aaral tungkol sa sansinukob ay nagpapatunay na may pambihirang lakas sa anumang bagay (matter), sa sangkap nito at ang tinatawag na *celestial bodies*. Kayang wasakin at likhain muli ito ng Allah. Ang mga siyentipiko ay natuklasan ang iba't ibang uri ng malalakas na enerhiya na dumadaloy sa mga kalangitan at kalupaan:

- **Strong nuclear energy:** Ang enerhiyang ito ay nagtatangan ng *sub-atomic particles* nang magkakasama; at kabilang dito ang *protons, electrons at neutrons.*
- **Weak nucleon energy:** Ang nuclear-enerhiyang ito ay nagiging sanhi ng ilang uri ng radioactive decay.[17]
- **Electromagnetic energy:** Ito ang enerhiya na nagbibigkis ng mga atomo sa loob ng isang bagay (matter), at nagbibigay din ito sa bawa't isa ng sari-sariling katangian.
- **Gravity:** Ito ang pinakamahinang uri ng enerhiya na kilala natin, nguni't sa kalauna'y nagsisilbi itong sentro ng uri ng enerhiya, sapagka't pinananatili nito sa sari-sariling posisyon ng lahat ng bagay sa kalawakan o ang tinatawag na *celestial bodies.*[18]

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At Siya ang lumikha ng gabi at ng maghapon, at ang araw at ang buwan, bawa't isa ay lumulutang sa pag-inog..** ﴿ (21:33)

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At ang araw ay umiinog sa (kanyang sariling) daan para sa naitakdang panahon. Ito ang Takdang Kautusan ng Ganap na Makapangyarihan, ang Lubos na Maalam. At ang buwan; Aming itinakda para sa kanya (ang sariling) kinahihimpilan hanggang ito ay makabalik tulad ng baluktot na lumang tuyot na sanga ng puno ng datiles. Hindi maaaring lagpasan ng araw ang (pag-inog ng) buwan, gayundin ang gabi na mahigtan (lagpasan) ang araw. Lahat sila ay nakalutang, na ang bawa't isa ay (nasa kani-kanilang naitakdang) landasin (daan [ng pag-inog]).** ﴿ (36:38-40)

Sa talatang ito sinabi ng Allah na ang araw ay naglalakbay sa tiyak na direkyon. Noong una, ang araw ay sinasabing hindi gumagalaw. Ang mga *cosmologist* at *astronomers* sa ngayon ay nagpapatunay na ang araw ay gumagalaw sa tiyak na landasin. Ang lahat ng mga buntala sa *solar system* na ito ay gumagalaw katulad ng mga satellite. Ang inog ng mundo (Earth) ay sumasabay sa pag-ikot ng mga planeta.



*Ang Whirlpool Galaxy (kilala din bilang Messier 51, M51, o NGC 5194) ay isang malaki at magandang disensyo sa kalawakan na kinabibilangan ng maraming buntala at iba pang pulutong na kumikilos ang bawa't isa sa isang paikot na sistema na nagmumula sa gitna. Ito ay tinatawag na Spiral Galaxy na matatagpuan sa layong 23 milyon light years sa constellation.*

Ang Allah ay nagwika: ﴿**(Pinatutunayan Ko) Sa (pamamagitan ng) mga kalangitan na puno ng mabituing daraanan.** ﴾ (51:7)

Sa Arabik ang salitang '*Hubuk*' (halimbawa: mabituing daanan) ay may higit sa isang:

- **Ang katumpakan** sa **pakakalikha:** Ang mga astronomer ay nakalkula na may 200 bilyong mga galaxy sa sansinukob at tinatayang pitumpung bilyon trilyon mga bituin.[19] Ang bawa't galaxy ay may iba-ibang sukat, hugis, kapal, bilis ng pagkilos sa sarili nitong ehe (axis). Iba-iba rin ang

layo ng bawa't isa sa ating mundo, at gayundin naman ang layo nila sa isa't isa. Iba't iba rin ang yugto ng kanilang pag-inog, ang bilang ng kanilang angking mga bituin, at iba-iba rin ang buhay ng kanilang mga bituin.

- Tumutukoy din ito sa isang bagay na lubos at ganap na binuo at pinagsama. Ang kamangha-manghang dami sa bilang ng mga galaxy at bituin sa napag-alamang bahagi ng sansinukob ay 10% lamang ng buong sansinukob. Nararapat lamang na mayroong isang Kapangyarihan na nagpapanatili sa lahat ng mga ito, kung hindi ay malalansag at magkakaroon ng kaguluhan. Sadyang malayo ang Allah sa anumang di-kaganapan. Siya ay nagsabi: ﴾**Katotohanan, tangan ng Allah ang mga kalangitan at ang kalupaan, kung hindi ay lilisan ang mga ito mula sa kani-kanilang mga ligiran. At kung lilisan man ang mga ito mula sa kanilang ligiran, walang iba pang makatatangan sa mga ito pagkaraan Niya. Tunay nga, Siya ay Laging nang Mapagparaya, ang Laging nang Mapagpatawad.**﴿ (35:41)
- Tumutukoy din ito sa ligiran o landas (orbits) na kung saan lumulutang ang bawa't *celestial body*. Ang kamangha-manghang bagay na nagbibigay pagkalito sa mga siyentipiko ay ang napakalaking bilang ng mga galaxy sa nakilala nang bahagi ng sansinukob. Ito ay patunay lamang na ang sansinukob na ito ay kumikilos sa isang ganap at lubos na pamamaraan.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**Siya (Allah) ang gumawa ng araw na (pinagmumulan ng) nagliliwanag na bagay at ang buwan bilang (aninag na) ilaw at sinukat para dito ang mga yugto upang malaman ninyo ang bilang ng mga taon at ang pagtutuos. At hindi nilikha ng Allah iyan maliban sa katotohanan. Ipinaliwanag Niya ang mga Tanda sa masusing paraan para sa mga taong may (sapat na) kaalaman.**﴿ (10:5)


Ang ganap na kaibhan ng liwanag na ibinibigay ng isang nagliliwanag at napakainit na bagay – ang araw na ang liwanag nito'y naaaninag din natin mula sa isang madilim at malamig na bagay – ang buwan, na paulit-ulit na nakikita sa ating daigdig ay nabanggit na sa Banal na Qur'an sa mahigit na 1400 taon na ang nakalilipas. Ito ay nagpapatunay lamang na ang Qur'an ay isang Banal na Pahayag na nagmula sa Allah.

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Tindi ng Hangin *(Air Pressure)*

Ang Allah ay nagwika:

**﴾At sinumang naisin ng Allah upang patnubayan, Kanyang binubuksan ang kanyang dibdib sa Islam; at sinuman ang hinayaan Niyang maligaw, Kanyang ipinipinid at hinihigpitan ang dibdib nito, na tila ba siya ay umaakyat patungong himpapawid. Sa ganito inilalagay ng Allah ang poot sa mga di-naniniwala.﴿** (6:125)

Mahihinuha sa talatang ito na habang ang isang tao ay patuloy na pumailanlang sa kalawakan, higit siyang mahihirapang huminga dahil sa kabawasan ng *pressure* at pagbaba sa antas ng oksiheno (*oxygen*). Ang mga bagay na ito ay hindi mapatutunayan ng sinuman malibang siya ay pumailanlang sa kalawakan. Ang kaganapang ito ay natuklasan lamang makaraang ang tao ay matuto sa paglipad (sa pamamagitan ng makabagong sasakyang panghimpapawid) at umabot sa mataas na lugar (ng kalawakan).



*Isang astronaut na nakasuot ng natatanging kasuotang bilang proteksyon upang makahinga sa mataas na lugar sa kalawakan.*

Kapag ang isang tao ay pumailanlang sa kalangitan nang lampas sa walong kilometro mula sa kapantayan ng dagat o ang tinatawag na *sea level*, siya ay makararanas ng problema sa paghinga, dala ng kakulangan sa oksiheno

(oxygen) at mahinang *air pressure*. Ang kadalasang problemang nakahaharap ay *hypoxia* – ang kakulangan ng dami ng oksiheno upang maabot ang himaymay ng katawan ng tao. Ang isa pang problema na maaaring makaharap ay *dysbarism* – isang sali-salimuot na sintomas sanhi ng paglantad ng katawan sa napakababa at mabilis na pagpapalit ng air *pressure*.[20] Ang dalawang suliraning ito ay maaaring magpabago sa normal na paggalaw ng katawan ng tao. Kaya naman, ang kahirapan sa paghinga mula sa mataas na antas ay maaaring ipaliwanag nang payak katulad ng mga likas na hakbang na ginagawa ng katawan ng tao upang maprotektahan ang sarili nito.

# Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Kadiliman at ang Dakong Itaas ng Kalawakan



*Ito ay larawan ng araw sa panahon ng eclipse, kung saan ay nagpapatunay na ang sansinukob ay nababalot ng kadiliman.*


Winika ng Allah sa Banal na Qur'an: ❬**At kahit na Aming binuksan sa kanila ang isang tarangkahan sa langit at patuloy silang pumailanlang doon, katiyakang sila ay magsasabi: Ang aming mga mata'y tila nanggilalas, (at wala kaming nakitang anumang anghel o langit). Hindi, kami ay mga taong naingkanto.**❭ (15:14)

Ang pagkakatulad ay kagila-gilalas. Inihaharap nito ang isang katotohanan na dating walang kaalaman ang tao hinggil dito, at ito ay natuklasan lamang sa panahon ng pagsisiyasat sa kalawakan (*space exploration*) noong ika-anim na dekada. Ang buong sansinukob ay nababalot ng kadiliman. Ang liwanag na nakikita sa mundo ay matatanaw mula sa layong 200 kilometro, lampas dito, ang araw ay makikita sa animo'y kulay asul na hugis bilog. Ang kadiliman ay makikita rin sa bawa't direksiyon, dahil sa kakulangan ng hamog-tubig (*water vapor*) at mumunting alikabok (*dust particles*). Ang Allah, na sadyang malayo sa anumang kakulangan, ang Siyang nagsabi sa atin ng katotohanang ito.



*Ang larawang ito ay nagpapakita sa bahaging nasisinagan ng araw habang ang natitirang bahagi ng mundo ay makikitang nababalot ng kadiliman.*

# Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Atomo *(Atom)*



Ang Allah ay nagwika: ﴾**At walang anumang maitatago sa inyong Panginoon (kahit na) ang timbang ng isang atomo sa kalupaan at kalangitan. Ni hindi (maitatago) ang anumang liliit kaysa rito o anumang higit na malaki kaysa rito, bagkus ang mga ito'y nakatala sa isang Malinaw na Talaan.**﴿ (10:61)

Nilinaw ng Allah sa magandang talatang ito na walang anuman ang natatago o nalilihim sa Kanya sa sansinukob, kahit na gaano pa ito kaliit. Pinaniwalaan na ang atomo ay siyang pinakamaliit na bagay sa sansinukob. Matapos na ito'y mahati, natuklasang may malilit na bagay pa na may *positive electrical properties* katulad ng *protons*, at ang *negative electrical properties* na tulad naman ng *electrons*.

Noong taong 1939, ang mga paham na Aleman na sina Hahn at Strassman mula sa Unibersidad ng Berlin ay hinati ng isang *uranium* atomo. Sa kanilang masusing pananaliksik, natuklasan nila ang higit na maliliit elemento.

Naabot na ng makabagong siyensiya ang mataas na antas ng *technical development and scientific advancement* sa iba't ibang larangan ng buhay. Ang pag-unlad ay susulong pa rin sa hinaharap. Ang pamamaraang ito ay magpapatuloy hanggang sa Araw ng Paghuhukom. Ang pinagsamang kakayahang taglay ng sangkatauhan sa larangan ng kaalaman ay hindi kailan man makaaabot o makalalapit kahit kaunti sa Kaalaman at Kakayahan ng Allah.


Ang Allah – ang Kataastaasan ay nagsabi: ﴾**At tinatanong ka nila (O Muhammad) tungkol sa Ruh (ang espiritu). Sabihin: 'Ang Ruh ay isa sa mga bagay na ang kaalaman hinggil dito'y nasa aking Panginoon lamang. At hinggil sa kaalaman sadyang kaunti lamang ang ipinagkaloob sa inyo (sangkatauhan)'.**﴿ (17:85)

Ang Kaalaman ng Allah at ang Kanyang kakayahan ay walang hangganan at hindi kayang tularan. Ipinakikita ng Allah sa mga talatang ito mula sa Banal na Qur'an ang payak na pagpapaliwanag para sa atin nang sa gayo'y ating makilala at matanggap ang malaking kaibahan ng Kanyang Kaalaman sa ating kaalaman. Kaluwalhatian sa Allah!

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Pagbabago ng Embryo sa Sinapupunan

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At katotohanan, Aming nilikha ang tao mula sa hinangong luwad (tubig at lupa). Pagkaraan nito'y ginawa Namin siyang isang Nutfah (pinaghalong patak ng semilya ng lalaki at babae at inilagak) sa isang matiwasay na sisidlan (sa sinapupunan ng ina). Pagkaraa'y Aming ginawa ang Nutfah na isang Alaqah (namuong kimpal ng dugo), pagkaraan ay ginawa Namin ang namuong kimpal ng dugo na isang Mudhgah (maliit na kapirasong laman), at mula sa maliit na kapirasong laman, ginawa Namin ang buto, at pagkaraan ay binalutan ang mga buto ng laman at pagkaraa'y Aming nilikha ito bilang isa na namang nilikha (ang tao). Kaya, Kaluwalhatian sa Allah, ang Pinakamahusay sa mga manlilikha. At pagkaraan nito'y, katiyakang kayo ay mamamatay. Katiyakan, pagkaraa'y kayo ay ibabangon sa Araw ng Pagkabuhay-Muli.**﴿ (23:12-14)

Ang Simula ng Pagbuo ng Tao





Ang yugto sa pagbuo ng tao ay dumaan sa mga sumusunod:

- **Mula sa hinangong luwad:** Si Adam (عليه السلام), ang ama ng sangkatauhan, ay nilikha mula sa luwad. Ang mga talata sa itaas ay pinabubulaanan ang Teorya ng Ebulosyon at pinatutunayan na ang tao ay isang natatanging uri ng nilikha. Ang sangkatuhan ay hindi nagmula sa ibang uri ng nilikha.

- **Mula sa pinaghalong punlay (semilya):** Sa yugtong ito, ang punlay na nanggagaling sa lalaki at babae ay maghahalo sa sinapupunan. Bunga nito'y ang binhi ay maaaring magkabuhay o mamatay sa kapahintulutan ng Allah. Kung ang binhi ay magkabuhay, ang unang bahagi ng paglikha

ay nagsimula na. Ang Allah ay nagwika: ﴿**Katotohanan, Nilikha Namin ang tao mula sa isang pinaghalong patak ng semilya upang subukan siya. Kaya't, Amin siyang ginawaran (ng kakayahang) makarinig at makakita.**﴾ (76:2)





*a.)Ang banghay sa itaas ay naglalarawan ng pagbibigay-unlad (fertilization), ang simula ng mga hanay ng kaganapan ay magsisimula kapag ang semilya ay dumikit sa ikalawang oocyte's plasma membrane at magwawakas sa paghalo ng maternal at paternal chromosomes sa metaphase ng unang mitotic division ng tinatawag na zygote. Ang ikalawang oocyte ay napaliligiran ng maraming punlay, at ang dalawa rito'y nakapasok sa corona radiate.*
*b.) Ang pronuclei ay maghahalo. (Mula kay Dr. Keith Moore, The Developing Human, pg. 34- 7th edition)*


Kung ang semilya ay nabigong magbigay-unlad sa *ovum*, kapuwa sila ilalabas mula sa sinapupunan. Nguni't kung ito ay magbigay-unlad sa binhi at makabuo ito ng tinatawag na *zygote*, ito ay kakapit sa gilid ng sinapupunan sa anyo ng isang *blastula*. Kung pahihintulutan ng Allah na kumapit ito sa sinapupunan, ito ay pupunta na isang yugto ng tinatawag na *Alaqah* .

Ang Allah ay nagwika: ﴿**O Sangkatauhan! Kung kayo ay nag-aalinlangan hinggil sa (katotohanan ng Araw ng) Pagkabuhay-Muli, magkagayo'y (inyong isiping) katotohanang nilikha Namin kayo mula sa alabok, at mula rito'y sa isang Nutfah at pagkaraa'y sa isang Alaqah (namuong kimpal ng dugo), pagkaraan mula sa Mudhgah (maliit na pirasong laman) – ang iba ay nabuo at ang iba ay hindi nabuo (o tulad ng nakunan) upang gawin Naming malinaw sa inyo (ang Aming Kapangyarihan at Kakayahang gawin ang anumang Aming naisin). At Aming pinapangyari na manatili sa sinapupunan ang sinumang Aming minarapat na manatili para sa itinakdang panahon, pagkaraan, kayo ay Aming iniluwal bilang mga sanggol at pagkaraan (kayo ay lumaki) upang kayo ay umabot sa gulang ng ganap na lakas. At kabilang sa**


**inyo ay mayroong namamatay sa kabataan at kabilang (din) sa inyo ay mayroong ibinabalik sa kaawa-awang matandang gulang (ang pagiging ulyanin( upang wala siyang maging kaalaman pagkaraan siya ay maging marunong. At inyong nakikita ang tigang na lupa, nguni't nang Aming ibinaba ang tubig (ulan) dito, ito ay sumibol (nagkaroon ng buhay), at ito ay yumabong at lumitaw ang bawa't naggagandahang uri (ng pananim).** ﴿ (22:5)





- **Namuong Dugo / Nakadikit na Bagay:** Kung paano ito inilalarawan, ito ay nakadikit sa sinapupunan, katulad ng isang lintang sumisipsip ng dugo ng ibang nilalang.




*Ang larawan (kuhang nakatagilid) ng isang embriyon o binhi (24-25 na araw) pa lamang ang gulang nito. b.) Ipinakikita ng larawang ito ang pagkakahawig ng isang embriyon ng tao at ng isang linta sa yugtong tinatawag na Alaqah. (kuha mula sa aklat ni Dr. Keith Moore The Developing Human, pg. 71-7th edition)*





*Larawan ng pagbuo ng puso o ang tinatawag na Pri dial cardiovascular system sa loob ng isang embriyon na halos 21 araw pa lamang ang gulang nito na kuha mula sa kaliwang gilid. Makikita ang yugto ng pagbabago ng tinatawag na paired symmetrical vessels. Bawa't tubo ng puso ay patuloy na nakadugtong sa isang dorsal aorta na dumadaan sa tila buntot na bahagi. Ang panlabas ng anyo ng embriyon at ang supot nito ay katulad ng isang blood clot (isang kimpal ng namuong dugo), dahil sa pagkakaroon ng malaking dami ng dugo sa embriyon. (Dr. Keith Moore)*





*Isang bahagi ng itinanim ng embriyon (mga 21 na araw). Sa banghay na ito'y makikita natin ang pagkasabit ng embriyon sa yugto ng Alaqa sa sinapupunan ng isang ina.*

- **Isang nginatang bagay:** Ito ay inilalarawan nang ganito dahil sa ang embriyon ay katulad ng anyo ng isang nginatang bagay.




*Ang malapitang kuha ng ika-13 yugto ng embriyon ng tao, mga apat at kalahating linggo. Ang aktuwal na sukat ay 4.5 mm (Dr. Keith Moore)*

*Ang embriyon sa ganitong yugto ay katulad ng anyo ng isang nginatang bagay, sapagka't ang tila mga gulugod (somites) sa likurang bahagi ng embriyon na mukhang mga bakas ng pagkagat ng mga ngipin sa isang nginatang bagay.*




Babol Gam




*Tingnan ang pagkakahawig ng piraso ng nginuyang babol gam at ng aktuwal na larawan ng isang embriyon. Paano mangyayari na ang isang di-makabasa at di-makasulat na tao ay makapagbigay ng ganitong hayagang detalye ng pagpapaliwanag hinggil sa embriyon ng tao? Katotohanang ito ay isang pahayag sa kanya na nagmula sa Allah.*

- **Ang paghubog ng mga buto.**
- **Ang pagbalot ng laman sa mga buto.**
- **Ang pagbuo ng embriyon sa iba't ibang anyo na kung saan** ang pagsukat sa mga bahagi ng katawan ng tao ay mangyayari at bibigyan ito ng buhay.

Ang embriyon ng tao ay dumadaan sa maraming yugto sa loob ng tatlong kadiliman katulad ng sinabi ng Allah:

﴾**Kayo ay Kanyang Nilikha (lahat) mula sa iisang tao (Adam); pagkaraa'y nilikha mula sa kanya ang kanyang asawa (si Hawa [Eba]). At Kanyang ibinaba para sa inyo mga hayupan na walong magkakapares** (sa mga tupa, dalawa, lalake at babae; sa mga kambing, dalawa, lalake at babae; sa mga baka, dalawa, lalake at babae; at sa mga kamelyo, dalawa, lalake at babae)**. Nilikha Niya kayo sa sinapupunan ng inyong mga ina: sunod-sunod na paglikha sa tatlong kubli ng kadiliman. Ganyan ang Allah, ang inyong Panginoon. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kaharian.** La ilaha illa Huwa**. (walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Kanya.) Paano kayo magkagayon nagsipagtalikod?**﴿ (39:6)

Ang talatang ito ay nagsasabi na ang embriyon ay nababalutan ng tatlong balot, na binabanggit sa talatang ito bilang mga "kadiliman". Ang tubig, hangin, liwanag at init ay hindi kayang makalagos sa mga balot na ito, ni hindi kayang makita ng mata lamang.




*Ito ay larawan ng isang bahaging nagpapakita ng kaliwa at kanang panig ng isang 4 na linggong sanggol na matris, ipinakikita ang ugnayan ng fetal membranes sa bawa't isa at sa bahagi ng placenta at ng embriyon.*

Si **Dr. Maurice Bucaille**[21] said: ay nagsabi: Ang makabagong tagapagpaliwanag ng Banal na Qur'an ay nauunawaan sa talatang ito ang tatlong anatomiyang suson na nagbibigay proteksiyon sa bata sa loob ng sinapupunan sa panahon ng paglaki ng bata. Ang tatlong ito ay ang tinatawag na paligid ng tiyan, ang matris, at ang kapaligiran ng fetus *(placenta, embryonic membranes, amniotic fluid)*'[22]

Ang embriyon ay inilagay sa isang ligtas na lugar. Ang Allah ay nagwika:

﴾**Hindi ba Namin kayo nilikha mula sa (isang hamak na) tubig lamang (semilya)? Pagkaraa'y, inilagay Namin sa isang matatag na lagakan (sa sinapupunan ng ina). Para sa isang itinakdang panahon (ayon sa sukat ng bilang ng buwan ng pagdadalantao). Kaya, Kami ang nagtakda ng sukat at Kami ang pinakamahusay sa pagbibigay sukat (ng mga bagay).**﴿ (77:20-23)

Si **Dr. Gary Miller**[23] ay nagsabi: Isang mamamahayag ay nagtanong kay Propesor Keith Moore[24]: "Hindi mo ba naisip na baka ang mga Arabo ay maaaring batid na nila ang mga bagay na ito – ang paglalarawan ng embriyon, ang anyo nito at kung paano ito nagbabago at lumalaki? Maaaring hindi sila siyentipiko, nguni't maaaring silang gumawa ng sarili nilang paghiwa – kumatay ng tao at sinuri ang mga bagay na ito."

Kaagad binigyang-diin ng Propesor sa kanya na nakaligtaang nakita niya (ang mamamahayag) ang isang pinakamahalagang punto ng lahat ng mga ipinakitang mga litrato ng embriyon na itinanghal sa pelikula mula sa mga larawang kinuha sa pamamagitan ng mikroskopyo. Kanyang sinabi, walang saysay kung mayroon mang nagnais tumuklas hinggil sa *embryology* noong nakalipas na 14 libong taon, hindi nila kayang makita ito."


Ang lahat ng mga paglalarawan mula sa Banal na Qur'an sa anyo ng embriyon ay mga bagay na sadyang napakaliit upang makita ng mata lamang ng tao; kaya naman, kailangan ng sinuman ang mikroskopyo upang makita ito. Sa dahilang ang mga ganitong kagamitan ay ginamit pa lamang nitong mga nakaraang 200 taon, si Dr. Moore ay nagsabi nang may panunuya sa mamamahayag: "Marahil noong nakaraang 1,400 taon, isang tao ang may isang mikroskopyo nang lihim at ginawa ang kanyang pananaliksik, at hindi siya nagkamali saan mang aspeto nito.» Pagkaraa'y itinuro niya ito kay

Muhammad ﷺ sa anumang paraan at hinikayat siyang ilagay ito sa kanyang aklat. Pagkatapos ay sinira niya ang kanyang mga kagamitan para dito at inilihim na lamang niya ito habang panahon. Pinaniniwalaan mo ba ito? Hindi ka dapat maniwala malibang maglabas ka ng mga katibayan dahil ito ay katawa-tawang teorya lamang."

Nang siya ay tanungin: "Papaano mo ipaliliwanag ang mga impormasyon sa loob ng Banal na Qur'an?"

Ang sagot ni **Dr. Moore** ay: «Marapat lamang na ito ay isang Banal na Pahayag!"


Si **Dr. Gerald C. Goeringer**[25] ay nagsabi:  Sa maraming pagkakataon kung hindi man lahat, ang paglalarawang ito ay sadyang nauna ng maraming siglo bago pa naitala ang bawa't yugto ng embriyon ng tao at ang pagbabago nito sa isang tradisyonal na siyentipikong literatura sa ngayon.



# Ano ang Nabanggit sa Banal na Qur'an Tungkol sa Karagatan.

## Ang Tungkol sa Harang sa Pagitan ng mga Karagatan.

Ang Allah ay nagwika: ﴾**At Siya ang nagpalaya sa dalawang dagat (dalawang uri ng tubig), ito ay naiinom at malinis, at iyon (ang isa naman) ay maalat at mapait; at Kanyang inilagay sa pagitan nito ang isang harang at isang ganap na pagkakahati sa pagitan nila**﴿ (25:53)





*May tatlong pangunahing maaalat na bahagi sa mga agusan ng tubig sa dagat: 1) patung-patong o ang tinatawag na stratified, 2) di-buong magkahalo o ang tinatawag na partially mixed at 3) ganap na magkahalo o ang tinatawag na fully mixed.*

Ang katibayan na ang tubig sa mga karagatan ay hindi naghahalo ay natuklasan lamang kamakailan ng mga oceanographers. Ito ay bunga ng pisikal na lakas na tinatawag na *"surface tension"* [26] Samakatuwid, ang tubig ng mga magkakalapit na dagat ay hindi naghahalo. Ito ay sanhi ng pagkakaiba ng lapot o kapal *(density)* ng kanilang tubig. Hinahadlangan ng tinatawag na *surface tension* ang paghahalo ng isa't isa, na animo'y may isang manipis na pader sa pagitan nila. Ang tubig ng ilog ng Amazona ay bumubuhos sa Dagat Atlantiko, magkagayunma'y nananatili ang sarili nitong katangian kahit pa man din umagos ng 200 metro sa dagat.

## Ang Tungkol sa Kadiliman ng Dagat.

Ang Allah ay nagwika: ﴿**O (ang kalagayan ng isang di-mananampalataya) ay katulad ng kadiliman sa kailaliman ng karagatan, natabunan ng mga alon na pinangimbabawan pa rin ng mga alon, pinangimbabawan ng maiitim na mga ulap, (patung-patong na) kadiliman sa mga kadiliman: kung iuunat ng isang tao ang kanyang kamay, hindi niya makikita ito! At sa kanya na hindi itinalaga ng Allah ang liwanag, (samakatuwid) sa kanya ay walang (makikitang) liwanag.** ﴾ (24:40)




*Ipinakikita sa larawang ito ang lalim na maaaring lagusan ng liwanag sa isang malinaw na tubig ng karagatan. Dahil sa malakas sipsipin ng tubig-dagat ang kulay pulang liwanag, ito ay mayroong pinakamahinang paglagos. Ang kulay asul na liwanag ang siyang may pinakamalalim na paglagos. (Applied Optics, Vol. 20 (177) Smith, R.C. at K.S. Baker. 1981). Tingnan din ang opisyal na NASA website.*


Nababatid ng marami at pinagtibay ng siyensiya na walang liwanag sa pinakamalalim na bahagi ng karagatan – kadiliman lamang. Ang dahilan nito'y hindi kayang abutin ito ng sinag ng araw, sapagka't ang lalim ng bawa't dagat ay nasa ilang daang metro hangang 11,034 metro ang lalim! Ang kadiliman sa ilalim ng dagat ay matatagpuan sa lalim na 200 metro. Halos wala ng liwanag sa ganitong lalim. Sa lalim na 1,000 metro sadyang wala ng liwanag na matatagpuan. Samakutwid, halos lahat ng sinag ng araw ay sinisipsip ng tubig-dagat sa lalim na 100 metro. Ang bahaging ito ng karagatan ay maliwanag na bahagi o ang tinatawag na luminous portion. Ang 1% na sinag ng mula sa araw ay makikita sa lalim na 150 metro, at

0.01% na lamang ng sinag ng araw ang maaaninag sa lalim na 200 metro.

Ang Ozone layer sa kalawakan ay nagpapaaninag sa karamihan ng tinatawag na ultra-violet rays, samantalang ang mga ulap ay nagpapaaninag sa 30% at sinisipsip naman nito ang 19%. Mga 55% na lamang ng sinag ang nakaaabot sa dagat. Tanging sa pagitan na lamang ng 3 at 30% ng sikat ng araw ang umaabot sa ibabaw ng dagat. Pagkaraa'y halos lahat ng pitong kulay ng tinatawag na light spectrum ay sunud-sunod na sinisipsip ng tubig-dagat sa unang 200 metro, maliban sa asul na liwanag.[27]

## Ang Tungkol sa Alon sa Ilalim ng Dagat


Ang mga siyentipiko ay natuklasan kamakailan na may alon sa ilalim ng dagat o ang tinatawag na internal waves. Ito ay sanhi ng tinatawag na density interfaces sa pagitan ng mga suson ng magkakaibang lapot o kapal *(density)*[28] Ang alon sa ilalaim ng dagat ay sakop ang malalalim na bahagi ng karagatan sapagka't ang kailaliman ay higit ang kalaputan o kakapalan *(density)* kaysa sa tubig na nasa ibabaw ng mga ito. Ang mga alon sa ilalim ay gumagalaw katulad ng mga alon na makikita sa ibabaw ng dagat o ang tinatawag na *surface waves*. Maaari din itong mapatid o mabuwag katulad ng mga alon sa ibabaw ng dagat. Ang mga alon sa ilalim ng dagat ay hindi makikita ng mata ng tao, nguni't maaari itong mapansin o matuklasan sa pamamgitan ng pag-aaral ng temperatura o ng pagbabago ng alat o ang tinatawag na *salinity changes* sa isang lugar.




*Ang mga alon sa ilalim ng dagat (Oceanography,Chris Garrett). Tingnan din sa http://www.nature.com/nature/journal/v42/n6931/full/422477a.html)*


Bilang halimbawa, ang tubig sa dagat ng *Mediterranean* ay mainit-init, maalat, at higit na kulang sa lapot o kapal *(density)* kung ihahambing sa tubig ng dagat *Atlantic*. Kapag ang tubig sa dagat ng *Mediterranean* ay papasok sa *Atlantic* sa may *Gibraltar sill*, ito ay aagos ng ilang daang kilometro sa tubig

ng *Atlantic* sa lalim na halos 1,000 metro sa dati nitong mainit-init, maalat at higit na kulang sa lapot o kapal. Ang tubig-*Mediterranean* ay magiging matatag sa ganitong lalim bagaman may malalaking alon, at malakas na agos. Hindi sila maghahalo o maglalagos sa kanilang harang.



*Ang mga alon sa ilalim ng dagat na nagkikita sa pagitan ng dalawang suson ng tubig na magkaiba ang lapot o kapal (density). Ang isa ay malapot o makapal (ang nasa bahaging ibaba), at ang isa ay manipis (ang nasa bahaging itaas), (Oceanography, gross, p. (204*

Ang mga impormasyong ito ay nabatid lamang natin sa panahong ito, sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya at ng mga makabagong kasangkapang magagamit upang makita ito. Ang Propeta ﷺ ay namuhay sa isang disyerto na malayo sa karagatan, at hindi siya naglayag sa alinman sa mga karagatan. Ang pagbibigay ng ganitong impormasyon ay isang katibayan sa pagkatotoo ng Banal na Qur'an.




*Ang tubig sa pinakailalim ng karagatan ay makikilala ang pagkakaiba sa kanilang temperatura at alat. Ang mga katangiang ito ang nagiging sukatan na nauukol sa kanilang lapot o kapal (densities), na nagtutulak sa paggalaw ng mga karagatan o ang tinatawag na thermohaline circulation. NADW= North Atlantic Deep Water. AABW=Atlantic Bottom Water. Kuha mula sa larawan sa pamamagitan ni Dr. Steve Hovan, Indiana University of Pennsylvania.*


## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa Pagbuo ng Ulap at Ulan

Matutunghayan sa Banal na Qur'an: ﴾**At Siya (Allah) ang nagpadala ng mga hangin bilang tagapaghatid ng mga magagandang balita, na pumapalaot bago dumating ang Kanyang Habag (ang ulan). hanggang sa pasanin ng mga ito ang mabigat na ulap, Aming itinaboy ito patungo sa tigang na lupa, pagkaraa'y pinangyari Naming bumuhos dito. Pagkaraan, Aming pinatubo ang bawa't uri ng bungang-kahoy dito. Sa (paraang) kahalintulad nito, Aming ibabangong muli ang patay upang kayo ay (matutong) makaalala o tumalima (sa kautusan ng Allah).** ﴿ (7:57)


Sinabi pa ng Allah: ﴾**At Aming ibinaba ang mga hanging nagbibigay-unlad (upang punuin ng tubig ang mga ulap) pagkaraan ay hinayaan Naming bumuhos ang tubig (ulan) mula sa himpapawid, at ipinagkaloob Namin ito sa inyo bilang inumin, at hindi kayo ang nagmamay-ari ng mga imbakan nito (upang ibigay sa mga magugustuhan ninyo o ipagkait sa sinumang hindi ninyo gusto).**﴿ (15:22)

Ang makabagong siyensiya ang nagpatunay sa mga siyentipikong pananaw na nabanggit sa talatang ito ng Banal na Qur'an. Ang hangin ay nagdadala ng mga maliliit na butil na maalat na tubig sa itaas sa kalawakan. Ang mga maliliit na butil na ito ay tinatawag na *'aerosols'* na gumaganap bilang silo ng tubig at bumubuo ng mga patak sa ulap sa pamamagitan ng pagtipon sa kapaligiran ng hamog o ang tinatawag na *water vapor*.

*Isang larawan sa papawirin kasama ang mga ulap at hangin.*



Ang mga ulap ay nabubuo mula sa hamog na kumakapal sa paligid ng tinatawag na *salt crystal* at alikabok sa hangin. Dahil ang mga patak ng tubig na nasa mga ulap ay napakaliit (na may sukat pabilog na 0.01mm hanggang 0.02 mm ang laki), ang mga ulap ay lumulutang sa hangin, nangagkalat sa kalawakan.[29] Kaya, ang kalangitan ay maulap. Ang mga maliliit na butil ng tubig na pumapaligid sa tinatawag na *salt crystal* at alikabok ay kumakapal at nagbubuo ng patak ng ulan, na higit na mabigat kaysa hangin kaya nalalaglag ito mula sa ulap at magsimulang bumagsak sa lupa bilang ulan.




*Ang ulap na tinatawag na cumulonimbus. Ang larawang ito ay kuha mula sa satellite ng NASA. Tila may isang makapangyarihang kamay na nagtutulak sa mga ulap na cumulus sa pook ng pagtitipunan.*

Ang Allah ay nagwika: ﴿**Hindi ba ninyo nakikita na ang Allah ang napapasulong sa mga ulap nang marahan, pagkaraa'y pinagsasama ang mga ito. at pagkaraa'y ginawang isang buntong magkapatung-patong at inyong makikita ang pagpatak ng ulan mula sa pagitan ng mga ito. At kanyang ibinaba mula sa kalangitan ang (tila) bundok na ulang may yelo, at patamaan nito ang sinumang Kanyang nais at iiwas**

**ito sa sinumang Kanyang nais. Ang nagliliwanag na kislap ng kanyang (ulap) kidlat ay halos ikabulag ng paningin.**》 (24:43)

Ang pagbuo at paghubog ng mga ulap na may tubig ay naaayon sa tiyak na mga pamamaraan at mga yugto. Ang mga sumusunod ay mga yugto ng pagbuo ng tinatawag na cumulonimbus – isang uri ng ulap na may ulan:




*Unang Yugto* *Ikalawang Yugto* *Pangatlong Yugto*

**Una: Ang pagpapailanlang:** Ang mga maliliit na ulap ay dinadala at tinitipon paitaas ng hangin.


**Ikalawa: Ang pagsasama-sama:** Ang mga maliliit na ulap *(cumulus)* ay dinadala ng hangin upang magsama-sama, bumubuo ng higit na malaking ulap.

**Ikatlo: Ang Pagbubunton:** Kapag ang maliliit na ulap ay pinagsama-sama, ang hihip-pataas *(updrafts)* sa loob ng malalaking ulap ay lumalakas. Ang hihip-pataas na malapit sa gitna ng ulap ay higit na malakas kaysa sa mga

nasa gilid. Ang mga hihip-pataas na ito ang siyang nagiging sanhi upang lumaking patayo o paitaas ang pinakakatawan ng ulap, kaya naman ang ulap ay magkapatung-patong. Ang paglaking paitaas ang nagiging sanhi na maabot ng pinakakatawan ng ulap ang malalamig na bahagi sa papawirin, kung saan ang pagbuo ng mga butil ng tubig at tubig na may yelo *(hail)* at magsimulang lumaki nang lumaki. Kapag ang mga butil ng tubig at ng tubig na may yelo na ito ay lubhang mabigat na at hindi na kaya pang buhating paitaas ng hihip ng hangin, magsisimulang bumagsak ang mga ito mula sa ulap bilang ulan, ulang may yelo at iba pa.

Magkakaroon ng kuryente ang ulap kapag ang ulang may yelo ay bumabagsak sa bahagi ng ulap na may matinding lamig na butil-tubig at kristal na yelo. Sa pagbungguan ng butil-tubig at malabatong ulang may yelo, bigla silang magyeyelo at maglalabas ng di-nakikitang matinding init. Pinananatili nitong mainit ang paligid ng malabatong ulang may yelo (hailstone) kaysa kapaligiran ng yelong kristal *(ice crystals)*.

Kapag ang malaking ulang may yelo *(hailstone)* ay madikit sa *ice crystals*, mayroong isang mahalagang kaganapang mangyayari: ang mga elektron ay dadaloy mula sa malamig na bahagi patungo sa maiinit na bahagi. Kaya naman, ang *hailstone* ay magkakaroon ng *negative charge*. Ganoon din naman ang magaganap kapag ang napakalamig na butil (ng tubig) ay madikit sa *hailstone*, ang maliliit na yelong may positive charge ay mababasag. Ang mga magagaang na butil na may *positive charge* ay papailanlang sa mataas na bahagi ng ulap sa pamamagitan ng pataas na hihip ng hangin. Ang ulang may yelo *(hail)* ay babagsak tungo sa ibabang bahagi ng ulap, kaya naman ang pinakamababang bahagi ng ulap ay magkakaroon ng *negative charge*. Ang mga *negative charges* na ito ay ilalabas ng kidlat. Masasabi nating ang ulang may yelo o ang hail ang pinakapunong dahilan sa pagkakaroon ng kidlat.[30]




*Isang halimbawa ng kidlat na anyong tinidor. (a) Ang negative charge na nagtipon sa ibabang bahagi ng ulap ay titindi at mananaig kahit sa malakas na puwersa ng hangin at ito ay magkakaroon ng isang pasimuno o ang tinatawag na leader na nakapuntirya sa lupa. (b) Ang pumapailanlang na positive charge mula sa lupa ay nagtitipon sa mataas na lugar ng alapaap. (c) Ang paibabang bulusok ng negative charges ay masasalubong ang pumapailanlang na bulusok ng positive charges. Ang pumapailanlang na positive charges at ang isang malakas na puwersa ng kuryente na tinatawag na return stroke ang magdadala sa positive charges paitaas sa ulap.*

Ang Allah ay nagwika:

﴾**At ang Ar-Rad (kulog) ay lumuluwalhati at nagbibigay papuri sa Kanya, at maging ang mga anghel nang dahil sa Kanyang Kamaharlikaan. At Siya ang nagpadala ng kulog at kidlat, at Kanyang pinatatamaan nito ang sinumang Kanyang naisin. Sa kabila nito, sila (mga di-mananampalataya) ay nagtatalo tungkol sa Allah. At Siya ang Makapangyarihan sa Lakas at Mahigpit sa Parusa.**﴿ (13:13)

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa mga Hayop

Ang Allah ay nagwika:

﴾**At katotohanan, sa mga hayupan (kawan ng bakahan) ay may isang aral para sa inyo. Kayo ay binigyan Namin ng inumin na nasa kanilang mga tiyan, mula sa pagitan ng pagdumi at dugo, (ito ay) malinis na gatas; (na) mainam na inumin sa mga umiinom.**﴿ (16:66)

Sinabi ni **Maurice Bucaille:**

Mula sa siyentipikong pananaw, ang pisyolohiyang pagkaunawa *(physiological notions)* ay kailangan upang maunawaan ang kahulugan ng talatang ito. Ang mga sangkap na nagbibigay katiyakan sa kabuuang pagkain ng katawan ay nanggagaling sa pag-iibang anyo o ang tinatawag na *chemical transformation* na nagaganap sa *digestive track* (daluyang-panunaw). Ang mga sangkap na ito ay nagmumula sa nilalaman ng mga bituka. Sa pagdating nito sa loob ng bituka sa tamang yugto ng *chemical transformation*, dumadaan ang mga ito sa mga gilid ng bituka patungo sa isang tuntuning sirkulasyon (systematic circulation). Ang daanang ito ay maaaring maganap sa dalawang paraan: maaaring tuwiran o ang tinatawag na mga *lymphatic vessel,* o kaya naman ay di-tuwiran sa pamamagitan ng *portal circulation*. Dadalhin muna ito sa atay, kung saan ay magkakaroon ito ng pagbabago, at mula doon sila'y lilitaw upang sumama sa isang tuntuning sirkulasyon (systematic circulation). Sa ganitong paraan ang lahat ay dumadaloy sa daluyan ng dugo o ang tinatawag na *bloodstream*.

Ang mga elemento ng gatas ay naiipon sa mga glandula ng babae *(mammary glands)*. Ito ay pinalulusog sa mga nutrisyong galing sa mga tinunaw na pagkain na umaabot sa mga glandula sa pamamagitan ng *bloodstream*. Samakatwid, ang dugo ay may mahalagang papel sa pag-


ipon at pamamahala sa anumang katas na nakuha sa pagkain. Dinadala nito ang nutrisiyon sa mga glandula ng babae *(mammary glands)*, ang gumagawa ng gatas, katulad ng ginagawa nito sa iba pang mga bahagi o sangkap (organ) ng isang tao.

Ang unang paraan na nag-aayos sa lahat upang kumilos ay ang pagtitipon ng mga nilalaman ng bituka at ng dugo sa mismong mga gilid ng bituka (intestinal wall) nito. Ang eksakto at tamang konseptong ito ay resulta ng mga pagtuklas na isinagawa sa kemika at pisyolohiya ng sistemang pantunaw. Ito ay sadyang lingid at walang nakababatid noong panahon ni Propeta Muhammad ﷺ sapagka't ito ay natuklasan lamang kamakailan. Itinuturing ko na ang pagkakaroon ng Qur'an ng mga talatang tumutukoy sa konseptong ito ay hindi maaaring ipaliwanag ng tao dahil na rin sa panahon ng pagkakatuklas ng mga ito.[31]

## Ang Banal na Qur'an Tungkol sa mga Bundok

Ang Allah ay nawika:

**﴾Hindi ba Namin ginawa ang kalupaan bilang himlayan, at ang mga kabundukan bilang mga talasok? ﴿** (78:6-7)





*Ang kakumpulan ng mga bundok ay inililihis ang isang pendulo o palawit (pendulum) nang palayo mula sa patindig na posisyon (vertical), nguni't hindi kasing layo ng inaasahan. Makikita sa paglalarawan, ang patindig na posisyon ay ipinakikita ng (a); kung ang bundok ay isang simpleng kumpol na nakalatag sa patag na kababawan, ito ay magkakaroon ng paglihis patungo sa (c). Sa dahilang mayroon itong malalalim na ugat na may kaukulang di-siksik na mga bato, makikitang ang paglihis ng pendulo ay nasa (b) lamang. Ang larawan ay mula sa Building Planet Earth, Cattermole p. 35*

Ipinaliwanag ng mga siyentipiko ang kahalagahan ng mga bundok bilang mga talasok na nagpapatatag ng mundo:

Ang kabundukan ay may mga ugat sa ilalim. Ang mga ugat na ito ay nakabaon sa lupa nang malalim, kaya naman ang mga bundok ay may hugis katulad ng talasok. Ang matigas na ibabaw ng mundo *(Earth's crust)* ay may 30 hanggang 60 kilometro ang lalim. Ito ay napag-alaman sa pamamagitan ng makinang seismograph. Napag-alaman din sa pamamagitan ng makinang ito na ang bawa't bundok ay may ugat sa ilalim na nagpapatatag sa ibabaw ng mundo *(Earth's crust)* kasama na rito ang mga suson ng lupa sa ilalim. Ito ang pumipigil sa pagyanig ng mundo. Samakatuwid, ang

bundok ay katulad ng isang pako na nagdadala sa pagkakabit na iba't ibang pirasong kahoy.[32]




*Isang larawan ng nagpapakita ng mga 'ugat' ng isang bundok. Ang ilan sa mga ugat na ito ay nakabaon ng 60 kilometro ang lalim sa lupa.*

Ang Allah ay nagwika:

﴾**At Kanyang ikinabit sa lupa ang mga bundok na matatag na nakatayo, kung hindi'y mayayanig itong kasama ninyo; at (ikinabit din) ang mga ilog at mga daan upang maging gabay sa inyong mga sarili.**﴿ (16:15)

Pinatotohanan ng makabagong siyensiya na ang mga bundok ay katunayang nakakalat nang patas at perpekto sa mundo, na siya ring nagpapatatag sa mundo lalo na yaong mga bundok na kung tawagin ng mga geologist ay *'Asymmetrical Mountain Range'* na makikita sa bawa'tkontinente.[33] Papaanong ang isang taong hindi marunong bumasa at sumulat, na halos lahat sa kanyang bansa'y hindi nakapag-aral ay malaman ang mga katotohanang ito?



## Ang Tubig at ang Buhay

Ang Allah ay nagwika: ﴿**Hindi ba nababatid ng mga di-naniniwala na ang mga kalangitan at ang kalupaan ay magkadugtong bilang isang piraso, pagkaraa'y Aming pinaghiwalay ang mga ito? At ginawa Namin mula sa tubig ang bawa't may buhay. Sila ba kung gayon ay hindi maniniwala?**﴾ (21:30)

Malinaw na pinatunayan ng makabagong siyensiya na ang tubig ay ang pangunahing sangkap ng buhay, sa siyang pinagmumulan ng selula *(cell)*. Napatunayan ng mga Kimiko *(Chemist)* na ang tubig ay isang kinakailangan at aktibong sangkap na ginagamit sa mga pagbabago at mga pagtugong nagaganap sa loob ng katawan. Dahil dito, ito ang kaisa-isang likidong kailangan ng bawa't may buhay, gaano man kalaki o kaliit, mula sa pinakamaliit na organismo hanggang sa mga pinakamalaking hayop na nabubuhay sa mundo.



Sa panahon ngayon, ang saklaw ng tubig sa mundo ay tinatayang 71% at ang natitirang tuyong bahagi ng mundo ay 29% .

Ang pangunahing pinagmumulan ng katawan ng tao at ng hayop ay tubig, gayun din naman ang mga halaman. Ito ay napatunayan sa pamamagitan ng *scientific analysis* na ang katawan ng tao mula sa edad na 15 taon pataas ay nagtataglay ng halos 71% ng tubig. Hinggil naman sa katawan ng bata, ito ay may taglay na halos 93% na tubig. Ito ay nangangahulugan na 80% ng tubig ay dumadaloy sa katawan ng tao at ang natitirang porsiyento dito ay dugo. Gayundin naman, 90% ng tubig ang natatagpuan sa mga hayop at mga halaman.

## Sino ang mga Nagpapakita ng Pagkapoot sa Islam?

Kung ating titingnan ang mga relihiyon sa buong mundo, mapagtatanto na ang Islam ay ang relihiyong kinamumuhian ng karamihan ng tao. Ano ang dahilan ng ganitong lantad na pagkapoot? Kung sisiyasatin nating mabuti yaong hayagang nagpapakita ng pagkamuhi sa Islam, mabibilang sila sa isa sa mga sumusunod ng kaurian:

**1) Politista at mga Mangmang:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng katotohanan na nagbabawal sa pagsamba at pagpapakita ng pagyuko kaninuman maliban sa Allah.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**Sabihin mo (O Muhammad) sa mga sumasamba sa mga diyus-diyusan: "Kayo ba ay nag-uutos sa akin na sambahin ang iba bukod sa Allah? O kayong mga mangmang!"** ﴿ (39:64)

**2) Yaong ang Likas na Kalooban ay Nahaluan:** Dahil sa ang Islam ay relihiyon na umaayon sa likas na kalooban ng tao.

Ang Allah ay nagwika:

﴾**Kaya, iyong ibaling (O Muhammad) ang iyong mukha tungo sa relihiyon ng katotohanan – ang angking likas na katayuan (Monoteismo) na kung saan nilikha ng Allah ang lahat ng tao. Walang dapat magbago sa relihiyon ng Allah: ito ang matuwid na relihiyon, nguni't karamihan sa tao ay hindi nakababatid (nito).** ﴿ (30:30)

**3) Ang Hindi Makatarungang Tao:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng pagkamakatarungan at pagkamatapat.


Ang Allah ay nagwika:

﴾**Katotohanan, ipinag-uutos ng Allah ang katarungan at magandang pag-uugali at pagbibigay tulong sa kamag-anak, at ipinagbabawal ang kalaswaan at masamang pag-aasal at pang-aapi. Kayo ay Kanyang binibigyan ng babala sakaling kayo ay mapaalalahanan..**﴿ (16:90)

**4) Yaong mga Nagnanais Magkalat ng Kasamaan at Kasalanan:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng pagkamakatarungan at pagpapabuti.

Ang Allah ay nawika:

**﴾….at sila (mga di-mananampalataya) ay lagi nang nagpupunyagi (na nagdudulot) sa katiwalian, at hindi naiibigan ng Allah ang mga gumagawa ng katiwalian.﴿** (5:64)



**5( Mga Mapaglabag:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng Kapayapaan.

Ang Allah ay nawika:

**﴾At makipaglaban sa Landas ng Allah sa mga nakikipaglaban (o umuusig) sa inyo subali't huwag lumagpas sa hangganan. Katotohanan, hindi minamahal ng Allah ang mga mapaglabag.﴿** (2:190)

**6( Ang mga Panatiko at mga Mapagpakalabis:** Dahil ang Islam ay katamtamang relihiyon.

Ang Allah ay nagwika:

**﴾At ginawa Namin kayong isang katamtaman at makatarungang pamayanan upang kayo ay maging saksi sa sangkatauhan, at ang Sugo (Muhammad) ay maging saksi sa inyo.﴿** (2:143)

**7) Mga Taong Nagnanais ng Kalaswaan:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng kadalisayan.

Ang Allah ay nagsabi:

**《At iwasang lumapit sa bawal na pakikipagtalik ( sa pamamagitan ng pag-iwas sa anumang kaganapan na maaaring mauwi rito). Katotohanan, ito ay mananatiling malaswang gawain at isang landas ng kasamaan.》** (17:32)

**8) Yaong Nagnanasa ng Makamundong buhay:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng pagtutulungan at habag na siyang katunggali ng pagsasamantala sa mga pangangailangan at kahinaan ng tao.

Ang Allah ay nagwika:

**《At huwag kunin ang ari-arian ng iba nang di-makatarungan (sa pamamagitan ng pagnanakaw, panloloob, pandaraya, at iba pang gawaing labag sa batas( at huwag kayong magbigay ng suhol sa mga namumuno (sa mga hukom bago magsampa ng usapin sa hukuman) upang inyong makamkam lamang ang ilang bahagi ng ari-arian ng iba sa paraang makasalanan.》** (2:188)

**9) Yaong mga Mapanghamak at Mapanlibak sa Tao at Itinuturing ang mga Sarili bilang mga Itinanging Lahi:** Dahil ang Islam ay relihiyon ng pagkakapantay-pantay na siyang katunggali ng lahat ng uri ng rasismo at pagtatangi.

Ang Allah ay nagwika:

**《O, sangkatauhan, Nilikha Namin kayo mula sa isang lalaki at babae, at ginawa Namin kayong iba't ibang pamayanan at angkan (tribu) upang kayo ay mangagkakilala. Katotohanan, ang pinakamarangal sa inyo sa paningin ng Allah ay yaong makadiyos sa inyo. Katotohanan, ang Allah ay Lubos na Maalam, ang Lubos na Nakababatid.》** (49:13)

## Ang mga Kakaibang Katangian at Natatanging Karapatan sa Islam

**Sa dahilang ang Islam ang siyang huling relihiyon, mayroon itong kakaibang katangian, natatanging karapatan na nagiging angkop sa lahat ng panahon at pook.**

- Ito ang huling Banal na Relihiyon na ipinahayag sa tao.

- Kinikilala ng Islam ang mga naunang banal na kapahayagan. Sa kabilang dako, ang mga Hudyo ay hindi kinikilala si Hesus, ang mga Kristiyano ay hindi kinikilala si Muhammad ; Samantalang ang mga Muslim ay kinikilala sina Moses, Hesus at ang lahat ng mga Propeta عليهم السلام.

- Sa Islam, nakikipag-ugnayan ang tao sa Allah sa lahat ng bagay at katayuan.

- Ang Islam ang natatanging Relihiyon na hindi nasira at nagbago.

Sinabi ni **Harry G. Dorman:** Ito (ang Qur'an) ay literal na kapahayagan ng Diyos, na ipinahayag ni Anghel Gabriel kay Muhammad ﷺ, na tama at ganap sa bawa't letra. Ang lagi nang nananatiling himala na nagpapatunay sa mismong sarili nito at kay Muhammad ﷺ, ang Propeta ng Diyos. Ang mga mahimalang katangian nito ay makikita sa istilo nito, na sadyang ganap at napakatayog na ang tao o *jinn* ay hindi kayang gumawa ng kahit isa mang kabanata upang ihambing sa pinakamaikling kabanata nito. Makikita rin sa nilalaman nito ang mga katuruan, propesiya hinggil sa hinaharap, at mga kamangha-mangha at tamang-tamang impormasyon na hindi kayang tipunin ng isang taong hindi nakapag-aral na katulad ni Muhammad ﷺ sa sarili niyang kakayahan lamang.[34]

- Ang Islam ay ang pananampalatayang sumasakop sa espirituwal at materyal na aspeto ng buhay. Hindi nito nakaligtaan kahit na ang pinakamaliit na bagay sa buhay ng isang Muslim. Isinalaysay ni Abdurrahman bin Zaid na sinabi ito kay Salman: "Ang inyong Propeta ba ay nagturo sa inyo ng lahat ng bagay, kahit ang pagsagot ninyo sa tawag ng kalikasan?" Sumagot si Salman; 'Siyang tunay! Ipinagbawal niya sa amin ang pagharap sa direksyon ng Qibla habang dumudumi o umiihi. Ipinagbawal din niya ang

paggamit ng kanang kamay sa paglilinis ng maselang bahagi ng katawan. Ipinagbawal din niya ang paggamit ng bato na kulang sa tatlong piraso, o ang paggamit ng buto o natuyong dumi ng hayop (sa paglilinis sa sarili kung walang tubig)." (Muslim)



*Isang sipi ng Qur'an na isinulat sa pamamagitan ng lusaw na ginto sa papyrus (isang uri ng papel) ay nagpapatunay na ang mga Muslim ay naghahangad na mapanatili ng Qur'an.*

Sinabi ni **W. Thomas Arnold**: 'Ang pagkaunawa sa katarungan ay isa sa mga kahanga-hangang panuntunan ng Islam, sapagka't natuklasan ko sa aking pagbabasa ng Qur'an ang mga mabibisang panuntunan ng buhay – mga praktikal na tuntuning pangmoral para sa pang-araw-araw na buhay na sadyang angkop sa buong mundo.'

- Magkatimbang na binibigyang-kasiyahan ng Islam ang pangangailangang materyal at espirituwal ng tao. Tinatanggihan nito ang pagbibigay-tangi sa isang aspeto kapalit naman ng pag-iwan sa isa.

Si **Prince Charles** ay nagsabi:

'Kayang ituro sa atin ng Islam ngayon ang isang paraan tungo sa

pagkakaunawaan at pamumuhay sa mundo na kung saan ang Kristiyanismo mismo ay mahina dahil sa kawalan nito. Itinatatwa ng Islam ang paghihiwalay ng tao sa kalikasan, ng relihiyon sa siyensiya, ng isip sa bagay.'



*:Ang pagkakasalin*
*ang Sugo ,ﷺ Mula kay Muhammad ,ng Allah*
*Para kay Negus, ang Hari ng .Abyssinia*
*Ang kapayapaan ay sumakanya sa sinumang sumusunod sa patnubay. Nagpupuri ako sa Allah, walang ibang Diyos maliban sa Kanya, at ako ay sumasaksi na si Hesus, anak ni Maria ay hindi hihigit sa isang espiritu na Kanyang nilikha, at Kanyang salita (maging! – at nangyari nga) na Kanyang ibinigay kay Maria, ang birhen, ang mabuti, ang dalisay, kaya ipinaglihi niya si Hesus. Ang Allah ay nilikha siya (Hesus) katulad ng pagkalikha Niya kay Adam sa pamamagitan ng Kanyang Kamay. Inaanyayahan kita na sambahin ang Allah lamang, at huwag magbigay ng anumang katambal (sa pagsamba) sa Kanya. At inaanyayahan kita sa pagsunod sa Kanya at sumunod sa akin at sumampalataya sa anumang ipinahayag sa akin, sapagka't ako ang Sugo ng Allah. Tinatawagan kita at ang iyong nasasakupan sa pagsamba sa Allah ang Kataas-taasan. Ako ay sumasaksi na ipinarating ko ang aking mensahe. Inaanyayahan kita upang dinggin at tanggapin ang aking payo. Ang kapayapaan ay sumakanya sa sinumang sumunod sa tunay na .patnubay*

- Ang Pananampalatayang Islam ay hindi sumasalungat sa karunungan at pananaw ng tao maging sa kanyang natural na dispusisyon.

- Ang Islam ay relihiyon para sa lahat ng sangkatauhan, kahit ano pa ang inabot sa edukasyon, anumang oras at panahon at maging saan mang dako…na siyang kabaliktaran ng mga naunang relihiyon na ipinadala sa isang natatanging nasyon sa isang natatanging lugar at panahon. Halimbawa, kung ang isang tao ay nais maging Hudyo, kinakailangan muna

na siya'y ipanganak na isang Hudyo. Nagsabi ni Hesus: **Ako ay ipinadala lamang sa mga nangawalang tupa ng Angkan ni Israel.'**

Isa sa mga patunay na ang Islam ay pandaigdigang relihiyon at naaangkop ito sa lahat ng tao sa lahat ng panahon, maging anuman ang kanilang lahi o wika ay ang Salita ng Diyos (Allah):

Ang Allah ay nawika:


﴾**O Ikaw, (Muhammad) na nababalot (ng balabal o kapa)! Bumangon at magbigay babala! At ipagbunyi ang (papuri ng) iyong Rabb (Panginoon).**﴿ (34:28)

Sa mga talatang ito, ang Allah ay inutusan ang Kanyang Propeta na si Muhammad ﷺ na ipanawagan nang hayagan ang Islam. Kaya naman inanyayahan niya ng kanyang mga mamamayan na sumamba lamang sa Nag-iisang Diyos – ang Allah, at itakwil ang lahat ng uri ng diyus-diyusan. Siya (Muhammad ﷺ) ay inalipusta, hinamak at sinaktan ng kanyang mga kababayan, nguni't nanatili pa rin siyang matatag at maawain. Nagpadala siya ng mensahe sa mga hari sa kanyang kapanahunan at inanyayahan sila na tanggapin ang pananampalatayang Islam. Ang ilan sa kanyang pinadalhan ng sulat ay ang Emperor ng Roma, ang Emperor ng Persia, at ang Hari ng Abyssinia. Kung ang mensahe ni Propeta Muhammad ﷺ ay hindi para sa buong sangkatauhan, hindi niya aanyayahan ang mga pinuno ng iba't ibang kaharian na malapit sa Arabia upang tanggapin ang pananampalatayang Islam. Hindi ba ito'y maaaring maging sanhi ng posibleng pagsisimula ng labanan mula sa higit sa isang kaaway na puno ng sandata at marami sa bilang? Bakit niya (Muhammad ﷺ) gagawin ang mga bagay na ito, kung hindi ito nagmula sa Diyos – ang Allah, na nagpadala ng banal na Mensahe, at iniutos sa kanya upang ipahayag sa buong sangkatauhan!

Sinabi ng Sugo ﷺ: "Ang bagay na ito (pananampalatayang Islam) ay magiging malinaw na katulad ng gabi at araw. Ang bawa't tao sa lungsod o lugar ng disyerto ay malalaman ang tungkol sa relihiyong ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan o kahihiyan. Ang kapangyarihan na kung saan ang Islam ay binigyang dangal, at kahihiyan na kung saan ang Allah ay dinulutan ng kahihiyan ang mga di-mananampalataya." (Ahmad)



*Ang pagkakasalin:*
*Sisimulan ko sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin. Mula kay Muhammad bin Abdullah, ang Sugo ﷺ ng Allah, Para kay Moqoqas ang Pinuno ng mga Kristiyano sa Ehipto. Ang kapayapaan ay sumakanya sa sinmang sumusunod sa patnubay. Inaayayahan kita sa Islam. Tanggapin ang Islam at ikaw ay maliligtas. Igagawad sa iyo ng Allah ang iyong gantimpala nang dalawang ulit. Kung tatanggihan mo ang mensahe ng Allah, babalikatin mo ang mga kasalanan ng iyong mga tagasunod. Sabihin: "O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa amin at sa inyo, na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, na huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, na wala tayong ituturing ng iba pa bilang mga Panginoon bukod sa Allah. Pagkaraan nito, kung sila man ay magsitalikod, inyong sabihin (sa kanila): "Kayo ay saksi na kami ay mga Muslim (mga taong sumuko at tumalima sa Allah)." (Al-Imran 3:64)*



*Ang pagkakasalin:*
*Sisimulan ko sa Ngalan ng Allah, ang Mapagpala, ang Mahabagin. Mula kay Muhammad bin Abdullah, ang Sugo ﷺ ng Allah, Para kay Heraclius ang Emperador ng Roma (siya ang Emperador ng Byzantine Empire [610-641] na siyang sumakop sa Syria, Palestine, at Egypto mula sa Persia [613-628]). Ang kapayapaan ay sumakanya sa sinumang sumusunod sa patnubay. Inaanyayahan kita sa Islam. Tanggapin ang Islam at ikaw ay maliligtas. Igagawad sa iyo ng Allah ang iyong gantimpala ng dalawang ulit. Kung tatanggihan mo ang mensahe ng Allah, babalikatin mo ang mga kasalanan ng iyong mga tagasunod. Sabihin: "O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita na sadyang makatarungan sa amin at sa inyo, na wala tayong dapat sambahin maliban sa Allah, na huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, na wala tayong ituturing ng iba pa bilang mga Panginoon bukod sa Allah. Pagkaraan nito, kung sila man ay magsitalikod, inyong sabihin (sa kanila): "Kayo ay saksi na kami ay mga Muslim (mga taong sumuko at tumalima sa Allah)." (Al-Imran 3:64)*

## Pagwawakas

Ang Islam, isang Banal na Relihiyon, ay sadyang ganap sa lahat ng aspeto. Ito ang saligang-batas para makamtan ang maligayang buhay sa mundong ito, at matamo ang walang-hanggan at walang-katapusang kagalakan sa Kabilang Buhay. Maaaring makatagpo kayo ng ilang mga Muslim na gumagawa ng lihis at masama sa kanilang sarili o sa iba, subali't dapat malaman na ang Islam ay walang kinalaman sa ganitong mga kamalian. Ito marahil ay sanhi ng kanilang kakulangan sa kaalaman sa kanilang relihiyon o kahinaan sa kanilang pananampalataya na siyang nagtutulak sa kanila upang gawin ang anumang inyong nakikita. Kaya huwag husgahan ang Islam ayon sa anumang inyong maaaring maranasan sa ilan sa mga tagasunod nito. Nawa'y magsilbing susi ang maikling babasahing ito bilang pasimula ng inyong pananaliksik sa katotohanan, nguni't kailangang lakipan ng mga sumusunod na katangian:



**1.) Dapat maging bukas ang isipan at iwaksi ang anumang pagkiling sa relihiyon.**

**2.) Dapat magkaroon ng matapat na pagnanais na matamo at malaman ang katotohanan at huwag ituon ang kaisipan sa paghahanap ng mga kapintasan.**

**3.) Dapat mag-isip nang malaya at huwag maghusga dahil lamang sa narinig na paghuhusga ng iba.**

Ang lahat ng pagpupuri ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng mga Daigdig.

Nawa'y itampok ng Allah ang pagbanggit sa Kanyang Propeta na si Muhammad ﷺ at sa kanyang pamilya at iligtas siya sa anumang paninira. Kung nais ninyong magkaroon ng karagdagang impormasyon, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin.

## Paano Maging Isang Muslim?

Upang maging isang Muslim, hindi kailangan ang pagganap ng mga partikular na ritwal o kaugalian, saan man o kanino man ito gaganapin. Ito ay sa dahilang sa Islam, ang isang tao ay may tuwirang ugnayan sa kanyang Panginoon nang walang tagapamagitan. Sa paniniwala at pagbibigay-saksi na walang tunay na diyos na karapat-dapat sambahin maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang Sugo at alipin, ang sinuman ay magiging Muslim. Sa kanyang matapat na pagsambit sa pangungusap na ito, ang nakaraan niyang mga kasalanan ay patatawarin ng Allah. Sinabi ng Allah: ﴾**...maliban sa mga nagsisisi at gumagawa ng mabubuti, para sa kanila'y papalitan ng Allah ang kanilang mga kasalanan ng mga kabutihan. At ang Allah ay Lagi nang Mapagpatawad, ang Mahabagin.**﴿ (25:70)



Magsisimula ka ng bagong buhay bilang isang Muslim, isang sumusuko sa kalooban ng Allah.

Hinggil sa mga di-Muslim na yumakap sa Islam, makakamtan nila ang dobleng gantimpala dahil sa kanilang paniniwala sa kanilang mga Sugo at gayundin sa kanilang paniniwala kay Propeta Muhammad ﷺ. Sinabi ng Allah: ﴾**Sa kanila na Aming ibinigay ang Kasulatan (Torah at Ebanghelyo, atbp.) bago pa ito (Qur'an) at naniwala rito, at kapag ito ay binabasa sa kanila, sila'y nagsasabi: 'Naniniwala kami rito. Katotohanan ito ay mula sa aming Panginoon. Tunay, kahit bago pa dumating ito kami ay kabilang sa mga sumusuko sa kalooban ng Allah sa Islam bilang mga Muslims.' Sa kanila'y ibibigay ang gantimpala ng dalawang beses sapagka't sila'y matiisin at itinataboy ang kasamaan (sa pamamagitan ng paggawa) ng kabutihan, at gumugugol (sa kawanggawa) mula sa Aming ipinagkaloob sa kanila.** ﴿ (28:52-54)

Karagdagan dito, pinapawi ng Allah ang lahat ng kasalanan na kanilang nagawa bago nila tinanggap ang Islam. Sinabi ng Propeta ﷺ .
"Pinapawi ng Islam ang lahat (ng kasalanang nagawa) bago ito." (Muslim).

# Sanggunian


1. Si W. Montgomery Watt ay isang *Scottish Orientalist.*
2. The Genuine Islam Vol. 1, no. 8, 1936.
3. Si Annie Besant ay isang Ingles na *theosophist*, pilosopo, at isang taong kilala sa politika na nagtaguyod sa *home rule* at reforma sa edukasyon sa India.
4. *Ruboobiyah:* Ito ay patotoo na mayroong Diyos – Allah. Siya ang Lumikha ng sandaigdigan. Siya ang Nagmamay-ari nito, ang Tagapamahala nito, at Siya ang Nag-aayos sa lahat ng bagay. Siya ang Nag-iisang Nakapangyayari ng lahat; walang anumang mananatili malibang Kanyang pahintulutan, at walang anumang magaganap malibang Kanyang naisin.
5. *Uloohiyah:* Ito ay patotoo na ang Allah ang Nag-iisang Tunay na Diyos. Siya lamang ang karapat-dapat sambahin, at ang lahat ng gawaing pagsamba ay dapat lamang iukol sa Kanya.
6. *Attributes:* Ito ang panniniwala sa mga pagkabukod-tangi ng Kanyang mga Pangalan at mga Katangian, at ang lahat ng mga magagandang Pangalan at mga Katangian ay sa Allah lamang, at Siya ay malaya sa anumang kakulangan.
7. Charles Homer Hanskins, 1870-1937, isang Amerikanong manunulat ng kasaysayan, isang dalubhasa sa *Medieval History*.
8. William H. Allen, *Dictionary of Technical Terms of Aerospace,* Unang limbag.
9. *Speeches Delivered in India* at London 1890, p.24
10. *Emotion as the Basis of Civilization*, London, 1928, pp.265, 269
11. *Islam – Her Moral and Spiritual Value*, London, 1927, pp.20-21
12. *Heroes, Hero – Worship and the Heroic History*
13. G. Lemaître (1927). *Un Univers homogéne de masse constante et de rayon croissant rendant compte de la vitesse radiale des nébuleuses extragalactiques.* Annals of the Scientific Society of Brussels 47A:41. Isinalin noong 1931. *A Homogeneous universe of contant mass and growing radius accounting for the radial velocity of extragalactic nebulae. Monthly Notices of the Royal Astronomical Society 91: 483-490. Astronomy and Cosmonogy,* Sir James H. Jeans, p.15
14. *Astronomy and Cosmonogy*, Sir James H. Jeans, p.15
15. V. Slipher, isang sanaysay na iniharap sa *American Astronomical Society* (1915).
16. Edwin Hubble (1929). *A relation between distance and radial velocity among extra-galactic nebuae*. Proc. National Academy Science. 15:168-173.

17. *Weak nucleon energy:* Anumang uri ng maliit na butil *(particles)*, katulad ng *photon, pion, o alpha particle,* na may ***zero o integral spin*** at sumusunod sa *statistical rules* na pinahihintulutan ang kahit na anong bilang ng *identical particles* upang sakupin din ang *quantum state*.
18. Dr. Zaghlool An-nadjaar, *As-samaa (The Sky).*
19. *Galaxies and Stars*. Para sa karagdagang kaalaman tingnan: http://www.esa.int/esaSC/SEM75BS1VED_extreme_0.html
20. *Air Pressure:*Tingnan *ang The Merck Manual, 18th Edition under <altitude sickness>*.
21. Dr. Maurice Bucaille: Siya ay naging pinuno ng *surgical clinic* sa Unibersidad ng Paris.
22. *The Bible, The Qur'an and Science*
23. Si Abdul-Ahad Omar ay isang Muslim mula sa Canada. Siya ay kilala bilang dating Kristiyanong dalubhasa sa teolohiya at isang ministro na yumakap sa pananampalatayang Islam.
24. Si Keith Moore ay kilala sa buong daigdig bilang *embryologist*. Siya rin ang dating presidente ng Canadian Association of Anatomists, Department of Anatomy and Cell Biology, University of Torronto.
25. Si Dr. Gerald C. Goeringer ay isang *course director* at *associate professor* ng *Medical Embryology* sa *Department of Cell Biology, School of Medicine,* Georgetown University, Washington, DC, USA.
26. White, Harvey E. *Modern College Physics*, Van Nostrand 1948.
27. *Oceans*, Elder and Pernetta, p.27, tingnan din sa: *Oceans*, Day, Trevor, pp.46-47
28. *Oceanography*, Gross, p.205
29. Tingnan sa *Earth Science,* Tarbuck, Edward J.; Lutgens, Frederick J. pp.509-525, tingnan din sa *Mountain Meteorology*, Whiteman, David C., pp.100-116.
30. Tingnan sa *The Atmosphere*, Athens, Richard A., John J. Cahir; Alistair B. Fraser, at Hans A. Panofsky, p.269, tingnan sa *The Elements of Meteorology*, Miller at Thompson , pp.141-142, tingnan sa: *Earth Science Today,* Murphy, Brendan; Nance, Damian, p.346.
31. *The Bible, The Qur'an and Science.*
32. *Earth*, Press and Siever, p.435. Tingnan din sa: *Earth Science*, Tarbuck and Lutgens, p.157. Tingnan din sa: *The Geological Concept of Mountains in the Qur'an*, El-Naggar, p.5, gayun din sa; *Earth Science Today,* Murphy, Bren-dan; Nance, Damian. P.107.
33. *The Geological Concept of Mountains in the Qur'an,* El-Naggar, p.5, tingnan din sa; *Mountain Chains from World of Earth Science.*
34. *Towards Understanding Islam p.3.*



# Ang Allah ay nagwika:

Sabihin mo (O Muhammad): "O Angkan ng Kasulatan (Hudyo at Kristiyano): Halina kayo sa isang salita (pangungusap) na sadyang makatarungan sa amin at sa inyo, na huwag tayong sumamba maliban sa Allah, na huwag tayong magtambal ng anuman sa Kanya, at huwag nating itakda ang iba sa atin bilang mga panginoon bukod sa Allah. At kung sila'y tumalikod, inyong sabihin: 'Sumaksi kayo na kami ay mga Muslim (kumikilala at sumasamba sa nag-iisang Allah)'."

(3-64)

Ang Allah ay nagwika:

**﴾Ipakikita Namin sa kanila ang Aming mga Tanda sa buong santinakpan, at maging sa kanilang mga sarili, hanggang sa maging malinaw (hayag) ito sa kanila na ito (ang mensahe ng Islam) ang (sadyang) katotohanan. Hindi pa ba sapat na isaalang-alang ninyo ang inyong Panginoon na Siya ay (Tanging) Saksi sa lahat ng bagay?﴿**

**(Qur'an 41:53)**



## Ang mga Talata mula sa Banal na Qur'an

***Ang Allah ay nagwika:***

﴾Katotohanang ang Allah ay nag-uutos sa inyo na ibalik ang mga ipinagkatiwalang bagay sa nagmamay-ari nito, at kapag kayo ay humatol sa pagitan ng mga tao, kayo ay humatol ng may katarungan. Anong husay ng katuruan na Kanyang ipinagkaloob sa inyo! Katotohanang ang Allah ay Lagi nang Nakakarinig, Ganap na Nakakakita.﴿ 4:58

***Ang Allah ay nagwika:***

﴾O kayong nananampalataya! Iwasan ang labis na sa pagka't sa paghihinala, katotohanang ang ilan sa paghihinala ay kasalanan. At huwag kayong manubok, at huwag gumawa ng paninirang puri sa isa't isa. Nais ba ng isa sa inyo na kainin ang laman ng kanyang patay na kapatid? Tunay ngang kamuhian ninyo ito! Kung gayon, matakot sa Allah, katotohanang ang Allah ay lagi nang tumatanggap ng pagsisisi, Pinakamaawain.﴿ 49:12

***Ang Allah ay nagwika:***

﴾At nagtalaga ang iyong Panginoon na huwag kayong sumamba sa iba maliban sa Kanya, at maging mabuti sa inyong mga magulang. Kung ang isa sa kanila o silang dalawa ay sumapit na sa katandaan, huwag kang magsalita sa kanila ng Uff (isang salita ng kalapastanganan), o kaya ay pagsabihan sila, datapuwa't mangusap sa kanila sa marangal na pamamaraan.﴿ 17:23

**Ang Allah ay nagwika:**

﴾Ang mabuting gawa at masamang gawa ay hindi magkatulad. Iwaksi ang masama sa pamamagitan ng paggawa ng kabutihan. Magkagayon, siya, na sa pagitan mo at pagitan niya ay may hidwaan, maaaring siya ay maging isang matalik na kaibigan.﴿ 41:34

**Ang Allah ay nagwika:**

﴾Katotohanan, ang Allah ay nag-uutos ng katarungan at mabuting pakikitungo (sa kapwa), at pagbibigay (ng tulong) sa malapit na mga kamag-anak, at nagbabawal ng Al-Fahsha (lahat ng masasamang gawa, katulad ng pangangalunya atbp.), at Al-Munkar (lahat ng mga bawal sa batas ng Islam) at Al-Baghi (lahat ng uri ng pagmamaliit at pang-aapi), Kanyang pinaaalalahanan kayo, upang kayo ay makaalaala.﴿ 16:90

**Ang Allah ay nagwika:**

﴾At huwag ninyong kuhanin ang mga ari-arian ng mga ulila maliban na lamang na ito ay inyong pagyamanin, hanggang sa marating niya ang tamang gulang. At tuparin ang bawa't pangako. Katotohanan, ang pangako ay tatanungin. At magbigay ng lubos na sukat kung ito ay iyong susukatin. Timbangin ng tama at matuwid, ito ay makabubuti (kapakipakinabang) sa bandang huli.﴿ 17:34-35



Ang Susi sa

# Pag-unawa sa ISLAM

© Copyright Abdul Rahman Abdul Kareem Al-Sheha

Ang lahat ng karapatan ay nakalaan sa may-akda maliban sa libreng pamamahagi nito nang walang anumang pagdaragdag, pagbabago o pagkaltas sa anumang bahagi ng librito.

Upang magkaroon ng mataas na kalidad sa paglilimbag ng mga sipi, mangyaring makipag-ugnayan sa may-akda para makakuha ng libreng kopya ng computer files ng aklat na ito. Kung kayo ay mayroon mang mga pagwawasto, puna o katanungan hinggil sa lathalaing ito, huwag mag-atubiling ipaalam sa amin sa: Info@thekeytoislam.com.

Ang Website ng Aklat

Mababasa at masisiyahan sa kabuuan ng aklat na ito sa website: www.thekeytoislam.com

Salin sa Wikang Pilipino ni Abdul Malik Marasigan ng CCfNM - Riyadh.
Iniwasto ni Khalid Evaristo ng Islamic Library & Information Office - Philippines

**Ang salin sa aklat na ito sa wikang Pilipino ay hango sa pagkakasalin sa Ingles ni :**
**Abdurrahmaan Murad**

**Ang Aklat sa wikang Ingles ay dumaan sa pagsasaayos at pagwawasto ng mga sumusunod :**
- **Professor Kamal Hassan Ali** (World Languages Multicultural and Gender Studies Director)
- **Dr. Ahmad Turkistani** (Associate Professor at Imam University)
- **Dr. Khider Al-Shibani** (Solid State Physics)
- **Dr. Ibrahim bin Saad Abu Nayyan**
- **Dr. Um Hassan Al-Shareef** (Literature)
- **Dauwd Abu Sulaiman Mavins**
- **Khalid Walter Denston**
- **Abdul-Salaam Abdul-Lateef**
- **Abdulsalaam Schalabi**
- **Annie Torres**